# Ang Bayan Ngayon Compilation

**Ang Bayan**

**December 2023**

*Ang pahayagang **Ang Bayan** ang upisyal na pahayagan ng Partido Komunista ng Pilipinas. Ang AB ay inililimbag ng Komite Sentral ng PKP kada dalawang linggo at lumalabas sa ika-7 at ika-21 ng bawat buwan. Inilalathala ang AB sa orihinal na edisyong Pilipino at may mga salin na edisyon sa English, Bisaya, Hiligaynon, Waray, at Ilocano.*

*Sa harap ng mabilis na nagbabagong sitwasyong pampulitika at pang-ekonomya sa Pilipinas, gayundin sa buong mundo, naglalabas ang pahayagang Ang Bayan ng arawan na mga balita at pagsusuri sa mga susing usapin na kinakaharap ng proletaryo at sambayanang Pilipino, gayundin ng aping mamamayan sa iba't ibang sulok ng mundo. Makikita dito ang pinakahuling mga balita at artikulo ng **Ang Bayan Ngayon**.*

## Table of Contents

CNL, Kaguma, nagpaabot ng suporta sa NDFP sa pagkatawan sa negosasyon sa GRP..............8

Mga manggagawa at kabataan, nagprotesta sa Araw ni Bonifacio..........................................10

Organisador sa Quezon, dinukot ng pwersa ng estado......................................................13

Dalawang bats ng pagsasanay militar, inilunsad ng BHB sa Southern Tagalog.........................14

Kaso laban sa organisador ng manggagawa sa Quezon City, ibinasura..................................15

Laban ng mga manggagawa ng Jollibee sa New Jersey, tagumpay...........................................17

Balangay Eduardo Aquino ng Kabataang Makabayan, itinatag.....................................19

Pangingikil ng 62nd IB ng ₱2,000 sa Negros Occidental, ibinibintang sa BHB.....................20

Sara Duterte, gustong brasuhin ang DoJ kontra ICC........................................................22

Mga bilanggong pulitikal, ikinalugod ang posibilidad ng negosasyong kapayapaan.........24

Mga upisyal ng AFP, kontra sa pagpapalaya sa mga konsultant ng NDFP...............................26

Pagkamatay ng 67-anyos na bilanggong pulitikal sa Cagayan, pananagutan ng rehimeng Marcos ...............................................................28

Pagbubuwag sa NTF-Elcac, muling ipinanawagan....................................................29

Rodrigo Duterte, hindi sumipot sa korte..........31

Sara Duterte, kinastigo sa kontra-kapayapaang tindig..............................................................32

Mababang kasanayan ng mga estudyante, resulta ng pagpapabaya ng estado sa edukasyon ....................................................................35

Mga mamamahayag sa Bicol, ginigipit ng 9th ID ....................................................................37

5 sundalo ng 96th IB, napatay sa kontra-atake ng BHB-Masbate...............................................38

Bai Bibyaon, magiting na lider ng Talaingod Manobo at pambansang minorya, pumanaw na ....................................................................40

Magsasaka, pinagbabaril at pinatay ng 62nd IB ....................................................................42

Mga kasapi ng Partido sa Central Negros, muling nanumpa sa gitna ng operasyong militar ....................................................................44

Mga magsasaka at maralitang Negrosanon, nagpetisyong ipabuwag ang NTF-Elcac...........46

Oplan pinta-oplan dikit, ikinasa ng KM-Quezon ....................................................................47

Deportasyon at panggigipit sa Filipina-Swiss na aktibista, kinundena.......................................49

Magsasaka sa Negros Occidental, inaresto matapos ang palabas na engkwentro ng 94th IB ....................................................................51

Mga manggagawa ng Converge ICT, lumalaban kontra tanggalan.............................................53

Kabataang Makabayan, nag-iglap-protesta sa Metro Manila...................................................55

Linggo ng PLGA, ipinagdiwang sa India..........58

Pandaigdigang Araw ng Karapatang-tao: Panagutin ang rehimeng US-Marcos!..............60

Igalang ang karapatang-tao ng mga rebolusyonaryo—FFPS....................................62

Operasyong haras, ikinasa ng BHB-Southwest Negros kontra sa 15th IB................................64

Pribatisadong serbisyong patubig sa Bulacan, binatikos....................................................66

Mga tsuper sa UP-Diliman, nagtigil-pasada.....67

Nalalapit na phaseout ng dyip, sasalubungin ng pambansang tigil-pasada................................68

Pagpatay sa magsasaka sa Negros Occidental, gustong pagtakpan ng 62nd IB.......................72

Piston to hold nationwide strike as jeepney phaseout deadline nears................................73

3 sundalo ng 20th IB, napatay sa engkwentro sa BHB-Northern Samar....................................77

Kampuhan kontra PUV phaseout, itinayo sa upisina ng LTFRB........................................78

Kaso ng panggigipit laban sa mga manggagawang pangkultura ng Bayan, ibinasura..................................................81

Magsasaka sa Northern Samar, pinatay ng 74th IB............................................................82

Tuluy-tuloy na protesta para sa benepisyo at karapatan, inilunsad ng mga manggagawang pangkalusugan............................................85

Amyenda sa anti-mangingisdang BFAR FAO 264, naigiit...............................................87

Patrol Base ng 62nd IB sa Guihulngan City, pinaputukan ng BHB.....................................89

Taas-singil sa tubig, bunga ng kainutilan ng gubyerno..................................................90

Dedlayn ng 3rd ID sa “pagdurog” sa rebolusyonaryong kilusan sa Negros, muling inusog......................................................92

Piston at Manibela, nagsanib pwersa sa Mendiola..................................................94

Rodrigo Duterte, hindi na naman sumipot sa korte.......................................................97

Mungkahing magbuo ng “national torture prevention body,” suportado ng mga abugado 98

Nagsisinungaling si Gibo Teodoro—NDFP Negotiating Panel......................................100

Unang taon ng pagkamartir ni Ka Joma, ginunita....................................................101

Writ of preliminary injunction kaugnay ng “teroristang” designasyon, dininig ng korte. .104

Bantog na mga Red-tagger na sila Badoy at Celiz, sinampahan ng kasong sibil.................106

Humanitarian mission sa Batangas, iniimbestigahan ang sinasabing “engkwentro” ..................................................................107

Mga drayber ng bus, nagprotesta sa upisina ng LTO.........................................................109

Pag-aaral ng BKP, parangal kay Ka Joma, inilunsad ng BHB-Central Negros.................111

Pagsasampa ng kasong frustrated homicide sa 2 lider-masa sa Cebu, kinundena.....................114

Pagdukot at pagpresentang “surenderi” sa 2 buntis na mandirigma ng BHB, binatikos......116

Raling-iglap, inilunsad ng KM-Southern Tagalog sa UP-Los Baños.........................................118

₱2 alok na dagdag-sahod ng FCF Manufacturing, insulto; mga manggagawa, magwewelga.............................................120

Petisyon kontra PUV phaseout, isinampa ng mga tsuper at opereytor sa Korte Suprema...122

68 mamamahayag na ang napatay sa Gaza...124

Bagong kaso ng pagpaslang ng dating mandirigma sa Sorsogon, naitala..................125

12th IB at 82nd IB, nabigwasan sa 2 engkwentro sa BHB-Central Panay................127

8 bahagi ng kilusang pagwawasto, inilatag ng Partido.......................................................128

Kabataang magsasaka, dinukot ng 62nd IB sa Negros Occidental..........................................130

Mga tsuper sa Davao, nagtigil-pasada laban jeepney phaseout at BRT-Davao.....................131

Paglulunsad ng kilusang pagwawasto para iwaksi ang suhetibismo, ipinanawagan ng PKP sa ika-55 anibersaryo..................................135

Pagtatayo ng Cabacanan Dam sa Ilocos Norte, tinututulan................................................137

Pamaskong-handog ng DOLE sa mga manggagawa: walang taas-sahod sa susunod na taon..........................................................141

Sibilyang may kapansanan sa pag-iisip, pinatay ng 31st DRC sa Iloilo..................................143

2 sibilyan, napatay ng 59th IB sa Batangas...144

5 nabuwal na Pulang mandirigma ng BHB-Batangas, pinarangalan..............................146

Nakakulong na mamamahayag sa Tacloban City, binisita ng NUJP-Leyte........................149

Pag-ipit ng rehimeng US-Marcos sa kapital ng China, inalmahan ng lokal na burgesya-kumprador....................................................150

Sugatang Pulang mandirigma ng BHB-Batangas, ipinanawagang ilitaw....................155

Elemento ng CAFGU, inambus ng BHB-Central Negros.........................................................156

3,000 tsuper, opereytor at komyuter, nagmartsa tungong Mendiola.........................................158

DOTr, LTFRB, pinasasagot ng Korte Suprema sa petisyon ng mga tsuper................................160

## CNL, Kaguma, nagpaabot ng suporta sa NDFP sa pagkatawan sa negosasyon sa GRP

Disyembre 1, 2023

Ipinaabot ng Christians for National Liberation (CNL) at Katipunan ng mga Gurong Makabayan (Kaguma) ang kanilang suporta sa Negotiating Panel ng National Democratic Front of the Philippines (NDFP) sa pagpirma nito sa Oslo Joint Statement katapat ang mga upisyal na sugo ng Gubyerno ng Republika ng Pilipinas noong Nobyembre 23 sa Oslo, Norway. Ang CNL at Kaguma ay parehong alyadong organisasyon ng NDFP.

Ang Oslo Joint Statement ay isang deklarasyon ng balak o paghahangad na muling buksan ang negosasyong pangkapayapaan at buuin ang balangkas kung papaano ito isasagawa.

Maaalalang sinuspinde ni Duterte ang usapang pangkapayapaan noong 2017 nang ideklara niyang “terorista” ang CPP/NPA, kasunod ng pakikipag-usap niya noon kay US President Trump.

Ikinalugod ng lihim na rebolusyonaryong organisasyon ng mga Kristyano ang paunang hakbang na ito. Gayunman, anang CNL, sinusuportahan nila ito nang mayroong “mapagbantay na optimismo at rebolusonaryong sigasig.”

Bahagi umano ng “propetikong gampanin at serbisyo” ng simbahan ang pagtindig kasama ang mga mahihirap at inaaping mamamayan at handa itong “suportahan ang mga pagsisikap na makapaghahatid ng kinakailangang alibyo tulad ng panlipunan at ekonomikong reporma ay kabilang—ngunit tiyak na hindi limitado—sa usapang pangkapayapaan.”

Nalugod din ang mga progresibong samahan ng mga guro, edukador at manggagawa sa edukasyon na kasapi ng Kaguma. Hinikayat ng Kaguma ang mga kapwa guro, mga edukador, mga kabataan at progresibong manggagawa sa edukasyon na magkaisa at magpalawak ng hanay upang suportahan ang pagbabalik ng usapang pangkapayapaan. Dapat umanong magdaos ng mga porum, symposium, panayam sa mga paaralan upang maipaliwanag sa mas malawak na hanay ng mamamayan ang usapang kapayapaan.

Parehong ipinahayag ng mga ito na kinakailangang ipamalas ng GRP ang sinseridad

nito para makasulong ang negosasyon. Anila, mangyayari lamang ito kung ibabasura ang mga dekreto ng dating rehimeng US-Duterte: Memorandum Order 32, Proclamations 360 at 374, pati na ang Executive Order 70, na pawang mga balakid sa kapayapaan.

Dapat din umanong mabuwag ang NTF-Elcac na nagsisilbing mabangis na halimaw na sumasagpang sa maraming aktibista at anay na umuuk-ok sa mga demokratikong institusyon ng bansa. Dagdag nila, mahalaga ring maipawalang bisa ang pagtuturing sa CPP-NPA-NDF bilang mga “teroristang” organisasyon.

Mahalaga ring hakbang, ayon sa CNL at Kaguma, ang pagpapalaya sa aabot sa 800 bilanggong pulitikal lalo na ang mga matatanda, mga kababaihan at may mga sakit. Kabilang din sa giit nilang palayain ang 17 konsultant ng negotiating panel ng NDFP.

Ang Oslo Joint Statement ay isang pangkalahatang deklarasyon kung saan pinagsanib ang mga hangarin ng magkabilang panig: ang paglutas sa “malalalim na nakaugat na sosyo-ekonomiko at pulitikal na mga usapin” at “paglutas sa mga ugat ng armadong tunggalian,” sa panig ng NDFP; at sa kabilang panig, ang “pagtatapos ng armadong pakikibaka” at “transpormasyon ng CPP-NPA-NDFP,” na nilalayon ng GRP.

## Mga manggagawa at kabataan, nagprotesta sa Araw ni Bonifacio

Disyembre 1, 2023

Naglunsad ng protesta ang mga unyon ng manggagawa at grupo ng mga kabataan sa iba't ibang bahagi ng bansa para gunitain ang ika-160 araw ng kapanganakan ni Andres Bonifacio, Ama ng Himagsikang Pilipino, noong Nobyembre 30. Pinangunahan ng Kilusang Mayo Uno ang nagkakaisang hanay ng mga manggagawa habang nagmartsa ang mga kabataan sa pangunguna ng Anakbayan.

Sa Metro Manila, nagtipon ang mga organisasyon sa Kalaw Avenue sa Maynila malapit sa embahada ng US. Dito, itinanghal sa programa ng KMU at Anakbayan si Bonifacio at ang rebolusyong isinulong ng Katipunan na armadong lumaban sa kolonyalismo. Inihambing nila ang paghihimagsik na ito sa kasalukuyang kalagayan ng sambayanang Palestino na armadong lumalaban para itaguyod ang pambansang sariling pagpapasya laban sa Zionistang Israel na suportado ng United States.

Matapos ang programa, nagmartsa sila patungong Mendiola. Sinalubong sila ng Bukluran ng Manggagawang Pilipino (BMP) at iba pang grupo sa Ayala Boulevard kung saan kapit-bisig silang nagmartsa para sa pagtataas ng sahod, pagwaksi sa kontraktwalisasyon, at karapatan sa pag-uunyon. Kinundena rin nila ang anti-mamamayan at mapanupil na patakaran ng rehimeng US-Marcos.

Giit ng Anakbayan, na nagdiwang sa parehong araw ng ika-25 anibersaryo ng pagkakatatag nito, dapat magkaisa ang mga kabataan laban sa "dayuhang pananakop, kawalan ng lupa, at mga

korap, pasista, at pahirap na burukrata tulad ni Marcos Jr at Duterte.”

Sa ibang bahagi ng bansa

Nagsagawa din ng mga pagtitipon at protesta ang mga balangay ng KMU at Anakbayan sa ibang bahagi ng bansa.

Sa Cebu City, nagsama-sama ang mga manggagawa at kabataan sa Fuente Osmeña Circle. Iginiit nila ang karapatan ng mga manggagwa at kasabay na ipinanawagan ang hutisya sa mga inarestong kontra-demolisyong aktibista noong Nobyembre 29 na nagbarikada sa Sityo Casio, Barangay Bankal, Lapu-Lapu City.

Sa Bacolod City, nagtipon ang mga kabataan sa Fountain of Justice para magprotesta. Ipinahayag nila ang pakikiisa sa mamamayang Palestino laban sa Zionistang Israel at imperyalistang US na salot sa masang anakpawis sa buong daigdig. Nanawagan din sila ng hustisya sa mga biktima ng paglabag sa karapatang-tao sa isla ng Negros.

Sa Iloilo City, naglunsad ng porum ang mga kabataan at manggagawa sa University of the Philippines-Visayas. Sinundan ito ng pagtitipon ng iba’t-ibang mga sektor at progresibong organisasyon sa harap ng Bonifacio Shrine sa Timawa, Iloilo City.

Sa Davao City, nagtipon ang mga organisasyon sa Freedom Park, Roxas Street para batikusin ang mga kontra-manggagawang patakaran ng rehimen.

## Organisador sa Quezon, dinukot ng pwersa ng estado

Disyembre 1, 2023

Iniulat ng grupo sa karapatang-tao na Tanggol Quezon ang pagkawala ni Mar Silos, organisador ng mga mangingisda’t magsasaka, sa Barangay Montecillo, Sariaya, Quezon noong Nobyembre 29. Malaki ang hinala ng grupo na mga ahente ng estado ang dumukot sa naturang organisador.

Si Silos ay kasapi ng Pagkakaisa ng mga Magsasaka at Tagapagtaguyod sa Ikalawang Distrito (PAMATID)-Quezon. Kilala siya bilang masugid na tagapagtanggol ng karapatan ng mga mangingisda’t magsasaka sa Gitnang Quezon na inaagawan ng lupa, pangisdaan at panirikan.

Ipinanawagan ng kaanak ni Silos at ng Katipunan ng mga Samahang Magbubukid sa Timog Katagalugan ang ligtas at kagyat na paglilitaw sa kanya. Giit nilang wakasan na ang serye ng dumaraming kaso ng sapilitang pagkawala at igalang ang karapatang-tao.

Sa nagdaang taon, naitala ng Ang Bayan ang 87 na biktima ng pagdukot o isang biktima kada linggo. Sa mga dinukot, 18 ay pinatay ng mga pwersa ng estado. Sa ilalim ng rehimeng US-Marcos, hindi bababa sa 11 na ang mga desaparesido.

Ang mga kaso ng pagdukot ay kinatatangian ng malinaw na intensyon ng estado na sadyang itago

ang biktima at itanggi na nasa kustodiya nila ang mga ito.

## Dalawang bats ng pagsasanay militar, inilunsad ng BHB sa Southern Tagalog

Disyembre 2, 2023

Dalawang iskwad ng mga Pulang mandirigma ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) ang nagtapos sa inilunsad na magkasunod na bats ng mga pagsasanay militar noong Nobyembre sa mga larangang gerilya sa Southern Tagalog. Inilugar ang pagsasanay sa gitna ng focused military operations ng pwersang militar at pulis sa mga larangan sa rehiyon.

Ayon kay Ka Guillen, upisyal pampulitika ng isa sa mga yunit, "Tagumpay ang ating pagsasanay sa kabila ng matinding operasyon ng kaaway. Itinaas natin ang kapasidad at kapasyahan ng mga Pulang mandirigma para labanan at bigwasan ang palalong kaaway."

Saklaw ng pagsasanay ang pag-aaral sa batayang mga taktika at teknika sa indibidwal na paglaban (ICT), pamilyarisasyon sa hawak na mga sandata hanggang aktwal na pagpapaputok ng mga baril. Nagsanay ang mga segundaryo at pangunahing upisyal sa pagkukumand.

Sa pangunguna ng mga upisyal, tiniyak ang organisadong pagkilos sa pamamagitan ng mga maniobra kapwa sa opensiba at depensibang labanan. Nakamit din ang pagpapataas ng antas

ng lakas at resistensya ng bawat mandirigma sa pamamagitan ng arawang ehersisyo.

Tumagal ng 7-10 araw ang mga pagsasanay. Nilahukan ito ng mga pangunahin at segundaryong upisyal ng BHB, mga mandirigma, pati ng mga pwersa ng milisyang bayan (MB).

Ayon kay Ka Noe, kabataang MB na sumanib sa BHB, "Ikinatuwa kong nakalahok ako sa treyning para masanay at maihanda ang aking katawan at isip sa digma. Pursigido rin akong isulong ang armadong pakikibaka sa ating bayan."

Ang pagsasanay ay higit na nagpatibay sa tulungan at samahan (camaraderie) ng bawat kasapi ng yunit ng BHB. Pagtatapos ni Ka Guillen, "Nakatitiyak tayong higit na mapapagtibay ang ating pagkakaisa habang koordinado tayong humahakbang pasulong sa ating pakikibaka."

## Kaso laban sa organisador ng manggagawa sa Quezon City, ibinasura

Disyembre 2, 2023

Ibinasura ng isang korte sa San Mateo Rizal ang kasong frustrated homicide laban sa organisador ng manggagawa na si Benjamin Cordero noong Nobyembre 29. Inaresto si Cordero noong Oktubre 25, 2022 sa kanyang tinutuluyan sa Quezon City at nakalaya rin matapos magpyansa.

Si Cordero ay lider ng Samahan ng Manggagawa sa Quezon City at tumatayong pinuno sa kampanya ng grupong Defend Jobs Philippines.

Dati siyang mag-aaral sa Polytechnic University of the Philippines.

Sa pahayag ng Defend Jobs, ibinasura ang kaso laban kay Cordero dahil sa ilang ulit na hindi pagsipot sa mga pagdinig ng mga nagreklamo laban sa kanya. Anang grupo, “ang mga kaso laban sa kanya ay malinaw na pulitikal, na layong patahimikin siya at sindakin ang iba pang mga aktibista sa kilusang paggawa.”

“Doon sa apat na pagdinig na iyon ay hindi kailanman dumalo ‘yung mga nag file ng kaso o ‘yung mga complainant,” pahayag ni Cordero sa panayam sa pahayagang Manila Today.

Naniniwala ang Defend Jobs na bahagi ito ng isang “mas malawak na padron ng panghaharas at pang-uusig na kinahaharap ng mga indibidwal at organisasyong nangangahas na hamunin ang mga patakaran ng gubyerno sa karapatan sa paggawa.”

Samantala, ibinahagi ni Cordero na pinag-uusapan pa nila ng kanyang abugado kung ano ang akmang hakbang at kontra-asuntong maaaring isampa sa mga umarestong pulis.

“Pinag-uusapan namin yan ng abogado kung magsasampa ng kontra-asunto pero dahil provisional yung dismissal na in-approve, aantayin namin matapos ang kaso bago mag-file ng countercharges,“ paliwanag ni Cordero.

## Laban ng mga manggagawa ng Jollibee sa New Jersey, tagumpay

Disyembre 2, 2023

Matapos ang ilang buwang paggigiit, nagtagumpay ang siyam na manggagawa ng Jollibee Food Corporation sa Jollibee Journal Square sa Jersey City, New Jersey, sa US sa kanilang laban matapos iligal na tanggalin noong Pebrero. Makatatanggap ang siyam ng $84,600 (sa anyo ng back pay o sweldo sa panahong sila’y iligal na sinisante at bayad pinsala). Apat sa tinanggal ay ibabalik sa trabaho. Magpapadala rin ang maneydsment ng pormal na sulat ng paghingi ng paumanhin na kinikilala ang iligal na pagtanggal sa kanila at pagsikil sa kanilang karapatang mag-organisa.

Inilabas ng National Labor Relation Board (NLRB) ng US ang naturang desisyon laban sa Honeybee Food Corporation, kumpanya ng Jollibee Foods Corporation sa North America. Inihain ng mga manggagawa ang pormal na reklamo sa NLRB noong Agosto 24.

Sinimulan ng mga sinisanteng manggagawa ang kanilang paglaban noong Hulyo 6 matapos maghain ng reklamo sa restawran at maglunsad ng sunud-sunod na mga protesta. Itinatag nila noon ang kampanyang Justice for Jollibee Workers. Nakatanggap din sila ng pakikiisa at suporta mula sa mga komunidad ng New York, New Jersey, at Seattle.

Ang siyam ay tinanggal matapos manguna sa isang petisyong kontra sa mababang pasahod at sobra-sobrang trabaho. Giit nila noon na gawing $17 kada oras ang kanilang sahod (mula $14) at maayos na kalagayan sa paggawa. Ang sahod na ito ay lubhang mababa kumpara sa cost of living (kailangan para mabuhay) sa US. Umani ng 90% suporta mula sa mga kapwa manggagawa ang kanilang petisyon ngunit bago pa maihapag sa maneydsment ay tinanggal na sila.

"Naging susi ang pagkakaisa para maipanalo ang kampanyang ito. Ipinakita ng tagumpay na ito na kahit ang malalaking mga korporasyon tulad ng Jollibee ay kayang talunin. Ibig sabihin lamang na hindi dapat matakot ang mga manggagawa na ipaglaban ang kanilang batayang mga karapatan sa paggawa," ayon kay Mary Kirsten T., isa sa mga tinanggal.

Nagalak ang mga manggagawa sa desisyon dahil sa wakas ay nakamtan nila ang hustisya. Ayon pa sa isa sa mga tinanggal, napakahalaga ng tagumpay na ito laluna para sa mga nagtatrabaho sa fastfood na restawran.

Noong 2022, nakapagtala ng netong kita ang Jollibee Food Corporation, na pag-aari ni Tony Tan Caktiong, ng ₱7.56 bilyon. Mas mataas ito nang 19.4% kumpara sa netong kita ng kumpanya bago magpandemya. Si Caktiong ay ika-7 sa pinakamayayamang Pilipino sa bansa. Liban sa Jollibee, pag-aari rin ng kumpanya ang Mang Inasal, Chowking, Coffee Bean and Tea Leaf at Smashburger. Mayroon itong 6,480 iba't ibang klaseng restawran sa buong mundo. Balak nitong

magdagdag ng hanggang 600 pang restawran ngayong taon, mas marami sa 542 na binuksan nito noong 2022.

Ang Jollibee ay kabilang sa nangungunang 20 kumpanyang nag-eempleyo ng mga kontraktwal na manggagawa. Mayroon itong 1,150 restawran sa Pilipinas at 234 sa labas ng bansa.

## Balangay Eduardo Aquino ng Kabataang Makabayan, itinatag

Disyembre 3, 2023

Inianunsyo ng Kabataang Makabayan (KM) sa University of the Philippines-Manila ang pagkakatatag ng balangay nitong tinaguriang KM-Eduardo Aquino noong Nobyembre 30. Ipinabatid ito ng grupo sa isang ipinaskil na pahayag sa College of Arts and Sciences sa unibersidad.

Anang balangay, dahil sa kaliwa't kanang krisis pampulitika at ekonomya, tinatawag ang mga kabataan ng Inang Bayan upang buong-pusong tumanggap ng mas malaking responsibilidad para wakasan ang mga ito. "Bilang tugon, taas-kamao naming ipinapahayag ang pagkatatag ng panibagong balangay na Kabataang Makabayan-Eduardo Aquino," pahayag ng grupo.

Mahalaga ang tungkulin ng kabataan sa militanteng pakikibaka kasama ng mga sektor ng manggagawa't magsasaka laban sa imperyalismo, pyudalismo, at burukrata-kapitalismo, pahayag ng balangay.

Ipinangalan ng mga kasapi nito ang balangay sa martir na si Eduardo Aquino. Namulat si Aquino, na tubong Pangasinan, sa mga anti-imperyalistang pagkilos noong panahon ng Vietnam War sa UP Diliman. Naging kasapi siya ng Sigma Kappa Pi, isang kapatirang lumahok sa malawak na pakikibakang masa. Nagsilbing mga "yunit pandepensa" ang mga kasapi nito sa panahon ng mga gitgitan at pukpukang rali kontra sa mga pwersa ng estado. Kalaunan, naging bahagi siya ng mga kabataang nag-organisa sa hanay ng masang anakpawis sa Mindanao at Tarlac.

Pinarangalan ng balangay si Aquino at pinuri ang kanyang pagtangan ng armas laban sa pasistang rehimeng Marcos. "Sa kabila ng pasismo sa panahon ng batas militar, ipinagpatuloy niya ang kanyang pakikipaglaban hanggang sa kanyang huling hininga," anito.

Panata ng balangay na palalakasin nito ang alab ng diwang makabayan mula sa mga silid-aralan hanggang sa kanayunan. "Buong tapang na ipagpapatuloy natin ang sinimulang laban nina Bonifacio mula sa lumang tipo, at ni Aquino mula sa bagong tipo.".

## Pangingikil ng 62nd IB ng ₱2,000 sa Negros Occidental, ibinibintang sa BHB

Disyembre 3, 2023

Desperadong ibinibintang ng mga sundalo ng 62nd IB sa Bagong Hukbong Bayan (BHB)-Central Negros ang pangingikil ng mga sundalo ng ₱2,000 kay Bitoy Garsula sa Sityo Patag, Barangay

Riverside, Isabela, Negros Occidental noong Nobyembre 23. Ginamit ng mga bulaang sundalo ang pangalan ng hukbong bayan para mangikil.

Hindi pa nakuntento, sapilitan pang pinasok at hinalughog ng 62nd IB ang bahay ng pamilyang Garsula. Ninakaw ng mga sundalo ang ilang kagamitan ng pamilya at natitira nilang pera.

Binatikos ni Ka JB Regalado, tagapagsalita ng BHB-Central Negros, ang 62nd IB sa ginagawang pagnanakaw at pangingikil sa mga magsasaka sa Central Negros.

Naiulat din ang ibang kaso ng paglabag sa karapatang-tao sa ibang bahagi ng Negros Occidental sa nagdaang linggo.

Sa La Castellana, binugbog ng 62nd IB sa magsasakang si Don-don Dandoy sa Sityo Buragwak, Barangay Manghanoy noong Nobyembre 29. Halos hindi makatayo ang biktima dahil dito. Sapilitan namang pinasok ng mga sundalo ang bahay ng senior citizen at magsasakang si Junior Mohaya sa Sityo Mandayao-4, Barangay Kamandag.

Nagkampo din ang mga sundalo sa barangay hall ng Barangay Mansalanao noong Nobyembre 27 habang nakahimpil simula Disyembre 3 ang isa pang yunit ng 62nd IB sa Purok 7 malapit sa eskwelahan sa Barangay Cabacungan. Ang mga aksyong ito ay labag sa internasyunal na makataong batas kaugnay sa paggamit ng mga sibilyang imprastruktura para sa mga layuning militar.

Sa Canlaon City, sapilitang pinasok ng 62nd IB ang bahay ng mga residente sa Barangay Budlasan noong huling linggo ng Nobyembre.

Sa Guihulngan City, kinampuhan ng yunit ng 62nd IB ang mga eskwelahan at bahay ng magsasaka sa mga barangay ng Basak, Tacpao, Bulado at Binubuhan noong Nobyembre 24-27.

## Sara Duterte, gustong brasuhin ang DoJ kontra ICC

Disyembre 3, 2023

Nagsumite ng sulat si Bise Presidente Sara Duterte sa Department of Justice para ipahayag ang sinasabi niyang "balido" na mga argumento laban sa pakikipagtulungan ng ahensya at bansa sa International Criminal Court (ICC). Kinumpirma ito ng DoJ mismo noong Disyembre 1.

Ayon sa tagapagsalita ng DoJ na si Mico Clavano, namumutiktik ang sulat ng "ligal na mga diskusyon at argumento" kung bakit hindi dapat pahintulutan ang pagpasok ng ICC sa bansa. Gustong kontrahin ni Duterte ang imbestigasyon ng ICC sa dating administrasyon ng amang si Rodrigo Duterte kaugnay ng madugong gera kontra-droga nito na pumatay sa tinatayang 30,000 at iba pang mga krimen sa sangkatauhan.

Aligagang nagtatanggol at kumikilos ngayon ang nakababatang Duterte para ipagtanggol ang kanyang ama matapos ang pag-apruba noong Nobyembre 29 ng mga komite sa hustisya at sa karapatang-tao ng Kongreso sa resolusyon na

nagtutulak sa gubyerno ni Ferdinand Marcos Jr na makipagtulungan sa imbestigasyon ng ICC.

Pinagsanib sa isang resolusyon ang borador na inihapag ng grupong Makabayan noong Oktubre 17 at ni Rep. Edcel Lagman noong Nobyembre 21. Nagharap sa pagdinig si dating Rep. Neri Colmenares, nagsisilbing abugado ng mga pamilyang nagsampa ng kaso sa ICC, at Menardo Guevarra, kasalukuyang solicitor general at kalihim sa hustisya ng dating rehimeng Duterte.

Noong Hulyo, naibalita na kabilang sa mga napangalanan sa kaso si Sara Duterte, sina Sen. Christopher Lawrence "Bong" Go (binanggit ng 70 beses), at si Sen. Ronald "Bato" Dela Rosa (binanggit ng 90 beses) sa mga dokumentong isinumite sa ICC kaugnay ng naturang imbestigasyon. Dahil dito, posibleng maipatawag ang tatlo para humarap sa mga huwes ng ICC.

Nakasaad sa naturang mga dokumento na "may kaalaman" at "nag-apruba" ang nakababatang Duterte sa mga pagpaslang nang siya ay meyor ng Davao City mula 2010 hanggang 2013, at mula 2016 hanggang 2022. Naging kahalili siya ng kanyang ama sa poder at itinuloy niya ang mga patakaran nito sa syudad.

Ani Clavanno, "isasaalang-alang" ng DOJ ang mga isinumite ni Duterte kaugnay ng pag-aaral sa ICC at sa posibleng muling pagsali dito ng Pilipinas.

Nauna nang nagsabi si Marcos Jr na "pinag-aaralan" ng kanyang gubyerno ang posibilidad ng muling pagbabalik ng bansa sa ICC. Pero kasabay

nito, itinatanggi niyang sasaklawin ng ICC ang "gera kontra-droga" ni Duterte.

Bahagi ang pagdadalawang-mukha ni Marcos ng tumitinding hidwaan sa pagitan ng kanyang pangkatin at ng pangkating Duterte.

## Mga bilanggong pulitikal, ikinalugod ang posibilidad ng negosasyong kapayapaan

Disyembre 4, 2023

Ikinalugod ng mga bilanggong pulitikal ng Pilipinas ang posibilidad ng panunumbalik ng negosasyong pangkapayapaan sa pagitan ng National Democratic Front of the Philippines (NDFP) at Gubyerno ng Republika ng Pilipinas (GRP). Umaabot sa 800 ang bilang ng mga bilanggong pulitikal sa bansa.

"Bubuksan kaya ang pintuan ng mga kulungan para sa mga nakapiit sa muling pagbubukas ng usapang pangkapayapaan?" pagtatanong ng grupong Kapatid. Anim na taon na mula nang makaisang-panig na winakasan ng dating rehimeng US-Duterte ang negosasyong pangkapayapaan at pinakawalan ang kanyang mga berdugo para patayin, arestuhin at matagalang ikulong ang mga konsultant sa kapayapaan, progresibo at aktibista.

"Nakikiisa kami sa kapwa mga bilanggong pulitikal, konsultant sa kapayapaan at lahat ng mga Pilipinong nagmamahal sa kapayapaan sa pagtanggap sa pagbabalik ng GRP at NDFP sa

negosasyon. Pinagtitibay ng Oslo Joint Statement ang pangangailangang tugunan ang panlipunan, ekonomiko at pulitikal na mga ugat ng armadong tunggalian sa pambansang antas para makamtan ang makatarungan at matagalang kapayapaan," pahayag ng mga bilanggong pulitikal.

Suportado din ng grupo ang panawagan ng NDFP na garantiyahan ang kaligtasan at bigyan ng immunity ang mga kalahok sa negosasyon, kagyat na pagpapalaya sa mga nakadetineng konsultant sa kapayapaan, at sa pangkalahatan, ang walang kundisyon at omnibus na pagpapalaya sa lahat ng mga bilanggong pulitikal.

Samantala, binatikos nila ang inilabas na Proclamation 404 ni Marcos Jr na nagkakaloob ng bogus na amnestiya sa mga dating kasapi ng CPP-NPA-NDFP. Anila, "lubha itong disbentahe sa target na mga aplikante o deklaradong benepisyaryo" kaya sa halip dapat na lamang itong talakayin at maging bahagi sa adyenda sa paparating na negosasyon.

Pumirma sa naturang pahayag ang mga konsultant sa kapayapaan na sina Rey Casambre, Reynante Gamara, Vicente Ladlad at Adelberto Silva. Kasalukuyan silang nakapiit sa Metro Manila District Jail Annex 4 (MMDJ-4) sa Bicutan, Taguig City. Kasama ding pumirma sa pahayag ang mga bilanggong lider-masa na sina Rene Atadero, Joel Demate, Edisel Legaspi, Maojo Maga, Jude Rimando at 16 pang iba sa MMDJ-4.

## Mga upisyal ng AFP, kontra sa pagpapalaya sa mga konsultant ng NDFP

Disyembre 4, 2023

Ilang araw matapos magkahiwalay na inianunsyo ng National Democratic Front of the Philippines (NDFP) at Gubyerno ng Republika ng Pilipinas (GRP) ang pagpirma ng kanilang mga kinatawan sa Oslo Joint Statement, sunud-sunod ang bwelta ng mga upisyal ng Armed Forces of the Philippines (AFP) at mga retiradong heneral na nasa gabinete ng rehimeng Marcos laban sa mga mungkahi ng NDFP na palayain ang mga konsultant nito, pagtatanggal sa "teroristang" designasyon at iba pang praktikal na usapin.

Lantarang kinontra ni National Security Adviser Ret. Gen. Eduardo Año ang mungkahi ng NDFP at mga demokratikong organisasyon na palayain ang mga nakabilanggong konsultant ng NDFP at iba pang bilanggong pulitikal kaugnay ng muling pagbubukas ng negosasyong kapayapaan.

Iginiit rin niya na mananatili ang "teroristang designasyon" laban sa NDFP, sa Partido Komunista ng Pilipinas (PKP), at Bagong Hukbong Bayan (BHB) hanggang makamtan ang isang tinatawag nitong "pinal na kasunduang pangkapayapaan."

Wala rin umanong dahilan para sa suspensyon sa mga operasyong militar at tigil-putukan sa darating na kapaskuhan. Ganito rin ang tono ng AFP kung saan idiniin ni Gen. Romeo Brawner na

magpapatuloy ang “operational tempo” nito kontra sa BHB, na karaniwang nangangahulugan ng tahasang pag-atake sa mga sibilyang magsasaka sa kanayunan.

Samantala, sinabi naman ni Ret. Gen. Carlito G. Galvez Jr, tagapayo sa kapayapaan ng rehimeng Marcos, na “hindi dapat magtakda ng mga pre-kundisyon” na sinabi nitong makasasagka sa pag-usad ng usapang pangkapayapaan.

Nauna nang inilinaw ng lupon sa negosasyon ng NDFP na ang kanilang mga mungkahi at isyung inihahapag ay hindi mga “pre-kundisyon,” katawagang ipinagpipilitan ng mga upisyal ng GRP, kundi mga bagay na kailangang talakayin kaugnay ng pagpapatuloy ng usapang pangkapayapaan.

Malinaw namang sinuportahan ni Ka Marco Valbuena, punong upisyal sa impormasyon ng PKP, ang lupon sa negosasyon ng NDFP. Aniya, “ang mga usaping ito ay praktikal na mga isyu, na kung hindi matutugunan, ay gagawing labis na mahirap kahit na isipin lamang kung paanong uusad ang usapang pangkapayapaan.”

Pagtatanong pa ni Valbuena, “gusto lang ba ni Galvez na gawing simpleng usapan ng “pagpapasuko” ang usapang pangkapayapaan?” Dahil kung kapitulasyon lamang ang tanging nais ni Galvez at ng AFP, dapat umano nilang malaman na “hindi ito mangyayari.”

## Pagkamatay ng 67-anyos na bilanggong pulitikal sa Cagayan, pananagutan ng rehimeng Marcos

Disyembre 4, 2023

Isinisi ng National Democratic Front (NDF)-Cagayan Valley sa rehimeng Marcos ang pagkamatay ng 67-anyos na bilanggong pulitikal na si Cristeta Miguel sa sakit na kanser sa baga noong Nobyembre 20. Namatay siya sa loob ng kulungan ng Bureau of Jail Management and Penology (BJMP) sa Tuguegarao City nang walang hustisya laban sa hindi makatarungang pag-aresto sa kanya.

Inaresto si Miguel, kasama si Violeta Ricardo, noong Oktubre 8, 2019 sa Gattaran, Cagayan. Pinararatangan silang mga matataas na kasapi ng rebolusyonaryong kilusan sa prubinsya. Sinampahan siya ng 36 na kaso, kung saan 31 na ang ibinasura ng mga korte bago siya pumanaw.

Bago pa makulong, mayroon nang mga sakit si Miguel dulot ng katandaan. Lalong sumama ang kanyang kalusugan sa kulungan nang dapuan ng sakit na Covid-19 na kalaunan ay naging pneumonia noong nakaraang taon. Sa kulungan, ilang ulit siyang nawalan ng malay dahil sa kahirapan sa paghinga. Na-diagnose siyang may kanser sa kalaunan. Liban sa di makatarungang pagkakakulong, pinalubha ang kanyang kalagayan ng kawalan ng angkop na atensyong medikal sa loob ng BJMP.

“Sa kabila ng mga panawagan at apela ng kanyang abugado at grupo ng mga tagapagtaguyod ng karapatang-tao na palayain at agaran siyang ipagamot, ipinagkait ito ng korte, kahit pa marami nang naibasura sa mga kasong isinampa sa kanya,” pahayag ni Salvador del Pueblo, tagapagsalita ng NDF-Cagayan Valley.

Ayon kay Ka Salvador, hindi naiiba ang kalagayan ni Miguel sa kalagayan ng marami pang detenidong pulitikal na kalakhan ay matatanda at may iniindang mga sakit. Sa huling tala ng Karapatan, 98 sa 795 bilanggong pulitikal ang maysakit habang 78 ang matatanda.

“Ang pagkakait sa kanila ng karapatang-medikal ay hindi makataong pagtrato at tahasang paglabag sa mga batayang karapatan ng isang detenido at lalo na bilang tao,” dagdag pa ni Ka Salvador.

Si Miguel ay tubong Abariongan Uneg, Sto Niño, Cagayan na inilaan ang kanyang buhay sa pagmumulat at pag-oorganisa sa mga mahihirap na mga magsasaka at mga katutubong Aggay sa Cagayan Valley mula pa noong batas militar.

## Pagbubuwag sa NTF-Elcac, muling ipinanawagan

Disyembre 5, 2023

Naglunsad ng protesta ang mga grupo sa karapatang-tao sa Quezon City noong Disyembre 4 para ipanawagan ang pagbubuwag sa National Task Force (NTF)-Elcac at pagpapatigil sa

kampanyang teror at pambobomba ng AFP sa kanayunan. Isinagawa ang pagkilos kasabay ng ika-5 anibersaryo ng paglalabas ng dating rehimeng Duterte sa Executive Order No. 70 na nagbuo sa NTF-Elcac. Pinamunuan ang protesta ng grupong Karapatan.

Lumahok dito ang mga grupo ng pambansang minorya, magsasaka, tagapagtanggol ng kalikasan at taong-simbahan—mga sektor na pangunahing target ng karahasan at panggigipit ng NTF-Elcac.

Ayon sa mga grupo, dapat wakasan ang malawakang militarisasyon sa kanayunan na isinasagawa ng mga yunit ng militar. Sinasaklot ng AFP ang mga komunidad ng magsasaka sa ngalan ng kampanyang kontra-insurhensya na nagdudulot ng samutsaring paglabag sa karapatang-tao.

Kinokontrol din ng militar ang iba't ibang mga ahensya ng gubyerno, mula antas-pambansa hanggang barangay, sa pamamagitan ng NTF-Elcac. "Iginigiit namin ang abolisyon sa NTF-Elcac bilang pangunahing makinarya ng gubyernong Marcos na nagpapatupad ng mga paglabag na ito at iba pang mga porma ng pampulitikang panunupil," pahayag ni Cristina Palabay, pangkalahatang kalihim ng Karapatan.

Giit ng mga nagprotesta, dapat ding wakasan ng rehimen ang malawakang aerial bombing, panganganyon at pag-istraping malapit sa komunidad ng mga sibilyan at sa kagubatan.

“Ang mga pambobombang ito ay lantarang paglabag sa internasyunal na makataong batas na pumuprotekta sa karapatan ng mga sibilyan sa konteksto ng armadong tunggalian,” ayon kay Palabay.

Naitala ng grupo ang 22,391 indibidwal na naapektuhan ng mga pambobomba sa kanayunan, habang 39,769 katao ang naapektuhan ng walang patumanggang pamamaril sa kasagsagan ng mga operasyong kombat simula nang maupo sa poder si Marcos. Nasa 25,000 naman ang sapilitang lumikas sa kanilang mga komunidad dulot ng mga operasyong ito.

## Rodrigo Duterte, hindi sumipot sa korte

Disyembre 5, 2023

Hindi sumipot sa korte sa Quezon City para sa paunang imbestigasyon si dating pangulong Rodrigo Duterte noong Disyembre 4. Kaugnay ito ng imbestigasyon sa kasong malalang pambabanta na isinampa ni House Minority Deputy Leader at ACT Teachers Rep. France Castro laban sa kanya. Nagpiket ang mga guro at aktibista sa korte para suportahan si Rep. Castro.

Isinampa ang kaso laban kay Duterte noong Oktubre 24 dahil sa pahayag na “gusto niyang patayin” si Castro at mga katulad niya sa isang programa sa telebisyon noong Oktubre 11.

Tanging mga abugado ni Duterte ang humarap sa korte at itinangging natanggap ng akusado ang

pagpapatawag o subpoena ng korte at reklamo sa kanya. Sa kabila ito nang hayagang pagsagot ni Duterte sa kanyang mga pahayag sa publiko na magpapakulong na lamang siya kaysa humarap sa korte. Dahil sa kanyang di pagdalo, muling magkakaroon ng paunang imbestigasyon sa Disyembre 15.

Samantala, dumating sa korte si Rep. Castro at naghain ng dagdag na mga pahayag at reklamo dahil matapos ang pagsasampa ng kaso, muli siyang pinagbantaan ng dating pangulo. Kung mahahatulang maysala si Duterte, maaari siyang kumaharap sa anim na taong pagkakakulong at P100,000 bayad pinsala.

“Buo ang suporta ng sangkaguruan at malawak na hanay ng mamamayan sa laban ng ating representante at tinig sa Kongreso para sa hustisya at karapatan sa buhay at seguridad. Dapat na panagutin si dating pangulong Duterte sa walang habas na pagbibitaw ng banta sa buhay ni Rep. France. Tanging mga halang ang kaluluwa at berdugo lamang ang gumagawa nito,” pahayag ni Vladimer Quetua, tagapangulo ng Alliance of Concerned Teachers.

## Sara Duterte, kinastigo sa kontra-kapayapaang tindig

Disyembre 6, 2023

Binatikos ng Alliance of Concerned Teachers (ACT) ang pahayag ni Sara Duterte, bise presidente at kalihim ng kagawaran sa edukasyon, laban sa usapang pangkapayapaan sa pagitan ng

National Democratic Front of the Philippines (NDFP) at pangkatin ni Ferdinand Marcos Jr. Ito ay matapos hindi nakapagtimpi at lantaran niyang pinuno si Marcos Jr sa pagsabing ang pinirmahang Oslo Joint Statement ng GRP kasama ang NDFP ay isang “kasunduan sa demonyo.”

Inilabas ni Duterte ang pahayag na ito noong Disyembre 4, kasabay ng ika-5 anibersrayo ng National Task Force (NTF)-Elcac kung saan umuupo siyang co-vice chairperson.

“Tandaan ninyo—kung sino man ang kumukontra sa peace talks ay kumukontra sa kapayapaan. Kung sino ang kumukontra sa kapayapaan ay ang tunay na kalaban ng bayan,” ayon kay Vladimer Quetua, tagapangulo ACT.

Giit niya, hangad ng mga guro ang tunay na kapayapaan sa bayan na nakabatay sa pagkakamit ng panlipunang hustisya. Paliwanag pa ni Quetua, sinusuportahan dapat ang mga hakbang para sa pagkakamit ng hustisyang bunga ng pagresolba sa mga dahilan ng armadong tunggalian sa bansa gaya ng talamak na inhustisya at patuloy na tumitinding kahirapan.

Sa pahayag ni Duterte, mistulang pinangangaralan niya si Marcos sa kawalang-alam nito na “napatunayan na sa kasaysayan na hindi seryoso [ang NDFP] at wala silang sinseridad sa usaping pangkapayapaan…gagamitin nila itong peace negotiation sa pagtraydor sa pamahalaan at paglinlang sa taumbayan.”

Hinimok niya si Marcos na repasuhin ang naturang kasunduan. Gayundin, binatikos niya ang paglalabas ni Marcos ng Proclamation 403 at 404 na nagbigay ng "amnestiya" sa mga armadong grupo. Imbes na ito umano ang pairalin, mas mainam pa na ipagpatuloy ang balangkas ng NTF-Elcac na pinasimulan ng kanyang amang si Rodrigo nang ito ay pangulo pa.

Kasunod ng naturang pahayag ng bise presidente, nagpakitang-gilas naman ang pinsan ni Marcos at kasalukuyang House Speaker na si Ferdinand Martin Romualdez. Pinagtibay ni Romualdez ang kanyang "buong-pusong" suporta sa desisyon ng kanyang pinsan at kanilang pangkatin na muling buksan ang negosasyong pangkapayapaan.

Naglabas din ng nagkakaisang pahayag ang mga lider ng iba't ibang partido bilang suporta sa negosasyong pangkapayapaang isinusulong ng administrasyong Marcos. Anila, "isa itong hakbang tungong pambansang pagkakaisa at mapayapang hinaharap para sa bansa."

Samantala, tuluy-tuloy ang paggigiit ng mga demokratikong organisasyon na palayain ang mga bilanggong pulitikal at nakapiit na konsultant ng NDFP bilang mahalagang hakbang sa muling pagbubukas ng usapang pangkapayapaan. Nagprotesta ang grupong Samahan ng Ex-Detainees Laban Sa Detensyon at Aresto (SELDA), sa harap ng Department of Justice (DOJ) noong Disyembre 5 para ipanawagan ito sa rehimeng Marcos.

Sa huling tala ng grupong Karapatan, mayroong 795 bilanggong pulitikal sa bansa kung saan 159 ay kababaihan. Sa mga ito, 98 ang may sakit at 78 ang matatanda. Walumput-apat (84) sa kanila ay inaresto at ikinulong sa ilalim ng rehimeng Marcos.

Iginigiit din ng mga demokratikong organisasyon ang pagtatanggal sa “teroristang designasyon” laban sa NDFP at kay Ka Luis Jalandoni, pagbuwag sa NTF-Elcac at pagbabasura sa Anti-Terorrism Law.

## Mababang kasanayan ng mga estudyante, resulta ng pagpapabaya ng estado sa edukasyon

Disyembre 7, 2023

Resulta ng pagpapabaya ng estado ang mababang performance o grado ng mga estudyante sa pinakahuling Programme for International Student Assessment o PISA.

“Ang performance ng Pilipinas sa pagbabasa, matematiks at syensya ay halos katulad lamang noong 2018, kung kailan pinakamababa ang grado nito sa 79 bansang lumahok sa pag-aaral,” pahayag ni House Deputy Minority leader at ACT Teachers party-list Rep. France Castro. “Ibig sabihin, di epektibo ang mga programang ipinatupad ng Department of Education mula noon at di nito natugunan ang krisis sa pagkatuto.”

Ang PISA ay isang pag-aaral na isinasagawa ng Organisation for Economic Co-operation and

Development o OECD para tasahin ang kakayahan ng mga 15-anyos na estudyante sa matematiks, pagbabasa at syensya. Sinusukat nito ang kakayahan ng mga estudyante alinsunod sa mga pamantayan ng mga kapitalistang bansa sa kumpetisyon, pagiging marketable ng mga estudyante sa pandaigdigang pamilihan, at indibidwal na kakayahan. Isinagawa ito noong 2022 na may 81 bansang kalahok.

Kinikilala ni Rep. Castro na problemado ang ginagamit na pamantayan ng PISA, gayunpaman, inilalantad pa rin nito ang batayang kahinaan ng sistema sa edukasyon sa Pilipinas.

Aniya, pinatatampok nito ang malaking pangangailangan na itaas ang badyet para sa edukasyon para sa pagtatayo ng dagdag na mga klasrum, pag-empleyo ng dagdag na mga guro at pagtataas ng kanilang sweldo, gayundin ang pagbubuo ng isang kurikulum para madaling matuto ang mga estudyante at mas lapat sa kalagayan ng bansa.

Binweltahan din ni Rep. Castro ang aniya'y militaristang estilo ng DepEd na di angkop sa pagkatuto ng mga estudyante. “Napakamali” rin, aniya, ang paglaan ng pondo para tiktikan ang mga estudyante dahil mas magagamit sana ito sa pag-empleyo ng dagdag na guro o paggawa ng mga klasrum. Noong nakaraang taon, gumastos si Sara Duterte, kalihim ng kagawaran ng ₱125 milyon bilang confidential at intelligence fund.

Problema din aniya ang pagtuturo sa syensya at matematiks sa wikang Ingles.

“Sa Pilipinas, ang pagsusulit (ng PISA) ay ginagawa sa Ingles, dahil ito ang pangunahing medium of instruction (wika sa pagtuturo). Malaking hadlang ito sa pagkatuto ng mga konsepto ng matematika at syensya dahil kailangan muna nilang ma-master o maging dalubhasa sa wikang Ingles. Di rin nila malayang naipahahayag ang kanilang mga saloobin dahil di naman sila nagsasalita sa Ingles sa araw-araw. Nakahahadlang ito sa kanilang abilidad sa kritikal na pag-iisip at sa pag-formulate (pagbubuo) ng mga argumento,” banggit ni Rep. Castro.

## Mga mamamahayag sa Bicol, ginigipit ng 9th ID

Disyembre 8, 2023

Kinundena ng National Union of Journalists of the Philippines (NUJP) at AlterMidya Network ang panggigipit ng mga elemento ng 903rd IBde kay Reynard Magtoto, myembro ng NUJP at Altermidya at mamamahayag ng Baretang Bikolnon. Napag-alaman ng NUJP na nagpadala ng sulat si Capt. Michelle Estares ng 903rd IBde sa kapitan ng barangay kung saan nakatira si Magtoto upang makipagpulong umano hinggil sa NUJP-Bicol.

Ayon sa naturang sulat, nakakategorya sa militar bilang “sectoral front organization” ang NUJP-Bicol.

Noon namang Disyembre 5, pinatawag ng mga sundalo ang ina ni Magtoto at ipinaabot sa kanya

na nagreklamo ang mga sundalo dahil lahat ng sinusulat niya ay “kritikal” o pumupuna sa militar.

Samantala, kinundena naman ng pahayagang The Pillars, ang upisyal na publikasyon ng Ateneo De Naga University, noong Nobyembre 27 ang lantarang intimidasyon, pananakot at pang-aatake ng mga elemento ng 9th ID sa mga pangkampus na mamamahayag at estudyante ng unibersidad. Una nang naglabas ng pahayag ang The Pillars noong Setyembre hinggil sa pagsurbeylans at pangre-Red-tag sa mga myembro nito.

Ayon sa datos ng publikasyon mula Hulyo hanggang Nobyembre nitong taon, apat na alumni ang nakatanggap ng pananakot; isa ang hinaras sa labas ng unibersidad; at pinuntahan at binalik-balikan sa kani-kanilang bahay. Tatlo ang nakatanggap ng sulat mula sa AFP.

Nananawagan ang publikasyon at mga myembro nito ng proteksyon, aksyon at suporta mula sa administrasyon ng unibersidad. (Ulat ng Radyo Bulusan)

## 5 sundalo ng 96th IB, napatay sa kontra-atake ng BHB-Masbate

Disyembre 9, 2023

Hindi bababa sa limang umaatakeng sundalo ng 96th IB ang napatay habang tatlo ang nasugatan sa kontra-atake ng Bagong Hukbong Bayan (BHB)-Masbate sa Sityo Macabuhay, Barangay Dorongan, San Jacinto sa isla ng Ticao, Masbate noong Disyembre 1. Para salagin ang umaatakeng

yunit ng 96th IB, nagpasabog ng command-detonated explosive ang mga Pulang mandirigma. Samantala, ligtas na nakamaniobra ang yunit ng BHB-Masbate.

Ilang araw matapos ang engkwentro, nanawagan si Ka Luz del Mar, tagapagsalita ng BHB-Masbate, sa mga ordinaryong kawal ng militar at pulis na tumiwalag na sa pinagsisilbihang institusyon. Aniya, "ipinapain kayo ng inyong mga upisyal sa imposibleng ambisyon na durugin ang armadong paglaban ng mamamayan."

Idiniin niya rin na malinaw na ang pinagsisilbihan ng mga katulad nilang sundalo ng AFP ay ang reaksyunaryong estado at umaakto bilang mga mamamatay-tao at taksil ng kapwa anakpawis kapalit ng mataas na sahod. "Wala kayong intensyong pagsilbihan ang sambayanan at hindi handang mamatay para rito," aniya.

Lubhang taliwas naman ito sa paninindigan ng mga Pulang mandirigma, ayon sa kanya. "Nasa puso ng bawat mandirigma ng BHB ang pangangailangang magsakripisyo at makidigma para maisulong ang mga demokratikong hangarin ng mamamayan. Batid nila ang reyalidad ng digma at handang mag-alay ng buhay para sa pangkalahatang pagtatagumpay ng digmang bayan," paliwanag ni Ka Luz.

Matapos ang naturang engkwentro, nanawagan ang BHB-Masbate sa lahat ng mga yunit nito "na panatilihing mataas ang kamulatang militar at diwang gerilya" laluna sa harap ng nalalapit na anibersaryo ng Partido Komunista ng Pilipinas.

Karaniwang pinaiigting ng militar ang kanilang operasyong militar sa buwan ng Disyembre para makahabol sa "accomplishment report" bago matapos ang taon. Aniya, "manatiling mapagbantay sa mga patraydor na kilos ng kaaway."

## Bai Bibyaon, magiting na lider ng Talaingod Manobo at pambansang minorya, pumanaw na

Disyembre 9, 2023

Inianunsyo ng grupong Sabokahan Unity of Lumad Women noong Disyembre 6 ang pagpanaw ng magiting na lider ng mga Talaingod Manobo na si Bai Bibyaon Ligkayan Bigkay noong Nobyembre 20. Pinamunuan niya ang iba't ibang pakikibaka ng Lumad mula Mindanao hanggang Metro Manila. Ayon sa grupo, pumanaw siyang kapiling ang kanyang mga mahal sa buhay.

"Kung mawawala na ako, magiging maningning na gabay ako para sa inyong lahat. Huwag kayong sumuko, sa halip ay ipagpatuloy ang pakikibaka," huling mga salitang binitiwan ni Bai Bibyaon bago pumanaw, ayon sa Sabokahan.

Ayon sa grupo, tulad ng hiling ni Bai Bibyaon ay inilibing siya kaagad matapos pumanaw. "Kahit namahinga na ang kanyang katawan, ang kanyang matapang na diwa at hindi magmamaliw na legasiya ay mabubuhay sa ating pakikibaka," ayon sa Sabokahan.

Si Bai Biyaon ay nagmula sa liblib na komunidad ng mga Lumad sa Pantaron Range sa Natulinan, Talaingod, Davao del Norte. Ipinanganak siya 90 taon na ang nakalilipas sa mga magulang na parehong Matigsalug-Manobo. Ang katawagang Bai ay isang pagkilala sa kanya at ang "Bibyaon" ay idinagdag nang siya ay naging lider ng kanyang tribu. Siya ang kauna-unahang babaeng lider na hinirang sa tribung Talaingod-Manobo.

Simula 1980 ay pinamunuan ni Bai Bibyaon ang pakikibaka ng mga Lumad para sa karapatan sa sariling-pagpapasya. Malaki ang kanyang ginampanang papel sa pagtataboy sa mapanirang pagtotroso ng kumpanyang Alcantara & Sons sa kabundukan ng Talaingod noong 1993. Susi ang kanyang naging tungkulin sa pagbubuklod sa mga Lumad para maglunsad ng "pangayaw," isang tradisyunal na pakikidigma ng mga Lumad para sa pagtatanggol sa lupang ninuno at kabuhayan.

Naging katuwang ng mga komunidad si Bai Bibyaon sa pagtatatag ng konseho ng Salugpungan Ta Tanu Igkanugon noong 1986. Ang konsehong ito ang nanguna sa pagtatayo ng mga paaralang Lumad sa Mindanao na kalaunan ay ipinasara ng rehimeng US-Duterte.

Bahagi din si Bai Bibyaon ng asembleya ng Mindanao Peoples Federation (LMPF) noong 1986 na nagsama-sama bilang tugon sa banta ng etnosidyo, at nagkaisang gamitin ang terminong "Lumad" para bigyan ng pampulitikang kapangyarihan at nagbubuklod na pagkakakilanlan ng 18 tribung etnolinggwistiko sa Mindanao.

Siya rin ang tagapangulong tagapagtatag ng Sabokahan To Mo Lumad Kamalitanan o Sabokahan Unity of Lumad Women. Naging mahigpit na kaisa siya ng iba pang mga grupo ng pambansang minorya sa pagbubuo ng mga pambansang samahan at organisasyong magtatanggol sa lupang ninuno at karapatan sa sariling pagpapasya. Nakatanggap din si Bai Bibyaon ng iba't ibang lokal at internasyunal na pagkilala sa kanyang pagtindig para sa pambansang minorya.

Sa kanyang pagpanaw, pinarangalan at kinilala siya ng iba't ibang mga organisasyon sa kanyang magiting na paninindigan at pagtatanggol sa karapatan ng mga pambansang minorya.

## Magsasaka, pinagbabaril at pinatay ng 62nd IB

Disyembre 9, 2023

"Hindi yan totoo! Maghahanap ako ng hustisya para sa aking asawa!" Buong paghihinagpis na sigaw ni Nora Tobalado, asawa ng magsasakang si Braulio Tobalado o Banny. Si Banny ay pinatay ng mga sundalo ng 62nd IB sa bakuran ng kanyang tahanan sa Sityo Karanawan, Barangay Amuntay, Binalbagan, Negros Occidental noong Disyembre 6 ng alas-5 ng umaga. Pinalalabas siyang napatay sa isang armadong engkwentro.

Salaysay ni Nora, kumatok ang mga sundalo ng 62nd IB sa bahay nila bandang alas-5 ng umaga na agad namang pinagbuksan ng kanyang kapatid, noo'y kasama ni Banny. "Tapos sumunod siya (si

Banny) at tinanong siya ng mga sundalo. Ikaw ba si Banny? Sagot ng asawa ko, oo," kwento ni Nora.

Pinababa umano ng mga sundalo ang kanyang asawa sa bahay at pinapunta sa likod nito. Giit umano ng kanyang asawa: "Dito nalang sir." Pinilit siya ng mga ito, dinala sa likod ng bahay at doon binaril at pinatay.

"Hindi na inimbestiga ang aking asawa at agad na lang pinatay. Diretso nilang binaril!" galit na galit na sambit ni Nora. Para pagtakpan ang kanilang krimen, pinalabas ng 62nd IB na nakakumpiska sila ng mga armas at kagamitang militar mula kay Banny at buong kasinungalingang ipinagkakalat na kasapi siya ng Bagong Hukbong Bayan (BHB).

"Kahit gaano pa karaming baril ang itinanim sa asawa ko, hindi totoo iyan!" giit ni Nora.

Pinasinungalingan na rin ni Ka JB Regalado, tagapagsalita ng BHB-Central Negros, ang paratang na nagkaroon ng engkwentro sa naturang sityo.

"Wala silang respeto! Sana ang kanilang kalaban, yan ang hanapin nila," ayon pa kay Nora. Hinamon niya ang mga sundalo ng 62nd IB na pumasok sa kagubatan at doon maghanap ng kanilang armadong kalaban. "Hindi iyong ang mamamayan ang gagantihan nila at papatayin," aniya.

Labis ang pighati ng pamilyang Tobalado dahil kalilibing lamang ng kapatid ni Nora noong Disyembre 5, isang araw bago ang pagpatay kay Banny.

Naulila ni Banny ang kanyang apat na anak at asawang si Nora. Simula pa 2014 ay naging miserable at mahirap ang buhay ng kanilang pamilya dahil pinararatangan ng mga sundalo ng Armed Forces of the Philippines (AFP) na mga tagasuporta ng hukbong bayan.

Kinundena ng Human Rights Advocates Negros (HRAN) ang karumal-dumal na pagpatay ng 62nd IB kay Tobalado. Anang grupo, "dagdag na naman ito sa mahaba nang listahan ng mga sibilyang pinaslang sa madugong kampanya ng operasyong kontra-insurhensya kung saan sadyang tinatarget ng mga paglabag sa internasyunal na makataong batas ang mga sibilyan."

---

Bidyo mula sa Radyo Bandera Sweet FM Kabankalan 102.9 Pagsasalin at subtitle ng PRWC

## Mga kasapi ng Partido sa Central Negros, muling nanumpa sa gitna ng operasyong militar

Disyembre 9, 2023

Bilang bahagi ng pagdiriwang sa ika-55 anibersaryo ng Partido Komunista ng Pilipinas (PKP), inilunsad ng mga kadre at kasapi ng Partido sa Central Negros ang muling panunumpa sa bandila noong Disyembre 4. Pursigidong inilunsad ng yunit ng Partido ang aktibidad sa larangan sa gitna ng operasyong kombat ng militar sa erya.

“Kolektibong inilunsad ang aktibidad bilang tanda ng ibayong pagpapalakas sa rebolusyonaryong paninindigan ng mga kasapi,” pahayag nila.

Batay sa nagdaang mga pahayag ng BHB-Central Negros, hinaharap ng larangan ang pinatinding operasyong kombat mula pa 2020. Hindi bababa sa 22 detatsment ng militar, paramilitar at pulis ang nasa saklaw ng larangan. Daan-daang pwersang militar at pulis din ang pinakikilos sa mga antas-dibisyon at antas-brigadang operasyon ng Armed Forces of the Philippines laban sa kanila.

Para sa mga kasapi at kadre ng Partido sa larangan, ang pagsariwa sa panunumpa ay pagpapamalas ng determinasyon ng Partido na mahigpit na pamunuan ang Bagong Hukbong Bayan (BHB) at rebolusyonaryong masa sa saklaw ng Central Negros.

Sinasaklaw ng pamumuno ng Partido sa larangan ang anim na bayan na may higit 60 barangay at 400 sityo. Pinamumunuan din ng yunit ang pagpapalakas ng mga ganap na samahang masa sa Central Negros at ang baseng masa na tinatayang nasa 150,000 katao batay sa pahayag nito noong Disyembre 2022.

Muli din umano nitong pinagtitibay ang kumprehensibo at militanteng pamumuno at paglaban sa reaksyunaryong estratehikong gera ng rehimeng US-Marcos matapos ang anim na taong pakikibaka laban sa brutal na rehimeng US-Duterte.

Itinutulak din ng yunit ng Partido at hukbong bayan ang pag-aaral at pagtatalakay sa Konstitusyon at Programa ng Partido at iba pang mga itinakdang babasahin ng Komite Sentral.

Naging buhay ang talakayan sa huling pahayag ni Ka Jose Maria Sison na "Hindi magagapi ang demokratikong rebolusyon ng sambayanang Pilipino."

Ayon pa kay Ka Sakai, Pulang kumander, "ang patuloy na paglakas ng PKP, BHB at rebolusyoaryong organisadong masa sa ngayon na matapang na nagsusulong sa armadong pakikibaka sa kanayunan sa saklaw na larangan at iba pang mga larangang gerilya sa Isla ng Negros ang kongkretong patunay na wasto ang pamumuno ng Partido sa mga Pulang mandirigma at malapad na masa."

"Higit na lalakas pa ang ating hanay kung aarmasan natin ito ng Marxismo-Leninismo-Maoismo bilang pundasyon para harapin ang mas malupit pa na mga bagyo at unos sa hinaharap," pahayag naman ni Ka Sisa, instruktor sa pulitika ng hukbo.

## Mga magsasaka at maralitang Negrosanon, nagpetisyong ipabuwag ang NTF-Elcac

Disyembre 9, 2023

Nagprotesta sa harap ng lokal na Commission on Human Rights sa Bacolod noong Disyembre 7 ang mga magsasaka at maralitang Negrosanon para

igiit ang kagyat na pagbubuwag sa NTF-Elcac. Kasabay nito, naghain sila ng pormal na petisyon at nakipagdayalogo sa mga upisyal ng ahensya. Pinirmahan ng 1,500 magsasaka at maralita ang petisyon. Pinangunahan ang pagpetisyon ng Human Rights Advocates Negros (HRAN) at Kilusang Magbubukid ng Pilipinas (KMP) Negros.

Iginiit din ng mga magsasaka at maralita na imbestigahan ng ahensya ang mga pagpatay ng militar at pulis sa isla, kabilang ang pinakahuling pagpatay sa magsasakang si Banny Tobalado sa Binalbagan noong Disyembre 6.

Alinsunod sa espesyal na ulat ng Ang Bayan, mayroong 345 kaso ng paglabag sa karapatang-tao sa isla ng Negros mula Disyembre 1, 2022 hanggang Disyembre 1 ngayong taon. Sa Negros Occidental, 35 ang ekstrahudisyal na pinatay ng mga pwersa ng estado, habang tatlo ang pinaslang ng mga ito sa Negros Oriental. Sa 11 dinesaparesido sa buong bansa, apat ang mula sa isla.

## Oplan pinta-oplan dikit, ikinasa ng KM-Quezon

Disyembre 9, 2023

Inilunsad ng mga kasapi ng Kabataang Makabayan (KM)-Quezon Balangay Dani Lagrama ang oplan pinta-oplan dikit (OP-OD) sa Lucena City, sentrong bayan sa prubinsya ng Quezon, noong unang linggo ng Disyembre para ipagdiwang ang ika-59 anibersaryo ng KM. Ayon sa balangay, pinasisinungalingan nila ang

naunang deklarasyon ng rehimeng US-Marcos at lokal na gubyerno na "insurgency-free" ang prubinsya ng Quezon noong Hunyo.

Itinampok nila ang mga panawagan ukol sa paglahok ng mas marami pang kabataan sa armadong pakikibaka na inilulunsad ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) at suporta sa National Democratic Front of the Philippines (NDFP) sa pagpapatuloy ng usapang pangkapayapaan nito sa Gubyerno ng Republika ng Pilipinas.

Pagbabahagi ng balangay, nagbuo sila ng mga pangkat para sa naturang aktibidad. Kabilang sa tiniyak ng isang tim ang mismong pagpipinta sa mga pader habang ang isang tim ay nagsilbing lookout o bantay para tiyakin ang kanilang seguridad. Pinagtulung-tulungan naman ng mga kasapi ng balangay ang pagpapasulpot ng mga gamit para sa OP-OD.

Anang mga lumahok sa OP-OD nang tanungin ng Ang Bayan, "mas napaigting nito ang paninindigan naming mga kabataan na isulong ang demokratikong rebolusyong bayan, sa kanayunan man o sa kalunsuran." Pinangibabawan ng mga kabataan ang kaba upang matagumpay na maisagawa ang aktibidad.

Sa kabila ng pasistang panunupil at kampanyang kontra-insurhensya ng Armed Forces of the Philippines (AFP) sa Quezon, nakapagpapatuloy sa pagpapalakas at pagpaparami ang KM sa prubinsya, kahit sa mga sentrong urban. "Sampal sa kanila na maipakita na kahit mismo sa mga

sentrong urban ay nagpapatuloy ang pakikibaka ng kilusang lihim," ayon sa balangay.

Determinado ang KM sa Quezon na palakasin ang kanilang hanay upang sabayan ang mga taktikal na opensiba ng BHB-Quezon at itampok ang pagsusulong ng rebolusyon. Laluna, anito, sa harap ng mas tumitinding krisis pang-ekonomya na ikinakaharap ng mga magbubukid sa Quezon tulad ng mababang presyo ng kopra, mataas na presyo ng bilihin, kawalan ng lupang masasaka, pagpapatuloy ng sistemang hacienda, mababang presyo ng mga produktong agrikultural, at iba pang pyudal at malapyudal na pagsasamantala.

Pinarangalan din ng balangay si Dayna Benna "Dani" Lagrama, kung kanino nakapangalan ang balangay, isang kabataang mandirigma na namartir sa isang engkwentro sa Bondoc Peninsula noong Enero 29. "Inspirasyon naming mga kabataan ang kanyang inialay na buhay para sa pagsisilbi sa malawak na hanay ng masa sa Quezon. Hindi masasayang ang buhay na inialay ni Ka Dani dahil libu-libo pang mga kabataan mula sa Quezon ang lalahok sa armadong pakikibaka at ipagpapatuloy ang nasimulan ng mga naunang martir," pahayag nila.

## Deportasyon at panggigipit sa Filipina-Swiss na aktibista, kinundena

Disyembre 10, 2023

Kinundena ng Anakbayan at Migrante International ang arbitraryong detensyon at deportasyon ng rehimeng US-Marcos kay Edna

Becher, Filipina-Swiss na aktibista at tagapangulo ng Anakbayan-Switzerland, noong Disyembre 7 sa Ninoy Aquino International Airport (NAIA) Terminal 3. Si Becher ay higit dalawang oras na ikinulong bago pinabalik sa Switzerland sa pagdadahilang "blacklisted" siya sa bansa dahil sa kanyang umano'y mga "kontra-gubyernong mga aktibidad."

Si Becher ay kabilang sa mga kabataang Pilipino na ipinanganak at lumaki na sa ibang bansa. Umuwi siya sa Pilipinas para bisitahin ang kanyang mga kaibigan at kaanak, at upang makipamuhay at lumahok sa pakikibaka ng masang anakpawis sa bansa. Bilang migranteng kabataang Pilipino, nais niyang makita ang tunay na kalagayan ng kanyang mga kapwa Pilipino sa ilalim ng rehimeng US-Marcos.

"Isa itong malinaw na pampulitikang panunupil sa mga kabataan," pahayag ng Anakbayan. Anila, ang arbitraryo at walang-batayang akusasyon na ito ng gubyerno ay mapanganib at lantarang pagkriminalisa sa pagtindig laban sa mali.

Si Becher ay kilalang lider-kabataan sa hanay ng mga Pilipino sa Europe at nangunguna sa pakikipaglaban para sa karapatang-tao at pampulitikang panunupil, kapwa sa Europe at sa Pilipinas. Kabilang siya sa mga nanguna sa protesta kontra sa pagbisita ni Ferdinand Marcos Jr sa Switzerland noong Enero.

"May pananagutan ang Bureau of Immigration at ang gubyerno ni Marcos sa detensyon at deportasyon ni Becher," ayon sa Migrante

International. Giit nila, ang aktibismo ng mga kabataang tulad ni Becher ay “hinihikayat ng demokratikong mga gubyerno.” Anito, sa kabila ng paulit-ulit na tangka ni Marcos Jr ng “rebranding” at pagpapabango sa pangalan ng kanyang pamilya ay sumisingaw pa rin ang pasismo nito.

“Sa nagdaang mga taon, inilalagay ng gubyerno ng Pilipinas sa blacklist ang mga aktibistang Pilipino na mayroong hawak na dayuhang mga pasaporte, gayundin ang mga dayuhang aktibista, at pinipigilan silang pumasok sa bansa,” ayon sa Migrante International. Malinaw umano itong paglabag sa karapatang-tao at porma ng pampulitikang panunupil.

## Magsasaka sa Negros Occidental, inaresto matapos ang palabas na engkwentro ng 94th IB

Disyembre 10, 2023

Inaresto ng mga sundalo ng 94th IB ang magsasakang si Pokoy Rebradilla, kasama ang kanyang anak, matapos ang isang palabas na engkwentro ng yunit ng militar sa Sityo Karanawan-Buli, Barangay Buenavista, Himamaylan City, Negros Occidental noong Disyembre 7. Dinala siya ng mga sundalo sa hedkwarters nito sa Barangay Tambo, Ayungon, Negros Oriental nang walang ligal na batayan.

Ayon sa mga residente, dalawang beses na nagpaputok sa kung saan-saang direksyon ang tropa ng 94th IB sa Barangay Buenavista bago ang pagdakip kay Rebradilla. Nagsimula umano

ang pagpapaulan ng bala noong hatinggabi ng Disyembre 7 habang sapilitang pinasok ang bahay ni Rebradilla. Ipinailalim siya sa interogasyon at tortyur. Muling nagpaputok ang yunit militar bandang alas-3 ng madaling araw.

Pinalalabas ng kumander ng 94th IB na si Lt. Col. Van Donald Almonte na "natunton" nila ang yunit ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) sa Barangay Buenavista "ayon sa ulat ng isang residente." Nakakumpiska pa umano sila ng isang M16, mga magasin at bala, at isang pares ng bota, dalawang tsinelas, isang bakpak at mga personal na gamit. Karaniwan nang taktika ng Armed Forces of the Philippines (AFP) ang pagtatanim ng mga armas at kagamitang militar para palabasin na ebidensya.

Taliwas sa pahayag ni Almonte, si Rebradilla ay isang sibilyang magsasaka na kasapi ng Kauswagan sang Mangunguma sang Barangay Buenavista (KMB). Noong nakaraang buwan lamang, Nobyembre 8, inaresto rin ng parehong yunit militar ang kanyang pinsan na si Joel Casusa sa Barangay Buenavista. Pinalalabas din na nakakumpiska sa kanya ang kung anu-anong mga armas at kagamitang militar.

Sa pagbimbin kay Rebradilla sa kampo militar, hindi malabong iharap siya bilang "surrenderee" o sampahan ng patung-patong na mga kaso para ikulong nang mahabang panahon. Sa nagdaang buwan, iniharap ang 94th IB ang hindi bababa sa 25 "surrenderee" na pawang mga sibilyang magsasaka.

Sa ulat ng Ang Bayan, mayroong 155 na biktima ng iligal na pag-aresto at detensyon mula Disyembre 1, 2022 hanggang Disyembre 1 ngayong taon. Samantala, naitala ng grupong Karapatan ang higit 500 biktima ng pekeng “pagpapasuko” sa ilalim ng rehimeng US-Marcos.

## Mga manggagawa ng Converge ICT, lumalaban kontra tanggalan

Disyembre 10, 2023

Tuluy-tuloy ang mga protesta ng mga manggagawa ng Converge ICT, pag-aari ng pamilyang Uy, sa nagdaang linggo laban sa pakanang tanggalan at “cost-cutting” ng kumpanya. Naghain ang kumpanya ng “notice of redundancy” noong Oktubre laban sa 600 manggagawa ng Metroworks (kapatid na kumpanya ng Converge) sa buong Metro Manila.

Tutol sa pakanang ito ang Metroworks Manila Employees Union-ALU-TUCP na kumakatawan sa 547 field technicians nito. Sila ang mga nag-iinstall, nagkukumpuni, nagmamantine, at naglalatag ng mga kable para sa internet na produkto ng Converge ICT. Sa kabila ng malawakang pagtutol ng mga manggagawa, tuluyan silang tinanggal ng kumpanya noong Nobyembre 20.

Pagdadahilan ng kumpanya, kinakailangan nitong magbawas ng manggagawa dahil sa pagbabago ng direksyon sa negosyo nito. Ngunit giit nila, ang totoo ay pinalilipat lamang ang mga regular sa Myriad ICT, isang ahensya sa pagkokontrata

(labor agency) na pagmamay-ari din ng pamilyang Uy.

Tiyak ang mga manggagawa na modus lamang ito para makatakas ang kumpanya sa mga kahilingan nilang nararapat na benepisyo, seguridad sa trabaho, at kalayaang mag-unyon. Agrabyado rin sila sapagkat nanggaling ang karamihan sa kanila sa mga kumpanyang telekomunikasyon tulad ng PLDT, Globe, at Skycable, kung saan naranasan nila ang kahirapan ng pagiging kontraktwal.

“Wala ka na halos makikitang regular sa kahit anong (kumpanyang) telekomunikasyon,” pahayag ng isang manggagawa sa panayam nito sa Mayday Multimedia. “Pero kung hindi kami nagsipag, yayaman ba ‘yung mga katulad ni Dennis Anthony Uy? Aabot ba ang Converge sa pinagyayabang nitong higit 2 million subscribers nationwide?”

Unang ipinatupad ng Converge ang patakaran sa malawakang tanggalan sa Calabarzon kung saan hindi unyonisado ang mga manggagawa nito. Kalaunan, ipinatupad ito sa mga branch sa Metro Manila na mahigpit na tinutulan ng unyon.

Itinayo ang unyon nila sa Metro Manila noong Agosto, at bago pa ang tanggalan ay ipinaglalaban na nito sa pakikipagnegosasyon para sa collective bargaining agreement ang makatarungang sahod at benepisyo sa kalusugan. Ni minsan, hindi sila hinarap ng maneydsment at mas malala, ipinatupad ang tanggalan.

Noong Disyembre 6, nagpiket ang mga manggagawa at kanilang unyon sa Regional

Conciliation and Mediation Board-NCR sa Quezon Avenue, Quezon City kasabay ng pagdinig sa "redundancy program" at "cost-cutting" ng kumpanyang Converge ICT.

Nananatiling pursigido ang mga manggagawa sa paglaban para sa kanilang mga karapatan. Anila, "ginagawa rin namin ito para hindi na maranasan ng mga susunod pang henerasyon ang kontraktwalisasyon."

Tinayang umabot sa ₱26.25 bilyon ang kabuuang kita ng Converge ICT sa isang ulat noong katapusan ng Setyembre.

## Kabataang Makabayan, nag-iglap-protesta sa Metro Manila

Disyembre 11, 2023

Nagmartsa ang mga kasapi ng Kabataang Makabayan (KM) sa kahabaan ng Avenida, Recto kahapon, Disyembre 10, Pandaigdigang Araw ng Karapatang-tao. Mapangahas na inilunsad ng KM ang iglap-protesta sa kabila ng patakaran ng panunupil ng rehimeng US-Marcos at "teroristang designasyon" nito. Ang rali ay bahagi ng pagdiriwang sa ika-59 anibersaryo ng organisasyon noong Nobyembre 30.

Ipinahayag ng KM ang mariing pagkundena nito sa lahat ng krimeng isinagawa ng rehimeng US-Marcos sa mamamayang Pilipino sa pamamagitan ng Executive Order No. 70 na nagbuo sa National Task Force-Elcac at Anti-Terror Law na kapwa pinirmahan sa ilalim ng rehimeng US-Duterte at

nagpapatuloy hanggang sa kasalukuyan. Ang naturang mga patakaran ang ginagamit ng estado para dahasin at tugisin ang mga kasapi ng KM na arbitraryo nitong binansagang “terorista.”

Sa ulat ng Ang Bayan, hindi bababa sa 127,000 mamamayan ang biktima ng rehimen sa 957 kaso ng paglabag sa karapatang-tao mula Disyembre 1,2022 hanggang Disyembre 1 ngayong taon. Karamihan sa mga biktima ay mula sa hanay ng mga kabataan na gustong sindakin ng rehimen at ng militar para manatiling kimi at sunud-sunuran sa dikta ng estado.

Anang KM, ang panunupil ng rehimeng Marcos ay nakabalangkas sa dikta ng imperyalistang US at patakarang kontra-insurhensya nito. Dagdag nito, katulad na dahas din ang inihahasik ng imperyalistang US at Zionistang Israel laban sa makatarungang armadong paglaban ng mamamayang Palestino.

Binatikos din ng grupo ang walang-patid na pagpapatupad ng mga patakarang neoliberal ng rehimeng US-Marcos sa bansa sa dikta ng imperyalismong US, sa kapinsalaan ng mamamayang Pilipino. Anang grupo, maging sa sistema ng edukasyon sa bansa, ang pag-iral at pagpapatupad ng mga patakarang neoliberal ay nagsasanay sa mga kabataan bilang alipin para lumikha ng supertubo.

“Ang ganitong edukasyon ay sumusupil sa kalayaang pang-akademiko. Itinatanggi ng estado ang kumprehensibo at progresibong paghuhubog sa kabataan, kaya naman hindi matamasa ng

kabataang estudyante ang interes niyang mag-aral at magpakadalubhasa sa mga paksang nais niyang pag-aralan. Sa ganitong kaayusan, kinakahon at ginagawang kalakal ang mga kabataan," ayon sa KM.

Idiniin ng KM sa kanilang protesta na ang tanging solusyon sa ganitong suliranin ng kabataan at ng mamamayan ay ang pagsusulong at pagtatagumpay ng demokratikong rebolusyong bayan.

"Kailangan nating mabatid na upang malikha ang edukasyong makabayan, siyentipiko, at makamasa, kailangang buwagin ang paghahari ng imperyalismo, pyudalismo, at burukrata kapitalismo. Tanging sa pakikibaka para sa pambansang demokrasya tungong sosyalismo makakamit ang lipunang may tunay na kalayaan at demokrasya."

Itinanghal din ng mga kasapi ng KM ang mga larawang-guhit ng mga kapita-pitagang martir at lider ng rebolusyong Pilipino na sina Ka Joma Sison, Ka Benito Tiamzon, Ka Wilma Tiamzon, Ka Fidel Agcaoili, at iba pang namayapang kasapi ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas (PKP) bilang pagpaparangal. Kasama ring binigyang pagpupugay sina Queeny Daraman, Arc John Varon, Lennel Domanais, Joshua Regalado at iba pang mga martir ng KM.

Ilang araw bago ang naturang pagkilos, magkakasunod na nagsagawa ng oplan-pinta at oplan-dikit ang iba't ibang balangay ng KM sa Metro Manila, Baguio City, Quezon, Iloilo, at iba

pang mga prubinsya. Nagsagawa rin ng raling-iglap ang mga myembro ng KM mula sa balangay ng Kira Mindoro sa loob ng Polytechnic University of the Philippines (PUP) noong Nobyembre 29.

Ayon kay Lukas, myembro ng KM-Kira Mindoro, ang mga aktibidad na ito ay ilan lamang sa tungkulin ng KM na patampukin sa kalunsuran ang kawastuhan ng armadong rebolusyon sa kanayunan at higit na pag-ibayuhin ang paggampan sa direktang paglahok sa armadong pakikibaka.

"Sa kasalukuyang kaayusan ng ating lipunan, hindi namin natatamasa ang karapatan sa edukasyon. At malinaw sa amin na hangga't hindi nagpapalit ang sistemang panlipunan, mananatiling masahol ang kalagayan ng sambayanang Pilipino," aniya.

## Linggo ng PLGA, ipinagdiwang sa India

Disyembre 11, 2023

Ipinagdiwang ng rebolusyonaryong kilusan sa India, sa pamumuno ng Communist Party of India (Maoist), ang ika-23 anibersaryo ng armadong pwersa nito na People's Liberation Guerilla Army (PLGA) noong Disyembre 2 hanggang Disyembre 8. Isinabay sa taunang pagdiriwang ang mga aktibidad kaugnay ng Palestine People's Struggle Action Week bilang suporta sa mamamayang Palestino.

Taun-taong inilulunsad ng CPI (Maoist) ang Linggo ng PLGA bilang pag-alala sa tatlong

myembro ng Komite Sentral ng CPI-Maoist—sina Seelam Naresh, Nalla Adi Reddy at Yerramreddy Santosh Reddy—na pinaslang ng mga pwersa ng reaksyunaryong estado sa India noong Disyembre 2, 1999.

Karaniwang naglulunsad sa linggong ito ang mga mandirigma ng mga pulong masa at rali sa saklaw nilang mga komunidad. Pagkakataon din ito para pasumpain ang mga bagong kasapi ng Partido at hukbong bayan. Sa ilang komunidad, nagtatayo sila ng mga bantayog bilang pagsaludo sa kanilang mga martir.

Ngayong taon, isinabay nila ang pagtatampok sa makasaysayang pakikibaka ng mamamayang Palestino laban sa pananakop at henosidyo ng Zionistang Israel, na suportado ng imperyalismong US.

Ayon sa Komite Sentral ng CPI (Maoist), makatarungan ang armadong paglaban ng mamamayang Palestino laban sa pananakop at marapat itong suportahan. Dapat umanong kumilos ang mga mamamayan para papanagutin ang mga kriminal sa digma ng Zionistang Israel.

"Sa bansa namin, ang pasistang si Modi, katulad ni Netanyahu ng Israel na nagsusulong ng dikta ng imperyalistang US, ay ipinagbawal ang kahit anong oposisyon sa kanyang tindig sa kasalukuyang henosidyo sa mga Palestino," pahayag ni Kasamang Amrut, tagapagsalita ng CPI (Maoist) sa internasyunal na mga usapin.

Samantala, ilulunsad din ng rebolusyonaryong kilusan sa India ang tuluy-tuloy na "linggo ng ahitasyon at propaganda" sa darating na mga linggo laban sa teroristang panunupil ng reaksyunaryong estado nito, laluna sa Jharkhand.

## Pandaigdigang Araw ng Karapatang-tao: Panagutin ang rehimeng US-Marcos!

Disyembre 11, 2023

Malinaw ang sigaw ng mga tagapagtanggol ng karapatang-tao at demokratikong organisasyon noong Disyembre 10, Pandaigdigang Araw ng Karapatang-tao, na panagutin ang naghaharing rehimeng Marcos at mga Duterte sa malalang paglabag sa karapatang-tao. Pinamunuan ng Karapatan at Bagong Alyansang Makabayan (Bayan) ang libu-libong Pilipinong nagprotesta sa 11 sentro ng pagkilos sa bansa para singilin ang reaksyunaryong gubyerno sa higit 1.6 milyong biktima nito ng paglabag sa karapatang-tao mula nang maupo si Marcos sa poder noong nagdaang taon.

Pinakasentro ng pagkilos ang martsa mula sa Liwasang Bonifacio tungong Mendiola Bridge sa Maynila. Anang Karapatan: "Sa ika-75 anibersaryo ng Pandaigdigang Deklarasyon sa Karapatang Pantao, patuloy na kinakaharap ng mga aping mamamayan ang imperyalistang gera at pampulitikang panunupil."

Ipinanawagan nila ang pagwawakas at pagbibigay ng hustisya sa patung-patong na paglabag sa

karapatang-tao ng rehimeng US-Marcos. Kabilang dito ang mga kaso ng pagpaslang, sapilitang pagkawala, tortyur, iligal na pag-aresto at detensyon, pekeng pagpapasuko, pambobomba, pagbabanta kabilang ang Red-tagging, at iba pang paglabag sa karapatang-tao at pandaigdigang makataong batas.

Nagmartsa rin ang mga grupo para igiit ang pagpapalaya sa nakakulong na mga konsultant ng National Democratic Front of the Philippines (NDFP) at sa lahat ng mga bilanggong pulitikal. Mayroong aabot sa 800 bilanggong pulitikal sa bansa at dalawa sa mga ito ay namatay sa sakit habang nakapiit sa panahon ng rehimeng US-Marcos.

Liban dito, kinundena ng mga grupo ang papel ng US sa mapanalasang kontra-insurhensyang patakaran ng gubyerno ng Pilipinas na itinuturing nitong bahagi ng panghihimasok sa bansa at sa Asia-Pacific. Inihayag din nila sa protesta ang pakikiisa sa mamamayang Palestino na patuloy na humaharap sa kampanyang henosidyo at paglabag ng US-Israel sa kanilang mga karapatan.

Dumalo sa protesta sa Mendiola ang delegasyon ng mga aktibista at demokratikong organisasyon mula Southern Tagalog. Naglunsad rin ng lokal na pagkilos ang mga organiasyon mula sa National Capital Region sa Taft Avenue bago lumahok sa martsa tungong Mendiola.

Naglunsad din ng mga pagkilos at aktibidad sa Baguio City, Legazpi City, Naga City, Bacolod

City, Cebu City, Iloilo City, Roxas City, Davao City at Kalibo sa Aklan.

## Igalang ang karapatang-tao ng mga rebolusyonaryo—FFPS

Disyembre 12, 2023

Sa okasyon ng paggunita sa Pandaigdigang Araw ng Karapatang-tao noong Disyembre 10, pinatampok ng Friends of the Filipino People in Struggle (FFPS) ang pangangailangang walang pagtatanging kilalanin ang karapatang-tao ng mga rebolusyonaryo kahit pa sila ay mga sibilyan, hindi kombatant o armadong kasapi ng mga rebolusyonaryong organisasyon. Ang FFPS ay internasyunal na grupo ng mga banyagang sumusuporta sa pambansa-demokratikong kilusan sa Pilipinas.

Kinundena nila ang patuloy na de-humanization (pagturing na hindi tao), tuluy-tuloy na "terrorist"-tagging, at maraming iba pang malubhang paglabag sa karapatan ng mamamayan ng mga administrasyon ng US-GRP (Gubyerno ng Republika ng Pilipinas). Anang FFPS, naninindigan sila para sa mga rebolusyonaryong Pilipino at kinikilala ang kanilang mahahalagang kontribusyon bilang tunay na tagapagtanggol ng mga karapatan ng mamamayan.

"Dapat kilalanin ang karapatan ng lahat ng mamamayan, kabilang na ang mga rebolusyonaryo," giit ng FFPS. Anila, tuluy-tuloy, sadya at sistematikong nilalabag ng reaksyunaryong mga administrasyon ng Pilipinas

ang batayang mga karapatan ng mga rebolusyonaryo, sa direksyon ng US gamit ang kanilang Armed Forces of the Philippines, Philippine National Police at iba pang mga pwersa ng estado.

Mula Disyembre 1, 2022 hanggang Disyembre 1 ngayong taon, naitala ng Ang Bayan ang 22 mga hors de combat (mga kombatant na wala nang kakayahang lumaban dahil sugatan o maysakit), hindi kombatant o mga retirado ng rebolusyonaryong kilusan, ang pinaslang ng mga pwersang militar. Kabilang sa mga biktima ng kampanyang likidasyon ng rehimeng US-Marcos and dalawang konsultant ng National Democratic Front of the Philippines (NDFP) Negotiating Panel.

Biktima rin ng sapilitang pagkawala ang isang konsultant ng NDFP habang dalawa ang iligal na inaresto. Sa kasalukuyan, nananatiling nakapiit sa mga preso ng reaksyunaryong estado ang hindi bababa sa 17 konsultant at istap ng NDFP.

Walang-batayan at arbitraryong ginagamit ng US-GRP ang paglaban sa "terorismo" para bigyang katwiran ang mga krimen sa digmang ito, ayon pa sa grupo. "Salamin ito ng nakababahalang pagwawasiwas ng US sa "kontra-terorismo" para baliwalain ang pagprotekta sa mga sibilyan at labagin ang internasyunal na makataong batas," salaysay nila.

Naging pamamaraan umano ito ng imperyalismong US at mga reaksyunaryo at mapang-aping mga estado para isaisantabi ang

mga kilusan sa pambansang pagpapalaya sa kani-kanilang bansa. Layunin nitong ideklara bilang "terorismo" ang kahit anong porma ng paglaban sa kanilang paghahari.

Sa harap nito, hamon ng FFPS sa internasyunal na komunidad na suportahan ang mga rebolusyonaryo sa Pilipinas para kilalanin at ipagtanggol ang kanilang batayang mga karapatan. "Nangangako kami na patuloy na magpapalakas ng kilusang susuporta at determinadong ipagtatanggol ang demokratikong mga karapatan, kabilang ang karapatang tumangan ng armas at makibaka para sa pambansang pagpapalaya," ayon sa grupo.

## Operasyong haras, ikinasa ng BHB-Southwest Negros kontra sa 15th IB

Disyembre 12, 2023

Pinaputukan ng mga Pulang mandirigma ng Bagong Hukbong Bayan (BHB)-Southwest Negros ang detatsment ng 15th IB sa Sitio Pangi, Barangay Inayawan, Cauyan, Negros Occidental noong Disyembre 11. Tahimik na nilapitan ng yunit ng hukbong bayan ang detatsment bandang alas-8 ng gabi para bulabugin ang nagpapahingang mga sundalo.

Imbwelto ang 15th IB sa paghahasik ng teror sa panahon ng mga focused military operation nito sa mga barangay ng Cauayan, Sipalay City, Candoni, Kabankalan City at Ilog sa nagdaang taon. Hindi bababa sa 40 kaso ng paglabag sa karapatang-tao ang naitala ng Ang Bayan na may tahasang

pananagutan ang 15th IB. Kabilang sa mga kasong ito ang pagpatay sa anim na indibidwal at pagdesaparesido sa isa. Umaabot sa 4,000 ang naitalang biktima ng paglabag sa karapatang-tao ng yunit na ito.

Ilan sa mga kaso ng pagpatay ng batalyon ang pagpaslang sa tatlong magsasaka sa Sipalay City at Cauayan noong Mayo. Pinagbabaril ng mga sundalo ang magsasakang si Gusting Mapos sa Sityo Bajay, Barangay Caliling, Cauayan, Negros Occidental noong Mayo 21, alas-3:30 ng hapon. Ayon sa mga residente, papunta si Mapos sa bukid nang makasalubong ng mga sundalo at basta na lamang pinagbabaril.

Sa Sipalay City, dinakip ng 15th IB si Jonel Bayno, 27 anyos, residente ng Barangay Manlucahoc. Nakita na lamang ang kanyang bangkay na nakahandusay sa Crossing Tanduay, Barangay Camindangan noong Mayo 25. Ilang araw matapos nito, dinakip din ng mga sundalo si Rogelio Lacton, residente ng Barangay Camindangan na natagpuan ring patay at nakahandusay ang bangkay sa Sityo Sadlum sa naturang barangay noong Mayo 27.

Sa mga insidente ng pagpatay, pinalalabas ng 15th IB na mandirigma ng BHB ang mga biktima at napatay sa “engkwentro.” Tumatayong kumander ng batalyon si Lt. Col. Michael Cuarteros.

## Pribatisadong serbisyong patubig sa Bulacan, binatikos

Disyembre 12, 2023

Nagprotesta sa harap ng upisina ng Water District sa Barangay Minuyan III, San Jose del Monte, Bulacan ang mga kasapi at tagasuporta ng Alliance for Consumers Protection (ACP)-CSJDM noong Disyembre 11 para batikusin ang pangit na serbisyo at patung-patong pang mga singilin nito sa mga konsyumer. Isinapribado ang serbisyong patubig simula noong Mayo 2018 nang pumasok ang lokal na gubyerno sa joint venture agreement (JVA) kasama ang PrimeWater Infrastructure Corporation, pag-aari ng pamilyang Villar.

Nais iparating ng mga residente sa mga upisyal ng lokal na gubyerno ang usapin ng pahintu-hintong daloy, marumi at hindi mainom na tubig, at ang mataas na bayarin dahil sa bagong taripang ipinataw ng PrimeWater na may basbas ng Board of Directors ng Water District.

"Sa loob ng limang taong pamamahala ng PrimeWater sa halip na mapaganda ang serbisyo ay lalo lamang bumigat ang kalbaryo ng mamamayan," giit ng ACP-CSJDM. Simula't sapul ay tinutulan na ng grupo ang pribatisasyon ng serbisyong patubig ngunit walang pakundangan itong itinuloy ng lokal na gubyerno.

Muling nagpetisyon ang mga residente at kasapi ng grupo sa lokal na gubyerno para suspendihin ang implementasyon ng pagtataas ng taripa ng tubig, tanggalin ang minimum rate na 5 metro

kubiko at gawing kada metro kubiko ang singil, ibalik ang malinis, dekalidad at tuluy-tuloy na suplay ng tubig sa syudad at ipawalang-bisa ang JVA at pribatisasyon nito.

Sa buong bansa, kabi-kabila na ang naging reklamo ng mga residente at organisasyon sa mga anomalya, napakamahal na singil at pangit na serbisyong nakapailalim sa JVA kasama ang PrimeWater. Mayroong aabot sa 100 water district sa 500 pag-aari ng gubyerno ang pumasok na sa mga kasunduan kasama ang PrimeWater. Sumikad ang pribatisasyon ng serbisyong patubig mula nang itinutulak ng gubyerno ang public-private partnership sa kapinsalaan ng publiko.

## Mga tsuper sa UP-Diliman, nagtigil-pasada

Disyembre 13, 2023

Nagtigil-pasada noong hapon ng Disyembre 13, ang mga tsuper ng dyip sa rutang dumadaan sa kampus ng University of the Philippines (UP)-Diliman. Inilunsad at pinangunahan ito ng UP Transport Group (UPTG), isang araw bago ang nakatakdang dalawang araw na pambansang tigil-pasada kontra sa Public Utility Vehicle (PUV) phaseout sa pangunguna ng Pagkakaisa ng mga Samahan ng Tsuper at Operator Nationwide (Piston) sa Disyembre 14 hanggang Disyembre 15.

Hindi namasada ang mga tsuper mula ala-1 ng hapon at nagtipun-tipon sa harap ng Vinzons Hall sa UP-Diliman para sa isang programa. Nakiisa sa

pagkilos ng mga tsuper at aktibong lumahok ang mga kabataang-estudyante ng pamantasan.

Bago ang protesta, nagsagawa ng isang porum sa Palma Hall ang mga organisasyon para ipabatid ang isyu ng mga drayber. Nagbigay ng talumpati sa porum ang mga lider ng Piston at UPTG at iginiit ang kanilang karapatan at kabuhayan bilang mga tsuper at opereytor. Hanggang Disyembre 31 na lamang ang mga dyip dahil sa sapilitang konsolidasyon ng prangkisa, na sa esensya ay phaseout.

Inihanda rin ng mga estudyante ang kampus para sa paglahok ng komunidad ng UP bukas sa nakatakdang tigil-pasada. Nagpaskil sila ng malalaking mga balatengga at panawagan ng pagtutol sa phaseout.

Para kay Nolan Grulla, tagapagsalita ng UPTG, huling pagkakataon na ng mga opereytor at tsuper ang malawakang tigil-pasada bukas para ipabatid ang kanilang pagtutol at pagpuprotesta sa phaseout. Aniya, lubhang maapektuhan hindi lang ang kabuhayan ng mga tsuper, kundi pati ng mga mananakay.

Bahagi ng UPTG ang mga drayber sa rutang UP Ikot, Philcoa-UP, SM-UP at Katipunan-UP.

## Nalalapit na phaseout ng dyip, sasalubungin ng pambansang tigil-pasada

Disyembre 13, 2023

Muling magkakasa ng dalawang araw na tigil-pasada ang mga drayber at opereytor ng dyip sa pamumuno ng Pagkakaisa ng mga Samahan ng Tsuper at Operator Nationwide (Piston) sa darating na Disyembre 14-15. Panawagan ng grupo na ibasura ang pakanang phaseout sa mga dyip sa tabing ng bogus na programa sa modernisasyon at sapilitang konsolidasyon ng prangkisa. Anang Piston, higit na naging malinaw ang layunin ng tigil-pasada nang ianunsyo ng rehimeng Marcos noong Disyembre 12 na tuloy ang phaseout sa Disyembre 31.

Binatikos ng Piston ang sinabi ni Marcos na "70% ng mga opereytor ang pumaloob at nagkonsolida" sa ilalim ng bogus na programa sa modernisasyon. Sinabi pa ng kontra-drayber na si Marcos na "hindi natin pahihintulutan ang minorya" na iantala pa ang naturang programa.

Anang grupo, hindi totoo na 70% na ng mga drayber ang nagkonsolida ng kanilang mga prangkisa. "Kabuuang bilang ito ng nagkonsolida para sa lahat ng tipo ng public utility vehicle (PUV) sa buong bansa kabilang ang mga bus. Kung dyip sa National Capital Region, 26% pa lang ang nagkonsolida, kung UV Expresss, 36% pa lang ang nagkonsolida."

Giit ng Piston, ayon mismo sa datos ng Department of Transportation (DOTr) at ng Land Transportation Franchising and Regulatory Board (LTFRB), tinatayang aabot sa 33,224 na dyip at UV Express sa buong National Capital Region ang hindi na makabibiyahe kapag itinuloy pa rin ang dedlayn ng sapilitang konsolidasyon ng prangkisa.

“Halos 70% ng lahat ng dyip at 60% ng lahat ng UV Express ang mawawala sa NCR sa Enero 2024,” pahayag ng Piston. Malaking kabalintunaan umano ang pinalalabas ng DOTr at LTFRB na hindi magkakaroon ng krisis sa transportasyon sa pagpupumilit nitong i-phaseout ang mga public utility vehicle.

“Sino’ng niloko nila, eh mismong datos na nila ang nagpapatunay na mauubos ang sasakyang pampasada sa Enero dahil sa mga kagagawan nila!” ayon pa sa grupo. Ibig sabihin, mawawalan ng kabuhayan ang halos 64,000 na mga tsuper at 25,000 na mga opereytor sa NCR. Ngangangahulugan din ito ng halos 20,000 pamilya sa buong NCR ang gugutumin at lalong pahihirapan ng gubyerno sa pagpupumilit na ipatupad ang inutil na programa.

Giit pa ng grupo, walang malinaw na batayan ang gubyerno para ipagpilitan ang dedlayn. “Lalo lang nila papatayin ang mamamayan. Magpapasko na, puro pahirap at kapalpakan pa rin ang gawain ng gubyerno ni Marcos Jr!” ayon pa sa Piston. Taumbayan ang babalikat sa pinsalang idudulot ng planong “modernisasyon.”

Sa ganansya ng dayuhan at lokal na kasosyo

Ang planong jeepney phaseout ay tulak ng mga dayuhang kapitalista at lokal na malalaking negosyante na balak magtambak sa bansa ng mga “electric vehicle” (EV) o sasakyang pinatatakbo ng kuryente (imbes na gasolina) na iniimbak sa baterya. Ginagamit ng mga ito, kasabwat ang reaksyunaryong estado, ang tabing na “maka-

kalikasan” at “pag-apula sa climate change” para bigyang katwiran ang pagpatay sa kabuhayan ng maliliit na drayber at operetor.

Kabilang ang pinakamalalaking burgesyang komprador na makikinabang sa “modernisasyon” ang pamilyang Aboitiz na naglabas ng mga COMET bus, si Ramon Ang (San Miguel Corporation) na magbubukas ng EV battery plant sa Dinagat Islands na nagkakahalagang $500 milyon, at Ayala na nakisosyo sa Kia Motors para sa pagbebenta ng mga imported na sasakyang dekuryente.

Pinirmahan ni Marcos ang Executive Order 12 noong Enero upang bigyan ng “tax break” o tanggalan ng buwis ang importasyon ng mga EV. Ang mga sasakyang ito ang ipampapalit sa tradisyunal na mga dyip dahil “mas malinis” diumano ang mga ito. Sinusugan ang kautusang ito ng National EV Roadmap na binalangkas at ipinatutupad na ng Department of Energy. Sa ilalim nito, mas malaya at mas maluwag nang makapagbebenta ang mga dayuhang tagapagmanupaktura ng EV sa bansa.

Kasabwat ni Marcos ang mga imperyalistang bansa at bangko katulad ng World Bank (pinopondohan pangunahin ng US) at Asian Development Bank (pinopondohan pangunahin ng Japan) sa pagpapatupad ng huwad na programa ng modernisasyon ng transportasyon. Ang imperyalismong US ang pangunahing nagtutulak ng programang ito sa paggugumiit nitong makakuha ng malaking bahagi sa pandaigdigang merkado ng sasakyang dekuryente, kaakibat ng

papalaking pamumuhunan nito sa produksyon ng "malinis" na enerhiya. Noong Mayo, inianunsyo ng US na maglalagak ng $5 milyong pondo para sa pagmimina ng mga mineral na kailangan sa paggawa ng sasakyang dekuryente at iba pang kagamitan.

Huwad sa kaibuturan ang pagiging "maka-kalikasan" ng rehimeng Marcos at mga kasosyo nitong dayuhan at lokal na negosyante na kabilang sa pangunahing sumisira sa kalikasan. Habang namumuhunan sa diumano'y "malinis na enerhiya," ang Aboitiz at San Miguel ay nagpapatakbo rin ng pinakamalalaking planta ng "maruming enerhiya" na sanhi ng 54% ng lahat ng carbon emissions ng bansa.

## Pagpatay sa magsasaka sa Negros Occidental, gustong pagtakpan ng 62nd IB

Disyembre 13, 2023

Nagtambak ng ilandaang tropang militar ang 62nd IB sa Binalbagan at karatig na mga bayan sa Negros Occidental simula Disyembre 9. Layunin nitong patahimikin at supilin ang mga kaanak at residente sa kanilang panawagang hustisya para kay Braulio "Banny" Tobalado na pinatay ng mga sundalo noong Disyembre 6 sa Barangay Amuntay, Binalbagan. Pinatindi nito ang mga operasyong kombat sa lugar at pagkakampo sa mga komunidad. Nagresulta ito sa pagbabawkit ng mga tao.

Sa ulat na natanggap ng yunit ng Bagong Hukbong Bayan (BHB)-Central Negros, 100 sundalo ng 62nd IB ang nag-ooperasyon sa Sityo Sunflower sa Barangay Santol at Sityo Tambo, Barangay Amuntay sa Binalbagan. Sapilitang pinalikas ng mga sundalo ang 15 pamilya mula sa Sityo Karanawan, Barangay Amuntay noong Disyembre 9.

Umabot sa 100 katao ang apektado ng sapilitang pagpapalikas na ito kasama ang kanilang mga anak. Hindi pa nakakabalik ang mga residente dahil sa presensya ng militar sa naturang lugar. Labis ang pag-aalala ng mga residente para sa kanilang mga bahay, mga alagang hayop, kagamitan at kasangkapan sa pagsasaka dahil naiwan nila ito. Pangamba nila, baka nakawin at pagpapatayin ng mga sundalo ang kanilang alagang mga hayop tulad ng nakagawian nito tuwing may operasyong kombat.

Nag-operasyon din ang tropa ng 62nd IB sa Sityo Dadyangao, Pitik-pitik at Hinobaan sa Barangay Luz at Sityo Pinasagan, Barangay Linantuyan sa Guihulngan City, Negros Oriental. Umaabot sa 60 sundalo ang nag-ooperasyon. Samantala, 75 sundalo naman ang namataan ng mga residente sa Sityo Cambuktot, Barangay Cabagnaan, sa Sityo Ilongga, Barangay Camandag at Sityo Mandayao-4, Barangay Mansalanao, sa bayan ng La Castellana, Negros Occidental.

## Piston to hold nationwide strike as jeepney phaseout deadline nears

Disyembre 13, 2023

Drivers and operators will once again conduct a two-day transport strike led by Pagkakaisa ng mga Samahan ng Tsuper at Operator Nationwide (Piston) on December 14-15. The group demands to scrap plans to phaseout jeepneys under the veil of the deceptive modernization program and mandatory franchise consolidation. The Marcos regime’s pronouncement last December 12 that the December 31 phaseout deadline will push through vindicated the objective of the transport strike, according to Piston.

Piston criticized Marcos’ statement that “70% of the operators consolidated” under the deceptive modernization program. The anti-driver Marcos regime even said that his government “will not allow the minority” to delay the program.

The group belied Marcos’ statement that 70% of drivers consolidated their franchise. “This number covers all the consolidated types of public utility vehicle (PUV) nationwide including buses. In the National Capital Region alone, only 26% of jeepneys have consolidated, while 36% of UV Express have consolidated.”

Piston emphasized that even data of the Department of Transportation (DOTr) and the Land Transportation Franchising and Regulatory Board (LTFRB) indicated that approximately 33,224 jeepneys and UV Express in the entire National Capital Region will be not be ably to ply their routes if the deadline for the franchise consolidation pushes through.

"Nearly 70% of all jeepneys and 60% of all UV Express will be gone by January 2024," Piston stated. The group belies DOTr and LTFRB's claims that there will be no transport crisis as it enforces the phaseout of public utility vehicles.

"Who are they fooling? Even their own data proves that majority of the public vehicles will be gone by January because of their actions!" the group stated. This means that the livelihood of nearly 64,000 drivers and 25,000 operators in NCR will be jeopardized. It also means that nearly 20,000 families in NCR will go hungry and suffer from the government's assertion to enforce the flawed program.

The group also noted that the government has no compelling reason to enforce the deadline. "They are further killing the people. It's almost Christmas, and the Marcos Jr government brings nothing but difficulty and failure!" asserted Piston. The people will solely bear the burden of this planned "modernization."

In the interest of foreign and local partners

Foreign capitalists and big local compradors behind the jeepney phaseout want to turn the country into dumping ground of "electric vehicles" (EV), or vehicles powered by electricity (instead of gasoline) stored in batteries. Colluding with the reactionary state, they speak of "environmental-friendliness" and "climate change mitigation" to justify the massacre of livelihood of small drivers and operators.

Among the biggest bourgeois compradors involved in "modernization" are the Aboitiz family that released COMET buses, Ramon Ang (San Miguel Corporation) who will open a $500M EV battery plant in Dinagat Islands, and Ayala who partnered with Kia Motors for marketing imported electric vehicles.

Marcos signed Executive Order 12 last January to grant "tax breaks" or exempt EV importation from tariffs. These vehicles, supposedly "cleaner," will be used to replace traditional jeepneys. This order is supported in the National EV Roadmap which is already being framed and implemented by the Department of Energy. Under this, foreign manufacturers can more freely and more openly sell EVs in the country.

Marcos is in collusion with imperialist countries and banks such as the World Bank (funded primarily by the US) and the Asian Development Bank (funded primarily by Japan) in implementing the pseudo modernization program in transportation. US imperialism is the main driver of this program in its push to claim a large share in the global electric vehicle market, alongside rising investments in "clean" energy production. In May, the US announced plans to invest $5 million in operations to extract minerals for the production of electric vehicles and other equipment.

The "pro-environment" stance of the Marcos regime and its foreign and local capitalist associates, who are, in fact, among the biggest environmental polluters, is utterly bogus. While

investing in purportedly “clean energy,” Aboitiz and San Miguel also operate the largest “dirty energy” plants that produce 54% of the country’s entire carbon emissions.

## 3 sundalo ng 20th IB, napatay sa engkwentro sa BHB-Northern Samar

Disyembre 14, 2023

Nag-ooperasyon sa tabing ng pagtugon sa epekto ng bagyo at pagbaha ang nakasagupa ng Bagong Hukbong Bayan (BHB)-Northern Samar (Rodante Urtal Command) na mga tropa ng 20th IB sa Barangay San Miguel, Las Navas, Northern Samar noong Nobyembre 23. Tatlong sundalo ng mga berdugo ang napatay habang ligtas na nakaatras ang yunit ng hukbong bayan.

“Taliwas sa mga pahayag na abala ang mga tropa ng 803rd IBde ng 8th ID sa pagtugon sa pangangailangan ng mga biktima ng malawakang pagbaha, mas maraming tropa ng kaaway ang nakadeploy para sa malakihang mga focused military operation sa bulubunduking hangganan ng bayan ng Catubig at Las Navas at mga bayan sa Pacific, lahat sa Northern Samar,” ayon kay Ka Amado Pesante, tagapagsalita ng BHB-Northern Samar.

Lubhang apektado ang Northern Samar sa malakas at labis-labis na bolyum ng ulan na dala ng shear line sa buong prubinsya noong huling linggo ng Nobyembre. Sa datos mismo ng lokal na gubyerno, humigit-kumulang 74,500 pamilya o 370,000 indibidwal ang labis na naapektuhan ng

pag-ulan at epekto nitong pagbaha, pagkasira ng mga pananim at kabuhayan, at pagkawasak ng kanilang mga bahay.

Libu-libong pamilya ang lumikas dulot ng epekto ng pag-ulan. Sinamantala ng 20th IB ang kalamidad at unos para ilunsad ang mga focused military operation. Naglustay ito ng pondo para sa operasyong kombat imbes na ilaan sa pagtulong sa mga apektadong residente.

Kinutya ni Ka Amado ang operasyon ng militar, dahil matagal nang sinabi ng militar na nabuwag na ang mga larangang gerilya sa prubinsya. Gayundin, kasuklam-suklam na inilulunsad ang operasyong kombat sa kasagsagan ng sakuna at ng pagdurusa ng mamamayan, aniya.

## Kampuhan kontra PUV phaseout, itinayo sa upisina ng LTFRB

Disyembre 14, 2023

Sa unang araw ng tigil-pasada ng mga tsuper at opereytor, nagtayo ng kampuhan ang Pagkakaisa ng mga Samahan ng Tsuper at Operator Nationwide (Piston) at No To PUV Phaseout Coalition sa harap ng upisina ng Land Transportation Franchising and Regulatory Board (LTFRB) sa Quezon City para tutulan ang anti-mahirap na public utility vehicle (PUV) phaseout. Iginigiit ng Piston na ibasura ang dedlayn ng sapilitang konsolidasyon sa prangkisa at ang mismong bogus na programang modernisasyon. Mananatili ang mga tsuper sa kampuhan

hanggang hindi tumutugon ang administrasyon, ayon sa grupo.

Nagmartsa ang mga tsuper, opereytor at kanilang mga tagasuporta mula sa University of the Philippines (UP)-Diliman tungong LTFRB. Nagbigay ng talumpati ang mga kinatawan ng sektor ng maralita, manggagawa, kabataang estudyante at iba pa na maaapektuhan sa idudulot na krisis at kapalpakan ng phaseout sa mga PUV sa Disyembre 31. Naglunsad din ng misang bayan sa kampuhan.

Tutol ang Piston sa ipinatutupad na sapilitang konsolidasyon ng prangkisa na magsusuko sa indibidwal na prangkisa ng mga tsuper at opereytor. Anila, ang indibidwal na prangkisa ang katiyakan sa pagkakaroon ng hanapbuhay at para makapasada.

“Maghahatid ng walang kaparis na krisis sa transportasyon at masaker sa kabuhayan si Marcos Jr kung hindi palalawigin ang dedlayn ng konsolidasyon ng prangkisa,” pahayag ng Piston.

Nauna nang binatikos ng grupo ang pahayag ng gubyerno na 70% ng PUV ang pumaloob na sa konsolidasyon. Wala umano itong katotohanan at malinaw na panlilinlang sa publiko. Paliwanag ng Piston, kasama sa naturang bilang ang lahat ng tipo ng PUV sa buong bansa kabilang ang mga bus. Kung dyip sa National Capital Region umano ang bibilangin, nasa 26% pa lang ang nagkonsolida, habang 36% pa lamang ng UV Expresss ang nagkonsolida.

Tinatayang aabot sa 33,224 na dyip at UV Express sa buong NCR ang hindi na makabibiyahe kapag itinuloy pa rin ang dedlayn. Halos 70% ng lahat ng dyip at 60% ng lahat ng UV Express umano ang mawawala sa NCR sa Enero 2024.

Sa pagtatangkang pahintuin ang welga at kampuhan, inimbitahan ng chairperson ng LTFRB na Teofilo Guadiz ang mga lider ng Piston at lokal na samahan sa isang dayalogo sa loob ng upisina. Wala itong kinahinatnan. Naghugas-kamay lamang ang LTFRB at sinabing tanging si Marcos ang makapipigil sa pwersahang konsolidasyon ng prangkisa.

Matapos ang dayalogo, ipinabatid ng Piston na magpapatuloy ang kanilang kampuhan at ang ikalawang araw ng tigil-pasada. Malinaw sa grupo na ang buong programa sa modernisasyon ng PUV at ang konsolidasyon ng prangkisa na rekisito nito ay palpak, anti-mahirap at naglilingkod lamang sa interes ng malalaking negosyo. “Wasto at makatarungan lamang na magwelga laban sa mga patakarang ito,” paninindigan ng grupo.

Naglunsad din ng tigil-pasada at kilos protesta ang mga drayber at opereytor ng dyip sa Cebu City, Iloilo City, Bacolod City, at mga prubinsya ng Rizal, Laguna, Cavite at Aklan. Tuluy-tuloy naman ang aktibidad ng mga grupo sa LTFRB ngayong gabi.

## Kaso ng panggigipit laban sa mga manggagawang pangkultura ng Bayan, ibinasura

Disyembre 14, 2023

Ibinasura ng isang korte sa Quezon City ang kasong isinampa ng Quezon City Police Department (QCPD) laban kay Max Santiago at sa tatlo pang kasapi ng Bagong Alyansang Makabayan (Bayan) dahil sa umano'y paglabag sa Clean Air Act (Republic Act No. 8749) nang magsunog ng effigy noong Hulyo 24 kasabay ng ikalawang state of the nation address (SONA) ni Ferdinand Marcos Jr. Ayon sa korte, walang sapat na batayan ang mga alegasyon ng pulis. Isinapubliko ang desisyon kahapon, Disyembre 13.

Para sa Bayan, malinaw na ang pagsasampa ng reklamo sa kanilang mga kasapi ay pawang harasment lamang ng pulis na layuning patahimikin sila. "Nais maghatid ng mensahe ng 'chilling effect' (paninindak) ng mga pulis sa pagkriminalisa sa pagtutol, kabilang ang paggamit ng protest art," ayon sa pahayag ng grupo.

Sa desisyon ng korte, isinalaysay nito na ang dalawang pulis na nagsampa ng kaso ay pawang nakatalaga sa Anonas Police Station, malayo sa Commonwealth Avenue kung saan isinagawa ang protesta at sinunog ang effigy. Wala umanong ebidensyang isinumite na ipinakat sila sa lugar para sa ikalawang SONA at patunay na aktwal nilang nasaksikan ang insidente. Dagdag pa nito na hindi rin saklaw ng naturang batas ang pagsusunog ng effigy.

Nauna nang iginiit ng Bayan at Concerned Artists of the Philippines (CAP) na ginamit lamang ang batas para gipitin ang kalayaan sa pagpapahayag. Anila, ang mga effigy ay simbolo ng protesta at sumasalamin sa tunay na kundisyon ng bansa katulad na lamang ng ipinakita ng likha ni Santiago na pinamagatang “Doble Kara.”

Binatikos din ng CAP ang panggigipit ng pulis sa mga artista sa nililikha nilang effigy at sining dahil ito ay sumasalamin sa mga katotohanang gusto nilang itago at ibaon sa limot. Patunay nito ang pahayag ng QCPD na ang effigy ay pambabastos kay Marcos Jr.

Liban pa sa kasong ito, kumakaharap si Santiago at mga lider ng Bayan ng kaso kaugnay ng kanilang isinagawang protesta kontra SONA. Giit ng Bayan na dapat nang ibasura ang nalalabi pang mga kaso na isinampa din ng QCPD laban sa kanilang hanay.

## Magsasaka sa Northern Samar, pinatay ng 74th IB

Disyembre 14, 2023

Pinatay sa walang-patumanggang pamamaril ng mga sundalo ng 74th IB ang magsasakang si Pido Mendes sa Barangay San Jose, Mapanas, Northern Samar noong Nobyembre 22. Nasa kasagsagan noon ng isang focused military operation ang naturang yunit militar na nakapailalim sa kumand ni BGen. Noel Vestuir ng 802nd Bd.

Si Mendes, humigit-kumulang 60-taong gulang, ay malaon nang tinutugis ng mga sundalo matapos magtago mula nang makatakas sa pagkakahuli sa kanya ng mga elemento ng 34th IB noon pang 2013. Simula noon, iniwasan na niya na pumunta ng sentrong bayan at tumitira sa kanyang sakahan para iwasan ang mga sundalo.

Isa lamang si Mendes sa maraming magsasaka na napilitang magtago sa takot na hulihin ng mga sundalo, itago sa kampo militar at ipailalim sa matinding tortyur. Umiiwas din siyang mahuli para hindi magamit laban sa sambayanan at rebolusyonaryong kilusan.

Ayon sa mga ulat ng BHB-Northern Samar, marami nang mga magsasaka ang piniling magtago at magpalipat-lipat ng hanapbuhay para umiwas sa mga sundalo. Iniwasan din nila ang mga pekeng pangako ng kapanatagan sa "pagsurender" o "pagpapa-clear" ng pangalan sa militar. Saksi ang mga residente sa marami nang magsasakang naloko sa pangakong pera na matatanggap kung isusuplong ang kababaryo o base ng hukbong bayan at ipahamak sila.

Liban pa, malayong-malayo sa kapanatagan at payapang pamumuhay ang natamo ng mga "sumurender.". Takot at pangamba ang epekto sa kanila dahil nililimitahan ng mga sundalo ang kanilang kilos at paghahanapbuhay. Higit dito, hindi na sila pinagkakatiwalaan ng kanilang mga kababaryo.

Ayon kay Ka Amado Pesante, tagapagsalita ng BHB-Northern Negros (Rodante Urtal Command),

“kailangang alalahanin ang lahat ng biktima ng paglabag ng karapatang-tao…kailangang singilin at pagbayarin ang mga sangkot na elemento ng AFP-PNP sa ilalim ng direksyon ng 8th ID sa kanilang walang-patumanggang paglapastangan sa karapatang-tao.”

Kaugnay nito, marapat na suportahan ng mamamayan ng Northern Samar ang muling pagbubukas ng usapang pangkapayapaan sa pagitan ng National Democratic Front of the Philippines (NDFP) at Government of the Republic of the Philippines (GRP) na layuning pag-usapan ang paglutas sa mga ugat ng armadong paglaban ng sambayanan at kamtin ang hustisya at pangmatagalang kapayapaang hiling ng sambayanan.

Suportado niya ang panawagang tanggalin ang mga sagka sa pagpapatuloy ng usapang pangkapayapaan kabilang ang pagpapalaya sa 12 konsultant ng NDFP, ang pagtanggal sa “terrorist-designation” sa CPP-NPA-NDFP, pagpawalambisa sa mga kautusang Executive Order No 70 at Memorandum Order No 32 ni Duterte na nagpailalim sa kanayunan sa paghaharing-militar, pagbuwag sa NTF-ELCAC, pagtakwil sa “localized peace talks” ng RCSP at ang pagpapatigil sa walang-patumanggang pag-atake ng mga focused military operation na suportado ng mga pambobomba at panganganyon sa mga sakahan.

Ang Northern Samar ay kabilang sa mga prubinsyang sinasaklot ng de facto na batas militar sa ilalim ng limang taong pagpapatupad ng

MO 32 na sumasaklaw sa isla ng Samar at Negros, at mga prubinsya sa Bicol.

## Tuluy-tuloy na protesta para sa benepisyo at karapatan, inilunsad ng mga manggagawang pangkalusugan

Disyembre 14, 2023

Walang-maliw na mga kilos protesta at aksyong masa ang inilunsad ng mga manggagawang pangkalusugan at kanilang unyon sa pamumuno ng Alliance of Health Workers (AHW) mula pa noong Disyembre 5. Linggo-linggong naglulunsad ng mga pagkilos ang AHW sa mga ospital. Noong Disyembre 13 sumugod sila sa Department of Budget and Management (DBM) para igiit ang mabilis na paglalabas ng pondo para sa kanilang mga benepisyo.

"Dismayado kami sa DBM at sa adminitrasyong Marcos!" pahayag ni Robert Mendoza, pambansang pangulo ng AHW. Aniya, napakadaling pondohan para sa kanila ang bilyun-bilyong pisong confidential fund ng pangulo at iba pang upisyal at ahensya pero napakatagal at usad-pagong sa pagbibigay ng pondo para sa health emergency allowance (HEA) ng mga manggagawang pangkalusugan, na anila ay dapat matagal nang ibinigay dahil para pa ito sa pagsisilbi noong kasagsagan ng Covid-19.

Ayon kay Department of Health (DOH) Secretary Ted Herbosa, mailalabas ng DBM ang pondo para sa benepisyong ito sa darating pang 2026. Anang AHW, napakatagal pa ng panahong ito at nauubos

na ang kanilang pasensya. Giit nilang kagyat na ibigay ang benepisyong pinaghirapan nila bago matapos ang taon.

“Napaka-walang puso ng gubyernong ito! Tatlong taon pa bago babayaran ang tinatawag nilang mga makabagong bayani,” ayon pa kay Mendoza.

Liban sa kanilang HEA, giit din ng mga manggagawang pangkalusugan na ibigay na ang kanilang overdue performance based-bonus para sa mga taong 2021 at 2022. Panawagan din ng AHW na itaas ang sweldo ng mga manggagawang pangkalusugan na, dulot ng napakataas na presyo ng mga bilihin, ay naagnas na ang halaga. Dapat umanong bigyan ng entry salary na ₱33,000 ang mga manggagawang pangkalusugan.

Para sa AHW, ang lubhang pagkaantala ng kanilang mga alawans at benepisyo na kanilang naipagtagumpay sa deka-dakadang paglaban ay isang asunto sa kanilang mga karapatan at kagalingan.

Binatikos din ng AHW ang pagkakatalaga kay DOH Secretary Herbosa at kumpirmasyon sa kanya ng Commission on Appointments noong Disyembre 5. Anang grupo, si Herbosa ay hindi nararapat maging kalihim ng DOH dahil siya ay kontra-manggagawang pangkalusugan, isang Red-tagger, at sumusuporta sa pribatisasyon ng mga pampublikong ospital at serbisyong pangkalusugan.

Bago ang pagkilos ng AHW sa DBM, nagsagawa ng mga protesta ang mga kasaping unyon nito sa

kani-kanilang ospital. Noong Disyembre 12, nagprotesta ang mga manggagawang pangkalusugan sa Jose Reyes Memorial Medical Center, San Lazaro Hospital at Fabella Hospital; noong Disyembre 11 sa Tondo Medical Center; noong Disyembre 7 sa National Kidney and Transplant Institute, Philippine Heart Center, Lung Center of the Philippines at Philippine Children's Medical Center; noong Disyembre 6 sa Philippine General Hospital; at noong Disyembre 5 sa Philippine Orthopedic Center (POC) at National Children's Hospital (NCH).

## Amyenda sa anti-mangingisdang BFAR FAO 264, naigiit

Disyembre 15, 2023

Naigiit ng mga mangingisda sa Gubat, Sorsogon ang pag-amyenda noong Disyembre 11 ng Bureau of Fisheries and Aquatic Resources (BFAR) sa Fishery Administrative Order (FAO) No. 264 matapos ang pagpetisyon nila sa ahensya. Pinalakas ng Save Gubat Bay Movement (SGBM) ang kampanya nito kontra sa FAO 264 simula noong Hunyo ngayong taon.

Ipinanawagan ng SGBM ang pagbasura sa atas ng BFAR na nagbabawal sa paghuli at pagbebenta ng mga mangrove crablets o kilala din bilang King Crabs. Giit ng grupo, malubha ang epekto ng atas na ito sa libu-libong nag-aalaga ng King Crab at maliliit na mangingisda sa bayan ng Gubat.

Sa simula pa lamang, inilinaw na ng mga mag-aalimango na aktibo ang kanilang organisasyon sa

pangangalaga ng mga bakawan at baybayin na nagsisilbing itlugan at tahanan ng mga alimango. Katunayan, mariin nilang tinututulan ang mga aktibidad at proyekto na banta sa ekosistema at tahanan ng mga alimango. Ang “pangangalaga” sa mga King Crab ang ginamit na pagdadahilan noon ng BFAR para ipatupad ang FAO 264.

Sa inamyendahang atas, tinanggal ng BFAR ang dalawang parapo sa seksyon 3 nito na nagbabawal sa panghuhuli at pagbebenta ng King Crabs.

“Ang inisyal na tagumpay ng kilusang ito ay patunay sa kakayahan ng pagkilos at pagkakaisa ng lokal na komunidad laban sa mga suliraning dulot ng FAO 264,” pahayag ng SGBM. Ayon sa grupo, hindi lamang ito makatutulong sa kanilang komunidad kundi magsisilbi ring halimbawa sa iba pa na magsama-sama at kumilos para sa kanilang kagalingan.

Hindi dito matatapos ang kanilang paglaban para sa kalikasan at karagatan, ayon sa grupo. Babantayan nito ang mga butas na iniwan ng BFAR sa FAO 264 na magsasapanganib sa sustainability ng mga alimango. “Kulang ng malinaw na mga probisyon ang amyenda para tugunan ang preserbasyon sa kalikasan at mga pamamaraan para sa sustainability,” ayon sa SGBM. Nagdidiin lamang umano ito sa kawalan ng tunay na suporta ng ahensya sa maliliit na mangingisda.

Tanong ng SGBM, bakit walang seryoso at aktwal na tulong ang BFAR sa maliliit na mag-aalimango gayong tuluy-tuloy naman ang pag-ayuda nito sa

mga apektadong eksporter ng King Crabs? Matatandaang dinahas ng mga pwersa ng estado ang maliliit na mag-aalimango sa Gubat noong Seytembre 22 nang iligal na pasukin ng mga ito ang bahay ng 10 myembro ng Cota na Daco Crablet Workers’ Association (COTAW) at kumpiskahin ang kanilang “duyan-duyan” o crab net.

Ang SGBM, kasapi ng Pambansang Lakas ng Kilusang Mamamalakaya (Pamalakaya), ay binubuo ng COTAW, Sorsogon King Crab Raisers’ Association (SKRA), Samahan Alay sa Kalikasan Cooperative (SAAKCO) at ng Kumunidad san Lumalaban na Inaaping Parapadagat san Gubat (KULAG).

## Patrol Base ng 62nd IB sa Guihulngan City, pinaputukan ng BHB

Disyembre 15, 2023

Tahimik na nakalapit at pinaputukan ng mga Pulang mandirigma ng Bagong Hukbong Bayan (BHB)-Central Negros ang patrol base ng 62nd IB sa Barangay Sandayao proper, Guihulngan City, Negros Oriental bandang alas 8:00 ng gabi noong Disyembre 13. Dalawa ang nasugatan sa nagulantang na mga pasistang tropa ng 62nd IB.

“Kongkretong tugon ito ng BHB sa mga reklamo ng mamamayan sa kabukiran ng Central Negros dulot ng mga paglabag sa karapatang-tao ng 62nd IB,” ayon kay Ka JB Reglado, tagapagsalita ng BHB-Central Negros. Kabilang sa pinakahuling mga krimen ng 62nd IB ang pagpatay nito sa

magsasakang si Braulio Tobalado sa Barangay Amontay, Binalbagan, Negros Occidental noong Disyembre 6.

Sa talaan ng Ang Bayan, hindi bababa sa 160 kaso ng paglabag sa karapatang-tao ang isinagawa ng mga sundalo ng 62nd IB sa mga bayan ng Negros ngayong 2023. Tumatayong kumander ng batalyon at pangunahin responsable sa mga krimeng ito si Lt Col William Pesase Jr. Itinalaga siya sa batalyon noong Pebrero 2022.

Nanindigan ang BHB-Central Negros na pagbabayarin nito ang pasistang militar laluna ang pinakaberdugo sa mga ito na umaatake sa mga sibilyan sa Central Negros.

## Taas-singil sa tubig, bunga ng kainutilan ng gubyerno

Disyembre 15, 2023

Dismayado ang mga maralita sa anunsyo ng Metropolitan Waterworks and Sewerage System (MWSS) na inaprubahan nito ang pagtataas sa singil ng mga pribadong kumpanya sa tubig na Maynilad Water Services Inc. at Manila Water Co. Inc sa darating na Enero 2024. Ayon sa Kalipunan ng Damayang Mahihirap (Kadamay), ang pagtaas ng presyo ng mga batayang serbisyo ay indikasyon ng kapabayaan ng pamahalaan. Maapektuhan ng taas-singil sa tubig ang mga residente ng Metro Manila at karatig prubinsya.

Magtataas ng singil ang Manila Water nang ₱6.41 kada metro kubiko (cubic meter), mula ₱35.86

ngayong taon tungong ₱42.27 kada metro kubiko ang sisingilin ng kumpanya pagpasok ng bagong taon. Nagsusuplay ng tubig ang Manila Water sa 25 syudad at munisipyo sa Metro Manila at Rizal.

Mula 2010 hanggang 2020, umabot sa ₱5.453 bilyon ang taunang netong kita ng Manila Water. Pinakamalaki ang ibinulsa ng kumpanya noong 2018 na umabot nang ₱6.52 bilyon. Ang Manila Water ay pag-aari ni Enrique K. Razon, isa sa pinakamalaking burgesyang kumprador sa bansa.

Magtataas naman ang Maynilad nang abereyds na ₱7.87 kada metro kubiko. Ang Maynilad ang suplayer ng tubig sa kanlurang bahagi ng Metro Manila at ilang lugar sa Cavite. [20231215_Taas-singil-sa-tubig-bunga-ng-kainutilan-ng-gubyerno]

Tinawag ng Kadamay na di makatwiran ang mga pagtataas ng singil dahil wala itong pagsasaalang-alang sa pampinansyang kapasidad ng mamamayan. Anito, kalabisan ang palagiang pagtataas ng presyo ng batayang serbisyo gayong usad-pagong ang pagtaas ng sahod.

Pangangatwiran naman ng mga upisyal ng MWSS, kinakailangan ang pagtataas ng singil para punan ng mga konsesyuner ang mga gastusin sa iba't ibang mga proyekto para magkaroon ng sapat na tubig sa mga lugar na sinusuplayan nito sa panahon ng epekto ng El Niño sa susunod na taon.

Puna ng Kadamay, "Alam naman ng gubyerno na bahagi ng klima ng Pilipinas ang El Niño. Bakit tila taun-taon ay nagugulat ang MWSS at para

baga kailangang paghandaan ang El Niño kaya kailangan ng biglaang taas-presyo?"

Ang pagtataas ng singil ng Maynilad at Manila Water ay ikalawa na sa serye ng pagtataas ngayong taon. Pinayagan din magtaas ang mga ito ng singil kada taon sa susunod na tatlong taon.

## Dedlayn ng 3rd ID sa "pagdurog" sa rebolusyonaryong kilusan sa Negros, muling inusog

Disyembre 16, 2023

Muling inusog ng 3rd ID ang dedlayn nito para "durugin" at ideklarang "insurgency-free" ang buong isla ng Negros tungong unang kwarto ng 2024. Mula ito sa naunang deklarasyon na "tatapusin" ang "insurhensya" sa rehiyon ngayong 2023. Habang tinawag ito ng Bagong Hukbong Bayan (BHB)-Negros na "panibagong bigong dedlayn," mangangahulugan din ito ng pagpapalawig ng militarisasyon sa mga komunidad sa isla.

Alinsunod sa hibang na deklarasyon ng kumander ng 3rd ID na si Maj. Gen. Marion Sison, inaasahan ng 3rd ID na sa unang kwarto ng 2024 ay "tuluyan nang madudurog" ang mga larangang gerilya sa timog na bahagi ng isla ng Negros. Aniya, nabuwag na ng militar ang mga larangang gerilya ng hukbong bayan sa Northern Negros, Central Negros, South Central Negros at Southeast Negros habang kinategorisa bilang "mahinang" larangan ang yunit sa Southwest Negros.

Taliwas dito, apat kada buwan ang abereyds na armadong opensiba ng mga yunit ng BHB sa isla ng Negros sa nagdaang taon. Lahat ng limang larangang gerilya sa isla ay nag-ambag sa mga taktikal na opensibang ito.

Ayon kay Ka Maoche Legislador, tagapagsalita ng BHB-Negros, ang paulit-ulit na pagsasabi ng 3rd ID na nabuwag na ang mga larangan sa Negros ay tangka lamang para pagtakpan ang katotohanang bigung-bigo ito sa layuning gapiin ang rebolusyonaryong kilusan sa isla. Ginagamit din umano nila ang mga katagang ito para "aktibong manipulahin ang katotohanan para pagtakpan ang kanilang mga paglabag sa karapatang-tao."

Sa datos na nakalap ng Ang Bayan, hindi bababa sa 345 kaso ng paglabag sa karapatang-tao ang isinagawa ng mga yunit ng 3rd ID sa isla mula Disyembre 1, 2022 hanggang Disyembre 1 ngayong taon. Humigit-kumulang 10,000 katao ang biktima ng mga paglabag sa karapatang-tao kung saan 38 ang pinatay.

"Mga sibilyan at komunidad ng magsasaka ang tinatarget, ginagamit ang mga inosenteng sibilyan para sa kanilang kurakot na kampanyang pagpapasurrender o simpleng pinapatay ang mga biktimang tumatangging makipagtulungan," ito umano ang kalagayan sa isla, ayon kay Ka Maoche.

Wala umanong maipagmamalaki ang 3rd ID sa sinasabi nitong pagpatay sa mga lider ng rebolusyonaryong kilusan sa isla laluna at pinatay ang mga ito nang walang kalaban-laban o nasa

katayuang hors de combat. Kabilang sa mga biktimang ito ang mga konsultant pangkapayapaan ng National Democratic Front of the Philippines (NDFP) na sina Rogelio Posadas at Ericson Acosta, at ang tagapagsalita ng BHB-Negros na si Ka Juanito Magbanua (Romeo Nanta).

Giit pa ni Ka Maoche, walang silbi sa masang Negrosanon ang mga proyektong imprastruktura ng rehimen na ipinatupad sa ilalim ng Support to Barangay Development Program ng National Task Force-Elcac. Malinaw umano sa masang magsasaka na pawang palabas lamang ang mga ito at sa katunayan ay para lamang sa kurakot at kikbak ng mga heneral.

Pagtatapos niya, niloloko lamang ni MGen. Sison ang kanyang sarili at mga kapwa upisyal at bayarang berdugo ng rehimeng US-Marcos na ang deklarasyon ng bagong target ay kanilang matutupad. Aniya, "kung ang alam lamang gawin ng mga tropa ng gubyerno ay panggegera at paggawa ng krimen, tiyak na mabibigo ang kanilang dedlayn, at muling mapatutunayan na ang armadong rebolusyon ang tanging landas para makamtan ng mamamayan ang makatarungan at pangmatagalang kapayapaan."

## Piston at Manibela, nagsanib pwersa sa Mendiola

Disyembre 16, 2023

Magkasamang nagmartsa tungong Mendiola sa Maynila sa ikalawang araw ng tigil-pasada noong

Disyembre 15 ang grupo ng mga tsuper at opereytor na Pagkakaisa ng mga Samahan ng Tsuper at Operator Nationwide (Piston) at Samahang Manibela Mananakay at Nagka-Isang Terminal ng Transportasyon (Manibela), at kanilang mga tagasuporta. Ito ay para singilin at panagutin si Ferdinand Marcos Jr sa public utility vehicle (PUV) phaseout sa tabing ng sapilitang konsolidasyon ng prangkisa at bogus na "modernisasyon." Sigaw nila: Marcos traydor sa tsuper, walang puso sa komyuter, tuta ng korporasyon at dayuhan!

Sa Mendiola, ipinahayag nila ang kanilang galit sa kawalang-kibo ng rehimeng US-Marcos sa panawagan ng mamamayan. Inianunsyo ng dalawang grupo ang plano nitong ituloy ang malawakang tigil-pasada at kilos protesta sa susunod na linggo hanggang hindi ibinabasura ang PUV phaseout.

Noong Disyembre 12, inanunsyo ni Marcos na hindi iaatras ng kanyang rehimen ang dedlayn sa sapilitang konsolidasyon ng prangkisa.

Binatikos din ng Piston ang inilabas na Memorandum Circular 2023-051 ng Land Transportation Franchising and Regulatory Board (LTFRB) kahapon, na nagsasabing papayagang makabyahe ang mga yunit na nag-file na ng konsolidasyon kahit hindi pa aprubado ng ahensya. Itinuring ito ng Piston na isang "pailalim" na hakbang ng ahensya para hatiin ang hanay ng mga tsuper at nagpapatunay na palpak ang iskema ng sapilitang konsolidasyon.

Tinatayang aabot sa 33,224 na dyip at UV Express sa buong National Capital Region ang hindi na makapagbyahe kapag itinuloy ang dedlayn. Halos 70% ng lahat ng dyip at 60% ng lahat ng UV Express ang mawawala sa NCR sa Enero 2024. "Lumalabas na talagang hindi uubra yung dedlayn na ginawa nila. Palpak talaga ang sistema," giit ng Piston.

Ito ang pamasko ni Marcos sa halos 140,000 na drayber, 60,000 na maliliit na opereytor, at higit 28.5 milyong komyuter na sasagasaan ng sapilitang konsolidasyon, ayon sa mga tsuper. Malinaw itong "masaker sa kabuhayan, sakuna sa transportasyon, at malawakang pangungulimbat sa napakaliit na ngang kita at sahod ng mga mananakay," giit nila.

Samantala, mistulang magnanakaw sa gabi na tumakas si Marcos mula sa pangangalampag ng mga tsuper at opereytor nang pumunta ito sa Japan noong Disyembre 15 para patuloy na ibenta ang Pilipinas sa dayuhang namumuhunan sa pulong sa ASEAN-Japan.

Ayon sa Piston at Manibela, tuluy-tuloy na lalabanan ng mga tsuper, opereytor at mamamayan ang sapilitang konsolidasyon at palpak, pahirap, at huwad na PUV Modernization Program. Tinatanaw ng Piston na ibayong "isandal sa pader" ang rehimeng Marcos at papanagutin ito sa pagmasaker sa kabuhayan ng maralitang Pilipino.

## Rodrigo Duterte, hindi na naman sumipot sa korte

Disyembre 16, 2023

Sa pangalawang pagkakataon, hindi sumipot ang dating pangulong Rodrigo Duterte sa Office of the Prosecutor sa Quezon City noong Disyembre 15. Sa kabila ito ng atas ng korte na personal na humarap para sa paunang imbestigasyon sa kasong malubhang pagbabanta o grave threat na ginawa nito laban kay ACT Teachers Rep. France Castro.

Tanging mga abugado ni Duterte ang humarap sa korte para maghain ng kontra-salaysay. Itinanggi ni Duterte ang mga akusasyon ni Castro at sinabing hindi niya pinagbantaan ang kinatawan. Sa kabila nito ay hindi siya personal na humarap sa korte. Matatandaang hindi rin siya sumipot sa unang pagdinig noong Disyembre 4.

Isinampa ang kaso laban kay Duterte noong Oktubre 24 dahil sa pahayag na "gusto niyang patayin" si Castro at mga katulad niya sa isang programa sa telebisyon noong Oktubre 11.

Ayon sa kampo ni Castro, natanggap nila ang kontra-salaysay ni Duterte at tinatayang ilalabas ng korte ang resolusyon kaugnay ng kaso sa Enero 2024.

Naglunsad ng noise barrage ang mga tagasuporta ni Castro sa Quezon City Hall of Justice kasabay ng pagdinig. Iginiit nilang papanagutin si Duterte

sa pagbabanta niya kay Rep. Castro at pati sa iba pa niyang mga krimen sa sangkatauhan.

## Mungkahing magbuo ng "national torture prevention body," suportado ng mga abugado

Disyembre 17, 2023

Sinuportahan ng National Union of Peoples' Lawyers (NUPL) ang mungkahi ng mga tauhan ng United Nations (UN) sa gubyerno ng Pilipinas na magtayo ng isang "national torture prevention body" para bantayan at pigilan ang pagsasagawa ng tortyur ng mga pwersa ng estado. Nabuo ng mga eksperto ang mungkahi nang dumating sa bansa noong Disyembre 3-14 at bumisita sa 40 kulungan, pasilidad militar, istasyon ng mga pulis at iba pa.

"Ang bigat ng mga isyung naobserbahan ng delegasyon ay nagpapatunay ng kakagyatan ng pagtatayo ng isang independyenteng mekanismo para iwasan ang tortyur," ayon kay Victor Zaharia, pinuno ng delegasyon ng Subcommittee on Prevention of Torture and other Cruel, Inhuman or Degrading Treatment or Punishment (SPT). Dapat bigyan ito ng akses sa lahat ng mga lugar ng pinagkukulungan, aniya.

Ang pambansang mekanismong ito, na dapat may sapat na rekurso, ay magiging susing katuwang ng SPT sa pagpigil sa mga tortyur at hindi magandang trato sa mga inaaresto sa Pilipinas.

Kaugnay nito, pinuna ng NUPL ang mga porma ng tortyur na ipinatutupad ng National Task Force (NTF)-Elcac. Kabilang dito ang kaso ng sapilitang pagpapaamin at “pagpapasuko” sa mga aktibista katulad ng ginawa kina Jhed Tamano and Jonila Castro, dalawang aktibistang anti-reklamasyon. Pinalubha pa umano ng krimeng ito ang pagkakait sa kanilang mga karapatan sa abugado at pagbisita ng pamilya habang nasa kustodiya ng militar.

Sa talaan ng Ang Bayan, hindi bababa sa 44 ang dumanas ng tortyur sa kamay ng mga sundalo ng Armed Forces of the Philippines (AFP) sa nagdaang taon, Disyembre 1, 2022 hanggang Disyembre 1 ngayong taon. Marami sa mga biktima ay napag-initan ng sundalo o pinararatangang tumutulong sa hukbong bayan.

Kabilang din dito ang kahindik-hindik na isang buwang pagkukulong at tortyur sa aktibistang si Arthur Lucenario. Dinukot siya noong madaling araw ng Abril 14 sa bayan ng San Miguel sa isla ng Bohol. Noong Mayo 12, ibinulagta ang patay niyang katawan sa Barangay Tabuan, Antequera. Gumawa ang AFP ng kwentong engkwentro para pagtakpan ang kanilang krimen. Bakas sa kanyang bangkay ang tindi ng dinanas niyang tortyur.

Sa kasalukuyan, mayroong 12 desaparesido sa ilalim ng rehimeng US-Marcos. Sa harap ng mga kasong ito, suportado ng NUPL ang panawagang bumuo ng mekanismo para sa regular na pagbisita sa mga lugar ng detensyon sa buong bansa.

Kabilang sa delegasyon ng SPT sina Zaharia (Moldova), Satyabhooshun Gupt Domah (Mauritius), Aisha Shujune Muhammad (Maldives), at Martin Zinkler (Germany). Kasama nila ang dalawang Human Rights Officers mula sa Office of the High Commissioner for Human Rights.

## Nagsisinungaling si Gibo Teodoro—NDFP Negotiating Panel

Disyembre 17, 2023

Pinuna ni Ka Juliet de Lima, interim chairperson ng Negotiating Panel ng National Democratic Front of the Philippines (NDFP), ang mga pahayag ni Department of National Defense Secretary Gilbert Teodoro Jr kamakailan kaugnay ng usapang pangkapayapaan at pinirmahang Oslo Joint Statement noong Nobyembre 23.

Imbes "pagpapasuko" sa rebolusyonaryong kilusan, tulad ng ibinabalandra ni Teodoro, dapat umanong pag-usapan ang sustantibong adyenda sa negosasyon kabilang ang Comprehensive Agreement on Social and Economic Reforms (CASER), na tatalakay sa mga sosyo-ekonomikong ugat ng armadong tunggalian.

Sadyang nagsisinungaling si Teodoro na "nagkaroon ng rekwes ang NDF sa isang negosyador na handa silang isuko ang armadong pakikibaka at kung ganun, bakit nga naman hindi (kami) makikipag-usap?" Walang katotohanan ang pahayag na ito.

Pambabaluktot din ang pahayag ni Teodoro na ito ang batayan ng Gubyerno ng Republika ng Pilipinas (GRP) nang makipagkasundo na pag-usapan ang posibilidad ng muling pagbubukas ng usapang pangkapayapaan. “Ang GRP ang unang lumapit sa NDFP at hindi ang kabaligtaran,” ani Ka Julie.

Malinaw ang tindig ni Teodoro sa karugtong na pahayag nito na “magpapatuloy ang mga aktibidad ng Armed Forces of the Philippines, ng Philippine National Police, at ang National Task Force-Elcac.” Sa aktwal, mangangahulugan ito nang walang-ampat na mga paglabag sa karapatang-tao sa ilalim ng kampanyang kontra-insurhensya sa kanayunan.

“Sintunado itong si Teodoro sa tono ng kanyang mga katrabaho sa delegasyon ng GRP, gayundin sa kung ano ang napagkasunduan ng dalawang Partido sa joint statement noong Nobyembre 23,” ayon kay Ka Julie.

Idiniin ni de Lima at ng NDFP na pumapasok sa negosasyong pangkapayapaan ang rebolusyonaryong kilusan hindi para pag-usapan ang pagsuko, kundi para lumikha ng espasyo para talakayin sa katanggap-tanggap at prinsipyadong pamamaraan ang pagkakamit ng makatarungan at pangmatagalang kapayapaan.

## Unang taon ng pagkamartir ni Ka Joma, ginunita

Disyembre 17, 2023

Naglunsad ng iba't ibang aktibidad noong Disyembre 16 ang mga demokratiko at progresibong organisasyon sa Pilipinas at sa The Netherlands para gunitain ang unang taon ng pagpanaw at pagkamartir ni Kasamang Jose Maria Sison. Nagbalik-aral sila sa mga akda at sulatin ni Ka Joma, nagpugay sa kanyang buhay na inialay sa pambansa-demokratikong adhikain, at ipinanatang itutuloy ang kanyang mga simulain.

Nagtipon sa University of the Philippines (UP)-Diliman ang daan-daang indibidwal, kapwa mga beteranong aktibista at mga kabataan, para sa isang talakayan at repleksyon sa mga sulatin ni Ka Joma.

Pinamagatang "Reflections on Palestine, the Philippines, and the Struggle for a Just and Lasting Peace," nagbigay ng mga repleksyon o personal na paglalarawan ang mga panauhin ng aktibidad sa mga sulatin ni Ka Joma kabilang ang "Our Urgent Tasks," artikulo sa agresyon at masaker ng Israel sa mamamayang Palestino, mga sulatin sa usapang pangkapayapaan sa pagitan ng NDFP at GRP, "On Revolutionary Violence," at kanyang huling pahayag na "Hindi magagapi ang demokratikong rebolusyon ng sambayanang Pilipino."

Hinangad ng naturang aktibidad at pag-aaral na makintal sa mga dumalo ang mahahalagang prinsipyo at aral ng buhay at pakikibaka ni Ka Joma na sinasalamin sa kanyang mga akda. Panata nilang palalaganapin ang liwanag ng kanyang gabay sa pamamagitan ng mga pag-aaral katulad ng ginawa sa araw na iyon.

Liban dito, inilunsad din ang isang serye ng Prof. Jose Maria Sison Lecture Series kung saan tinalakay ang imperyalistang krisis at ang kasalukuyang sitwasyon ng daigdig.

Sa Utrecht, The Netherlands, nagtipon ang mga kasama at kaibigan ng rebolusyonaryong kilusan sa Pilipinas sa upisina ng NDFP International para gunitain ang unang taong anibersaryo ng pagkamartir ni Ka Joma. Nagkaroon ng mga talumpati, awit, pagbasa ng tula at iba pang tipo ng kultural na pagtatanghal para gunitain ang makulay at makabuluhang buhay ni Ka Joma.

[ka-joma-lives-december-2023-commemoration-3-1024x683]

[ka-joma-lives-december-2023-commemoration-4-1024x683]

[ka-joma-lives-december-2023-commemoration-1-1024x683]

[ka-joma-lives-december-2023-commemoration-2-1024x683]

Ginawang gabay ng programa ang tula ni Ka Joma na “Stages of My Life” na mayroong limang saknong. Tinalakay nila ang buhay ni Ka Joma mula sa kanyang kabataan sa Ilocos, tungo sa kanyang pagkamulat sa pulitika, hanggang sa kanyang pagkadistyero sa The Netherlands. Tinapos ni Ka Joma ang tulang ito nang may katiyakang magtatagumpay ang rebolusyonaryong pakikibaka ng sambayanang Pilipino.

Inilunsad din ng mga yunit ng Partido Komunista ng Pilipinas at Bagong Hukbong Bayan sa buong bansa ang iba't ibang aktibidad para gunitain at pagpugayan si Ka Joma. Sa ilang larangan, isinabay nila sa araw na iyon ang muling pagsumpa sa bandila ng Partido para pagtibayin ang buong pusong pagsisilbi sa mamamayang Pilipino at pag-aalay ng buhay sa pagtatagumpay ng demokratikong rebolusyong bayan.

## Writ of preliminary injunction kaugnay ng "teroristang" designasyon, dininig ng korte

Disyembre 17, 2023

Nagtipon sa harap ng Baguio Justice Hall, Baguio City ang mga kaanak, kaibigan at kasama ng apat na aktibista at lider ng Cordillera People's Alliance (CPA) noong Disyembre 14 habang dinidinig ang inihain na writ of preliminary injunction kaugnay ng "teroristang designasyon" sa kanila ng Anti-Terrorism Council. Ang injunction ay temporaryong pagtatanggal sa mga implikasyon ng "teroristang" designasyon laban sa mga biktima habang dinidinig ang kabuuan ng kasong inihain nila.

Inihain nina Windel Bolinget, Sarah Abellon-Alikes, Jennifer Awingan-Taggaoa, at Stephen Tauli ang naturang injunction noong Nobyembre 23 kasabay ng petisyon na tuluyang ipabasura ang designasyon sa kanila ng ATC. Ito ang kauna-unahang ligal na aksyon na inihain sa korte laban sa gayong designasyon.

Sa kautusan ng ATC, inatasan nito ang Anti-Money Laundering Council na imbestigahan at i-freeze o hawakan at ipagkait ang salapi at mga ari-arian ng mga inakusahan. Ito ang mga nais ipahinto ng apat na aktibista sa pagsasampa nila ng writ of injuction.

Anila, ang patuloy na implementasyon ng mga ito ay nagdulot sa kanila ng malubha at hindi matutumbasang pinsala na labag sa kanilang mga karapatan sa konstitusyon. “Lubhang naapektuhan ng designasyon hindi lamang ang kanilang trabaho bilang mga tagapagtanggol ng karapatan ng mga katutubo sa Cordillera, kundi maging ang kanilang personal na buhay,” pahayag ng National Union of People’s Lawyers, katuwang nila sa pagsasampa ng kaso.

“Nang may lehitimong mga inihapag na usapin kaugnay ng kanilang lumulubhang sitwasyon, kagyat nilang hinihiling na bigyan sila ng korte ng ‘injunctice relief’,” ayon kay NUPL President Atty. Ephraim B. Cortez.

Samantala, binatikos ng CPA ang presensya ng isang armadong pulis na nakabihis sibilyan sa loob ng korte para sindakin ang mga lider ng grupo. Nauna nilang nakita ang naturang lalaki na basta-bastang kumukuha ng larawan ng mga nagpetisyon at nang komprontahin ay napag-alaman nilang isang pulis. Malinaw umano itong hakbang ng estado para gipitin sila.

## Bantog na mga Red-tagger na sila Badoy at Celiz, sinampahan ng kasong sibil

Disyembre 18, 2023

Nagsampa ng kasong sibil si Teddy Casiño, chairperson ng Bagong Alyansang Makabayan (Bayan), laban sa bantog na mga Red-tagger at ahente ng National Task Force (NTF)-Elcac na sila Lorraine Marie T. Badoy-Partosa at Jeffrey L. Celiz sa Makati City Regional Trial Court noong Disyembre 18. Inireklamo sila ni Casiño para sa mapang-abuso, mali at malisyosong mga pahayag at naggigiit ng kabayarang danyos na ₱2.1 milyon para rito.

Ayon sa National Union of Peoples' Lawyers (NUPL), grupo ng abugadong tumulong kay Casiño, nakabatay ang mga isinampang kaso sa paglabag sa Arikulo 19, 20, at 21 ng Civil Code, na nagbibigay ng remedyo para sa pag-abuso sa karapatan at para sa contra bonos mores (laban sa "good morals").

Sa reklamo ni Casiño, isinaad dito ang paulit-ulit at walang-tigil na Red-tagging at paninira nina Badoy-Partosa at Celiz laban sa kanya sa iba't ibang mga pagkakataon. Pangunahin dito ang pagbulalas ng dalawa sa walang-batayang mga akusasyon sa pambansang telebisyon bilang mga host sa programang "Laban Kasama ang Bayan" sa Sonshine Media Network International (SMNI).

"Huling-huli na ang ligal na aksyong ito. Simula pa 2020, ang dalawang taong ito, sa tulong at

suporta ng NTF-Elcac, ay mali, malisyoso, at pauli-ulit na nag-aakusa sa akin na sangkot sa terorismo, rebelyon at iba pang mga krimen bilang sinasabi nilang mataas na upisyal ng CPP-NPA-NDF," pahayag pa ni Casiño.

Ayon pa sa kanya, ang Red-tagging ay nakapagdulot ng "mental anguish, sleepless nights, wounded feelings, at moral shock" sa kanya. Giit niyang kagyat na itigil ng mga ito ang paninira, pagsisinungaling at Red-tagging.

Labis na apektado umano ang kanyang personal na buhay dulot ng ginagawa nina Badoy-Partoza at Celiz. Ibinahagi niya sa isang panayam sa midya na maging ang aktibidad ng kanyang anak kaugnay ng pagtulong sa nasalanta ng bagyo ay hindi pinalampas sa pag-Red-tag ng mga ito. Pinakamatindi umanong epekto nito ay ang pag-uudyok ng karahasan laban sa kanya dahil sa ginagawang Red-tagging.

Ang reklamo ni Casiño ay katuld sa mga kasong isinampa ng mamamahayag na si Atom Araullo laban kina Partosa at Celiz noong Setyembre.

## Humanitarian mission sa Batangas, iniimbestigahan ang sinasabing "engkwentro"

Disyembre 18, 2023

Nagpunta ang mga kasapi ng Karapatan-Southern Tagalog at Tanggol Batangan sa bayan ng Balayan, Batangas noong Disyembre 18 upang imbestigahan ang napaulat na mga paglabag sa

karapatang-tao sa “armadong engkwentro” na iniulat ng 59th IB sa Bagong Hukbong Bayan (BHB) sa Barangay Malalay sa Balayan. Ipinadala nito ang magkahiwalay na tim, isa sa Barangay Malalay at isa sa punerarya at kaanak ng mga nasawing biktima.

Inimbestigahan ng tim ng fact-finding mission sa Barangay Malalay ang pagkamatay ng anim na indibidwal at mga kaso ng paglabag sa mga karapatan ng mga ito. Siniyasat din nila ang kalagayan ng mga residente ng barangay at kalapit na mga komunidad. Pinag-usapan sa mga pulong na isinagawa ng misyon ang pagbibigay ng karampatang tulong at suporta sa mga apektadong residente. Ihahanda ng mga grupo ang paghahatid ng kagyat na mga makataong pangangailangan ng mga apektadong sibilyan at mamamayan kabilang ang pagkain at gamot at serbisyong medikal kabilang ang psycho-social.

Ang ikalawang tim naman ay umagapay sa mga kaanak ng mga napatay para tukuyin at kunin ang mga bangkay. Iniulat at ikinadismaya ng mga kaanak at mga tagapagtanggol ng karapatang-tao ang presensya ng 15 sundalo ng 59th IB na may dalang matataas na kalibreng armas sa punerarya.

Sinindak ng mga sundalo ang mga abugado at paralegal at pinagbawalan silang pumasok sa morge, sa kabila ng paggigiit ng visual autopsy sa mga napaslang. Anila, “wala ni-anumang presensya dapat ang mga militar sa punerarya kung talagang wala silang pinagtatakpan sa karumal-dumal na ginawa sa mga pinaslang nila, at nirerespeto nila ang mga kaanak.”

Anila, malinaw na may pananagutan ang uhaw-sa-dugong 59th IB, Philippine Navy, at Philippine Air Force, sa napakaraming paglabag sa karapatang-tao na ginawa nila sa mga residente ng Balayan at mga Batangueño sa pangkabuuan.

Giit nila, ang mga insidenteng ito ay patunay na itinatago ng 59th IB ang katotohanan sa pagkamatay ng mga nabuwal na mandirigma, na lubhang pagbalewala sa internasyunal na makataong batas (IHL), laluna sa paglapastangan sa bangkay.

Bago nito, nakipag-ugnayan ang Karapatan-ST sa mga upisyal ng Municipal Social Welfare Development ng Balayan kaugnay ng kalagayan ng mga sibilyan at mamamayang apektado sa nagpapatuloy na operasyon ng militar.

Ang sinasabing engkwentro ay naganap noong Disyembre 17 sa Barangay Malalay, ayon sa ulat ng mga sundalo. Naiulat din ang umano'y mga engkwentro sa bayan ng Lian ngayong Disyembre 18.

Sa harap nito, mahigpit na ipinapanawagan ng Karapatan-ST sa mga armadong grupo ng estado na igalang ang Comprehensive Agreement on the Respect for Human Rights and International Humanitarian Law (CARHRIHL) at itaguyod ang IHL.

## Mga drayber ng bus, nagprotesta sa upisina ng LTO

Disyembre 18, 2023

Nagprotesta sa upisina ng Land Transportation Office (LTO) sa Quezon City noong Disyembre 18 ang mga drayber ng bus mula sa iba't ibang kumpanya upang tutulan ang hindi makatarungang Demerit Points System ng ahensya na ipinatupad noon pang 2019. Pinangunahan ang pagkilos ng Malayang Alyansa ng Bus Employees at Laborers (Manibela).

Nagpataw ang naturang sistema, na bahagi ng Republic Act 10930, ng doble-dobleng "demerit points" para sa mga drayber ng pampumblikong sasakyan kumpara sa pribadong mga sasakyan. Sang-ayon dito, kapag nagkamit ang isang drayber ng 40 "demerit points" dulot ng mga "paglabag" sa batas trapiko, ipagkakait ang kanyang lisensya sa loob ng dalawang taon.

Ayon sa Manibela, libu-libong mga drayber at manggagawa ng bus ang napeperwisyo at nanganganganib mawalan ng kabuhayan dulot ng ganitong di-makatarungang patakaran. Ang arbitraryong pagkumpiska sa kanilang lisensya ay katumbas ng pagkawala ng kanilang trabaho. Lalo itong tumindi sa nakaraang mga buwan nang nakipagsabwatan ang mga lokal na gubyerno at coast guard sa pagpapatupad ng patakaran at panghuhuli sa mga drayber.

Anang grupo, ang magulong sistema ng transportasyon mismo ang salarin kung bakit "nalalabag" ng mga drayber ang mga patakaran sa trapiko. Kabilang dito ang walang maayos na sakayan at babaan na dapat itinatakda ng Metro Manila Development Authority at mga lokal na gubyerno.

Binatikos din ng Manibela ang pahirap na sistemang komisyon at boundary na nagtatakda ng kanilang kita batay sa dami ng pasahero na kanilang naisasakay. Bagaman hindi ito direktang pananagutan ng LTO, limitado at halos wala itong suporta sa mga drayber. Pinababayaan umano nitong kumamal ng napakalaking kita ang mga pribadong kumpanya habang katiting ang sahod at kita ng mga maliliit na drayber para sa 15-20 na oras pagtatrabaho.

Kamakailan, napagtagumpayan ng grupo ang pagpapatigil sa paglalabas ng "show cause order" ng LTO laban sa libu-libong drayber ng pampublikong bus.

## Pag-aaral ng BKP, parangal kay Ka Joma, inilunsad ng BHB-Central Negros

Disyembre 19, 2023

Magkasunod na inilunsad ng Bagong Hukbong Bayan (BHB)-Central Negros (Leonardo Panaligan Command) ang pag-aaral sa Batayang Kurso ng Partido (BKP) at araw ng parangal kay Kasamang Jose Maria Sison at iba pang mga martir ng rebolusyon noong Disyembre 13 hanggang Disyembre 18. Ligtas at matiwasay na nailunsad ang naturang mga aktibidad sa tulong at suporta ng baseng masa sa gitna ng focused military operation sa larangan.

Ayon sa datos ng yunit, humigit-kumulang 250 sundalo ng 62nd IB ang nag-operasyon mula Disyembre 9 hanggang Disyembre 19, kasabay din ng panahon ng kanilang aktibidad. Sinaklaw ng

operasyong ito ang Guihulngan City sa Negros Oriental, at Binalbagan at La Castellana sa Negros Occidental.

“Malaki ang pasasalamat namin sa walang-maliw na suporta ng masa, kagaya ng suportang moral, ekonomiya, pinansyal at seguridad…sa matagumpay na pagdaraos ng mga aktibidad sa gitna ng operasyong militar sa larangang gerilya,” ayon sa BHB-Central Negros.

Nakapagtapos sa 5-araw na BKP ang sampung Pulang mandirigma ng yunit. Kabilang dito si Ka Gab na nagbahaging malaki ang naitulong ng pag-aaral sa pagpapatibay ng kanyang ideolohikal na kaalaman. “Ang talakayan sa paksang imperyalismo ay nagbigay kaliwanagan sa akin kung bakit walang demokrasya at kalayaan ang mga mamamayan sa malakolonya kagaya ng Pilipinas,” salaysay ni Ka Gab.

Naunawaan niya rin sa tulong ng paksang ekonomyang pampulitika ang labis na pagsasamantalang kanyang dinanas mula sa kamay ng panginoong maylupa nang hindi pa sumasampa sa BHB, sa pagtatrabaho bilang “karga-tapas” na may mababang sweldo at walang benepisyo.

“Kinakailangang parati at patuloy tayong mag-aral, huwag mag-alinlangan sa pagpapatibay ng ating ideolohiya na kinakailangan para balikatin ang mahirap na tungkulin ng pagsusulong sa armadong pakikibaka laban sa inutil, pahirap at korap na rehimeng US-Marcos,” ayon pa kay Ka Gab.

Matapos nito, nilunsad naman ng yunit ang araw ng parangal sa mga martir ng rebolusyon. Binigyang-pugay ng mga Pulang mandirigma at ng rebolusyonaryong masa si Ka Joma sa kanyang ginintuang kontribusyon sa rebolusyong Pilipino, kanyang pamumuno sa Partido, at paglalapat ng Marxismo-Leninismo-Maoismo sa Rebolusyong Pilipino. Ginunita ng Partido ang unang taon ng pagkamartir ni Ka Joma noong Disyembre 16.

Inalala at pinarangalan din nila ang mga martir ng rebolusyon sa Isla ng Negros kabilang sina Ka Kokoy (Rogelio Posadas) at Ka Fredo (Ericson Acosta ), kapwa mga konsultant ng National Democratic Front of the Philippines-Negros Island, at Ka Juanito Magbanua (Romeo Nanta), tagapagsalita ng BHB-Negros Island Regional Operational Command (Apolinario Gatmaitan Command). Kasabay nito, pinarangalan din nila ang mga rebolusyonaryong martir ng Agit-Trinidad 10, Ka Miguel (Anthony Curson), Ka Dager (Alvin Bayno), Ka Ryan (Julwar Lobiano), Ka Kris (Cristito Nellles Jr.), Ka Marnie (Rolly Benero), Ka Bryan (Marvic Ebarle), Ka Bambam, (Ponciano Sevilla) at Ka Jessie (Leonardo Panaligan), at iba pang mga rebolusyonaryong martir.

Sa temang “Kayo ang Gabay at Inspirasyon! Armadong rebolusyon, ipagpatuloy!” ibinahagi sa mga talumpati sa parangal ang naging ambag ng mga martir sa komprehensibong pagsulong ng larangang gerilya sa nagdaang mga taon. Nagtanghal din ang mga mandirigma ng

pangkulturang presentasyon. Nag-alay din ang yunit ng tahimik na 21-gun salute sa mga martir.

“Nakikipaglaban tayo sa kaaway sa uri at sa kanilang mga papet na berdugo at pasistang AFP at PNP, para sa kalayaan ng malapad na masang api at pinagsasamantalahan,” ayon kay Ka Bikoy, katuwang na platun lider ng yunit. Sa harap nito, aniya, “normal lamang na makaranas tayo ng mabibigat na sakripisyo, laluna ang kamatayan.”

“Mamatay man tayo, mayroong mga susunod sa ating yapak na magrerebolusyon. Kung mamatay tayong ngsisilbi sa mamamayan, makabuluhan ang ating buhay, kasingbigat ng Bundok Kanlaon,” pagpapatuloy niya sa talumpati. At aniya, lubhang kabaligtaran ang buhay ng mga traydor sa adhikain ng mamamayang api at rebolusyon, “mas magaan pa ang kabuluhan ng kanilang buhay sa balahibo ng manok.”

Matapos ang seremonya at programa ng parangal, sumumpa rin sa harap ng bandila ng Partido ang dalawang Pulang mandirigma bilang mga ganap na kasapi.

## Pagsasampa ng kasong frustrated homicide sa 2 lider-masa sa Cebu, kinundena

Disyembre 19, 2023

Kinundena ng Karapatan-Central Visayas at mga progresibong grupo ang anila’y gawa-gawang kasong frustrated homicide na isinampa laban kina John Ruiz III, koordineytor ng Bayan Muna

Central Visayas, at Jhonggie Rumol, dating direktor ng Visayas Institute for Human Development Agency, Inc. Sina Ruiz at Rumol ay idinadawit sa naganap na armadong engkwentro sa pagitan ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) at 79th IB sa Sityo Sereje, Barangay San Isidro, Toboso, Negros Occidental noong Abril 6.

Naunang napag-alaman ng dalawa, sa tulong ng mga tagapagtanggol ng karapatang-tao sa Negros, na balak silang sampahan ng militar ng kasong frustrated murder. Ibinaba ito ng piskal tungong frustrated homicide at isinampa sa korte. Nagpyansa sila noong Disyembre 18 para sa kanilang pansamantalang kalayaan kaugnay ng kaso. Mayroong limang pangalan pang idinadawit ng militar sa kaso.

Ayon sa Karapatan-Central Visayas, pangunahing may pananagutan sa panggigipit na ito ang National Task Force-Elcac at Anti-Terrorism Council. Ang pagtarget umano ng militar sa mga kritiko ng gubyerno sa pagsasampa ng gawa-gawang mga kasong kriminal ay naglalayong pigilan ang paglakas ng kilusan ng mamamayan laban sa terorismong inihahasik ng estado.

“Ang reklamong ito ay batay sa kasinungalingang hinabi ng 79th IB sa kanilang desperasyong tugisin ang mga armadong rebelde at kamtin ang kanilang target na ideklarang insurgency-free ang Negros sa 2024,” ayon sa Karapatan-Central Visayas.

Katawa-tawa umano ang pagdadawit sa kanilang pangalan, at paratang na nakita ang kanilang mga

mukha ng mga sundalo, sa naturang armadong engkwentro gayong kilala silang mga aktibistang nangunguna sa mga kampanya at pakikibakang masa sa syudad, ayon kay Ruiz sa isang pahayag. Gayunpaman, sinabi niyang handa silang harapin ang kaso sa korte.

Dati nang nakararanas ng panggigipit mula sa estado si Ruiz. Noong Enero 2021, ilang ulit siyang nakatanggap ng mga text ng pagbabanta sa kanyang buhay. Target din siya ng Red-tagging ng militar laluna noong kasagsagan ng kampanya laban sa pribatisasyon ng Carbon Public Market noong 2021 sa Cebu City. Samantala, ang kasong frustrated homicide ang ikalawang kasong isinampa laban kay Rumol ngayong taon lamang.

Giit ng Karapatan-Central Visayas, "tulad ng iba pang mga gawa-gawang kaso, mahigpit naming ipinapanawagan na ibasura ang mga kasong ito." Anila, humuhugot sila ng motibasyon at pag-asa sa kamakailang ibinasurang mga kaso laban sa mga pambansang lider ng Bagong Alyansang Makabayan, at mga aktibista ng Southern Tagalog na sinampahan ng mga kasong may kaugnayan sa "terorismo."

## Pagdukot at pagpresentang "surenderi" sa 2 buntis na mandirigma ng BHB, binatikos

Disyembre 20, 2023

Kinundena ng BHB-Southeast Negros ang pagdukot at pagpresenta sa dalawang buntis na Pulang mandirigma ng Bagong Hukbong Bayan

(BHB)-Southeast Negros (Rachelle Mae Palang Command) na naka-medical leave ng mga sunalo ng 11th IB. Dinukot sina Jing Villacarillo (Ka Aubrey) at Ka Sara sa isang bahay sa Sityo Katubahan, Barangay Tayak, Siaton, Negros Oriental noong Disyembre 18. Ipinresenta silang mga "sumukong NPA" sa araw ding iyun.

Giit ng BHB-Southeast Negros, dapat kilalanin ang karapatan ng dalawa bilang mga bihag ng digma at hindi ipresenta na mga tropeyo para sa huwad na mga tagumpay ng korap na programa sa pagpapasuko ng National Task Force-Elcac. "Dapat kagyat silang palayain, huwag ipailalim sa tortyur at gamitin para sa kasinungalingan ng militar habang nakadetine sa kanilang base militar," pahayag ni Ka Estrella Banagbanag, tagapagsalita ng BHB-Southeast Negros.

Sang-ayon sa Protocol 1 ng Geneva Conventions, dapat kilalanin ang karapatan at bigyan ng karagdagang pag-aalaga ang mga buntis at ina na nadadakip ng katunggaling pwersa. "Dapat ituring ang mga kaso ng mga buntis at mga ina na mayroong sanggol na nakasalalay sa kanila na naaresto, nadetine o nakulong sa mga rasong may kaugnayan sa armadong tunggalian, nang mayroong pinakamataas na prayoridad," ayon sa ikalawang parapo ng Artikulo 76 nito.

Partikular na tinukoy naman ng Declaration on the Protection of Women and Children in Emergency and Armed Conflict ng United Nations General Assembly noong Disyembre 14, 1974 na isang krimen sa digma ang "lahat ng porma ng panunupil at malupit at hindi makataong pagtrato

sa kababaihan at mga bata, kabilang ang pagkukulong, tortyur, pamamaril, maramihang pag-aresto, kolektibong pamamarusa, paninira ng tirahan at pwersahang pagbabakwit, na isinagawa ng mga pwersang belligerent sa kasagsagan ng operasyong militar nito (Bilang 5).”

Giit ni Ka Estrella, dapat bigyan ng sapat na atensyong medikal ang kababaihang mga mandirigma at regular na bigyan ng medikal na atensyon. Dagdag dito, dapat umanong pahintulutan ang dalawa na makausap ang abugado na kanilang pinili at mabisita ng kani-kanilang pamilya.

Samantala, binatikos ni Ka Estrella ang pagpresenta ng 302nd IBde sa dalawang indibidwal na nagngangalang John Paul Acebron (Ka Bombo) at Delfin. Giit ni Ka Estrella, si Acebron ay matagal nang tumalikod sa rebolusyonaryong kilusan at nagsisilbi na ngayong aset ng militar at giya sa mga operasyong kombat ng 302nd IBde mula pa Agosto.

“Dapat papanagutin ang 302nd IBde, at ang 11th IB sa kanilang marumi at karumal-dumal na mga krimen laban sa mamamayan,” giit ni Ka Estrella.

## Raling-iglap, inilunsad ng KM-Southern Tagalog sa UP-Los Baños

Disyembre 20, 2023

Bitbit ang mga bandila ng Kabataang Makabayan (KM), Partido Komunista ng Pilipinas (PKP), Bagong Hukbong Bayan (BHB) at National

Democratic Front of the Philippines (NDFP), nagraling-iglap ang mga kasapi ng KM-Timog Katagalugan (TK) sa kampus ng University of the Philippines (UP)-Los Baños noong Disyembre 19. Bahagi ang rali ng pagdiriwang ng KM sa ika-59 na anibersaryo nito noong Nobyembre 30 at nalalapit na ika-55 anibersaryo ng PKP sa Disyembre 26.

Binasa ng isang kasapi ng KM-TK ang talumpati ng tagapagsalita ng grupo na si Karina Mabini. “Sa ika-59 na taon ng pagkatatag ng Kabataang Makabayan, nanatili ang pagtindig at paglahok ng mga kabataan ng Timog Katagalugan sa pagsulong sa pambansa demokratikong rebolusyon!” ayon sa pahayag.

Ayon kay Mabini, nagsusumikhay ang KM sa rehiyon sa iba’t-ibang larangan ng gawain upang maging mahuhusay na rebolusyonaryo at kadre ng pambansang demokratikong rebolusyon upang gamitin ang kanilang kagalingan para sa pagpapabagsak ng tatlong salot ng lipunan: ang imperyalismo, pyudalismo, at burukrata-kapitalismo.

“Nagbubunga ang ganitong pambansang kalagayan ng nagbabagang himagsikan. Sa harap ng matinding krisis at pasismo, armadong rebolusyon ang landas sa pagpapapalaya ng bayan,” giit ni Mabini.

Ilang linggo bago ang iglap-protesta, nagsagawa ng Oplan Pinta-Oplan Dikit ang mga kasapi ng KM at kapwa alyadong rebolsuyonaryong organisasyon nitong Artista at Manunulat ng

Sambayanan (Armas) sa loob ng kampus ng UP-Los Baños. Ipininta nila sa iba't ibang bahagi ng kampus ang mga panawagan kaugnay ng pagsusulong ng demokratikong rebolusyong bayan at paglahok dito ng mamamayang api.

Ayon sa pahayagang pangkampus ng mga mag-aaral ng UP-Los Baños, huling nagkaroon ng iglap-protesta ang KM sa loob ng kampus nito noong 2019.

## ₱2 alok na dagdag-sahod ng FCF Manufacturing, insulto; mga manggagawa, magwewelga

Disyembre 20, 2023

Naghain ng Notice of Strike ang unyon na Buklod ng Manggagawa sa FCF Manufacturing (BMFCFM) sa National Conciliation and Mediation Board (NCMB) noong Disyembre 5 matapos tanggihan ng kapitalista ng FCF Manufacturing ang giit ng unyon na ₱50 dagdag sahod sa collective bargaining agreement (CBA) nito. Inalok lamang ang mga manggagawa ng mapang-insultong ₱2 dagdag-sahod.

Ang FCF Manufacturing Corp. ay isang kumpanya na matatagpuan sa Freeport Area of Bataan (FAB) sa Mariveles, Bataan. Ang kumpanya ay gumagawa ng mamahaling mga kagamitan tulad ng leather bag at wallet na may tatak na Coach at Kate Spade. Kabilang ang FCF sa mga kumpanya ng Fashion Focus Ltd, isang kumpanya na nakabase sa China.

Matapos ang paghahain ng notice ng unyon, muling humarap ang mga lider ng BMFCFM sa maneydsment ng kumpanya ngunit patuloy itong nagmatigas at sinabing sarado na sa ₱2 ang dagdag-sahod para sa mga manggagawa.

“Para makuha natin [ang taas-sahod] kailangan nating kumilos syempre at hindi naman po pwede na maghihintay tayo o mag-aabang sakaling ibibigay. Hindi po. Ang CBA po at ang benepisyo ay ipinaglalaban po talaga yan”, ayon kay Armando delos Santos, pangulo ng BMFCFM.

Tumatanggap lamang ng ₱500 ang lahat ng mga manggagawa ng FCF Manufacturing. Lubhang malayo ito sa tinatayang ₱1,142 nakabubuhay na sahod noong Nobyembre sa Central Luzon, kung saan kabilang ang Bataan. Liban dito, laganap din ang mga paglabag sa karapatan ng manggagawa katulad ng palagiang force leave, iligal na tanggalan, at di makataong kundisyon sa paggawa ng kumpanya.

Samantala, nagpahayag ng pakikiisa ang Nagkakaisang Manggagawa ng FAB (NMFAB) sa BMFCFM sa makatwirang laban ng mga manggagawa para sa dagdag-sahod. Ayon sa grupo, “Sa milyun-milyong produkto at kita ng kapitalistang FCF, pang-iinsulto ang ₱2 limos para sa mga manggagawa. Dapat ding magkaisa ang lahat ng mga manggagawa ng FCF na igiit at ipaglaban ang nakabubuhay sahod alinsunod sa kanilang mga kahingian at panawagan.”

Patunay din umano ng hindi pagkakasundo ng kapitalista at ng unyon ang malaking

pangangailangng ipaglaban ang mas mataas na sahod sa harap ng hindi mapigilang pagtaas ng presyo ng bilihin sa bansa. Nagbabala din ang NMFAB na hindi malabong gawin ng kapitalista ng FCF Manufacturing ang lahat ng paraan kagaya ng panunuhol, at pananakot, kaya susi umano sa tagumpay ng laban ang matibay na pagkakaisa ng manggagawa.

## Petisyon kontra PUV phaseout, isinampa ng mga tsuper at opereytor sa Korte Suprema

Disyembre 21, 2023

Nagsampa ng petisyon ang mga grupo ng tsuper at opereytor ng pampublikong pampasaherong sasakyan (public utility vehicle o PUV) sa Korte Suprema noong Disyembre 20 para pigilan ang implementasyon ng PUV phaseout sa darating na Enero. Hiniling nila, sa pangunguna ng Pagkakaisa ng mga Samahan ng mga Tsuper at Operator Nationwide (Piston), na maglabas ng temporary restraining order laban sa Department Order (DO) 2017-011 o Omnibus Franchising Guidelines (OFG), at iba pang mga katulad na patakaran ng Land Transportation Franchising and Regulatory Board (LTFRB) na nagtutulak sa sapilitang konsolidasyon ng prangkisa bago matapos ang taon.

Kasabay nito, nagpiket sa harap ng Korte ang may 400 tsuper at opereytor, at ang grupong Manibela (Samahang Manibela Mananakay at Nagka-Isang Terminal ng Transportasyon).

Sa petisyon nito sa Korte, inilatag nila na taliwas ang naturang programa sa kanilang karapatan sa malayang asosasyon ang sapilitang konsolidasyon. “Ang garantiya ng konstitusyon sa malayang asosasyon ay kinabibilangan ng kalayaang hindi pumaloob sa asosasyon,” ayon sa petisyon.

Pinipilit ng Public Utility Vehicle Modernization Program (PUVMP) ng gubyerno ang mga opereytor na ikonsolida o isuko ang kanilang indibidwal na prangkisa para maging isang prangkisa na lamang na nakapailalim sa isang kooperatiba o korporasyon. Isinaad din nila sa petisyon na walang karapatan ang sinuman na pilitin silang bumuo o sumama sa anumang asosasyon.

“Ang pagbawi sa prangkisa dahil sa hindi pagsali sa kooperatiba ay labag sa karapatan ng mga drayber at operator,” pahayag ni Mody Floranda, pambansang pangulo ng Piston. Aniya, “tatanggalan sila ng kabuhayan sa batayan ng hindi nila pagsali sa mga kooperatiba.”

Kung matutuloy ang dedlayn ng sapilitang konsolidasyon sa Disyembre 31, tinatayang nasa 30,862 ng mga yunit ng dyip at 4,852 yunit ng UV Express ang hindi makapapamasada sa National Capital Region (NCR) dahil hindi ito nagkonsolida. Mawawalan ng kabuhayan ang halos 64,000 na mga tsuper at 25,000 na mga opereytor sa NCR. Gutom ang idudulot nito sa halos 20,000 pamilya sa buong NCR.

Sa buong bansa, nasa 64,639 yunit ng PUV ang hindi nagkonsolida at mawawalan ng trabaho ang

may 140,000 tsuper at 60,000 opereytor. Maaapektuhan nito ang 28.5 milyong pasahero.

“Napatunayan nating walang puso si Marcos Jr dahil sa malawakang kawalan ng trabaho at malubhang transport disaster ang ibubungad niya sa bagong taon,” giit ni Floranda. Kaya ang hiling umano nila sa Korte Suprema ay kaagad na aksyunan ang kanilang petisyon para isalba hindi lang ang kabuhayan ng mga tsuper at operator, kundi ang kapakanan ng mga komyuter.

Muling naglunsad ng tigil-pasada ang grupong Piston at Manibela simula Disyembre 21 para igiit ang pagbabasura sa sapilitang konsolidasyon ng prangkisa at sa PUVMP.

## 68 mamamahayag na ang napatay sa Gaza

Disyembre 22, 2023

Sa huling ulat na inilabas ng Committee to Protect Journalists (CPJ) noong Disyembre 21, umaabot na sa 68 mamamahayag at manggagawa sa midya ang kabilang sa 19,000 namatay sa gaza at West Bank mula Oktubre 7. Labinlima ang naiulat na sugatan, tatlo ang nawawala at 20 ang sinabing inaresto ng mga pwersa ng Zionistang Israel.

Hindi na mabilang ang mga kaso ng pag-atake, pagbabanta, pagsensor at pag-atake sa internet laban sa kanila. Marami rin ang naitalang pagtarget sa pambobomba at pagpatay sa kanilang mga pamilya. Mas marami pang kaso ng mga mamamahayag na nabalitang pinatay,

nawawala, ikinulong, sugatan, sinaktan o pinagbantaan, ang kasalukuyang iniimbestigahan ng grupo.

Ayon sa CPJ, ito na ang pinakamadugong taon para sa mga mamamahayag sa nakaraang 30 taon, at tiyak na tataas pa ang bilang. Ayon sa mga news agency na Reuters at Agence France Press, sinabi ng Israel na "walang garantiya" na "hindi tatargetin" ng mga atake nito ang mga mamamahayag. Labag ito sa internasyunal na batas na nagsasaad na protektadong mga indibidwal ang mga mamamahayag at dapat na hindi sila ginagawang target at tinitiyak ang kanilang kaligtasan sa lahat ng panahon sa mga lugar na may armadong tunggalian.

Liban sa direktang pang-aatake, kinakaharap ng mga mamamahayag na nasa Gaza ang mga putul-putol na komunikasyon (dulot ng sadyang pambobomba ng Israel sa lahat ng batayang imprastruktura, kabilang sa telekomunikasyon), kakulangan ng pagkain at iba pang pangangailangan, at madalas na pagkawala ng kuryente.

"Idiniin ng CPJ na mga sibilyan ang mga mamamahayag na gumagampan ng importanteng tungkulin sa pahanon ng krisis, at na hindi sila dapat gawing target na anumang magkatunggaling partido," ayon sa CPJ.

## Bagong kaso ng pagpaslang ng dating mandirigma sa Sorsogon, naitala

Disyembre 24, 2023

Pinaslang ng mga elemento ng 31st IB si Joseph Esperanzate, 42, sa kanyang tahanan sa Purok Iraya, Barangay Union sa bayan ng Gubat, noong Disyembre 17, bandang alas-4 ng umaga.

Si Esperanzate ay dating naging myembro ng Bagong Hukbong Bayan (Bagong Hukbong Bayan) noong 2013 ngunit matagal nang nagbuhay sibilyan. Mula 2019, ilang beses na siyang pinipilit ng militar na pumaloob sa E-CLIP ngunit tumanggi siya at sinabing gusto niyang mamuhay nang tahimik.

Si Esperanzate ay ikalawang biktima ng pamamaslang sa prubinsya ngayong taon at ikalawang dating mandirigma na tinarget ng AFP dahil sa pagtanggi niyang pumaloob sa E-CLIP.

Matatandaang unang pinaslang si Arnel Halum noong Nobyembre dahil sa pagtanggi niyang maging bayarang ahente na ng estado. Nilapitan siya noon ng mga nagtraydor at nagpagamit sa AFP.

Ayon kay Samuel Guerrero, tagapagsalita ng BHB-Sorsogon, "Ang pagpaslang kina Halum at Esperanzate ay nagpapatunay lamang na hindi ligtas sa pasismo at ekstrahudisyal na pamamaslang kahit ang matagal nang nagpahinga na mandirigma na sibilyan na ang katayuan."

"Para sa AFP, dalawa lamang ang pwede pagpilian ng mga dating mandirigma — ang "sumurender" sa ilalim ng E-CLIP at magpagamit sa pasismo ng AFP at PNP o kamatayan," dagdag niya.

## 12th IB at 82nd IB, nabigwasan sa 2 engkwentro sa BHB-Central Panay

Disyembre 27, 2023

Tatlong pasistang sundalo ng Armed Forces of the Philippines (AFP) ang napatay habang tatlong iba pa ang nasugatan sa dalawang engkwentro ng mga yunit nito laban sa Bagong Hukbong Bayan (BHB)-Central Panay (Jose Percival Estocada Jr. Command) noong Disyembre 9 at 10 sa Iloilo. Itinanggi at itinago ng mga pasista ang kanilang mga kaswalti sa naturang mga labanan.

Napatay ng mga mandirigma ng BHB-Central Panay ang tatlong sundalo ng 12th IB nang makasagupa ang mga ito sa Barangay Manaripay, Calinog, Iloilo noong Disyembre 10, bandang alas-4:50 ng hapon. Liban dito, may ilan pang nasugatan sa mga pasista ayon sa nakalap na impormasyon ng BHB-Central Panay.

“Itinago ng 12th IB ang mga kaswalti nito at sikretong inilabas mula sa lugar ng engkwentro noong madaling araw ng Disyembre 11,” ayon kay Ka Siera Roja, media liaison officer ng BHB-Central Panay.

Samantala, tatlong sundalo ng 82nd IB ang nasugatan sa engkwentro nito sa isa pang yunit ng BHB-Central Panay sa Sityo Tagbakan, Barangay Jayobo, Lambunao, Iloilo noong Disyembre 9, alas 8 ng umaga.

“Wala namang kaswalti sa mga yunit ng BHB sa dalawang engkwentro,” ayon kay Ka Siera.

Pinasinungalingan naman ni Ka Siera ang pinalalabas na isa pang engkwentro ng 31st Division Reconnaissance Company sa Sityo Tagbakan 1, Barangay Jayubo, Lambunao noong Disyembre 10 ng umaga. Giit niya, walang yunit ng BHB-Central Panay na nakasagupa ang 31st DRC at pawang kasinungalingan lamang ito.

"Ang katotohanan, pinatay nila ang sibilyang si Bombik Bajoyo na mayroong kapansanan sa pag-iisip at pinalalabas na mandirigma ng BHB," pahayag ni Ka Siera.

## 8 bahagi ng kilusang pagwawasto, inilatag ng Partido

Disyembre 27, 2023

Nanawagan ang Partido Komunista ng Pilipinas, sa ika-55 taong anibersaryo ng pagkakatatag nito, na "mapagpasya at masigasig na isulong ang isang kumprehensibong kilusang pagwawasto para sa mahalagang pakikibaka para itakwil ang mapaminsalang mga epekto at impluwensya ng iba't ibang hibo ng burgis at petiburgis na suhetibismo."

Ang kilusang ito ay pangunahin para "itaas ang ating pag-unawa at pahigpitin ang ating gagap sa Marxismo-Leninismo-Maoismo at sa mga prinsipyo at linya ng Partido," deklara ng Komite Sentral sa pahayag nito noong Disyembre 26. Layunin din nitong "harapin at resolbahin ang matagal nang umiiral na mga kahinaan at kamalian sa pagbubuo ng Partido, sa paglulunsad ng rebolusyonaryong armadong pakikibaka at sa pagsusulong ng

rebolusyonaryong kilusang masa sa kalunsuran at kanayunan.”

Magkakaroon ito ng walong component o bahagi. Tatlo rito ay mga kampanyang pag-aaral at pagbabalik-aral. Dalawa ang nakatuon sa pag-aaral sa karanasan at kongkretong mga kundisyon. Ang iba pa ay ang nakatuon sa puspusan at lahatang-panig na pagpupuna, pagtatasa sa antas at kakayahan ng lahat ng kasapi ng Partido, at pagtitiyak na naipapatupad ang mga kurso sa edukasyon.

Alinsuod sa pahayag, ito ang sumusunod:

1) kampanyang pag-aaral para puspusang aralin at balik-aralin ang batayang mga prinsipyo ng Marxismo-Leninismo-Maoismo

2) kampanyang pag-aaral para puspusang balik-aralin ang Konstitusyon ng Partido at ang Programa para sa Demokratikong Rebolusyong Bayan

3) kampanyang pag-aaral para balik-aralin ang mga dokumento ng Una at Ikalawang Dakilang Kilusang Pagwawasto, Ang Mahigpit Nating mga Tungkulin at Partikular na Katangian ng Ating Digmang Bayan, at mga dokumento ng kasaysayan ng Partido

4) kampanya para lagumin ang mga karanasan at balik-aralin ang dating mga paglalagom

5) kampanya sa panlipunang pagsisiyasat at pagsusuri sa uri sa lahat ng antas

6) kampanya sa pagpuna at pagpuna-sa-sarili sa lahat ng antas

7) kampanya para tasahin ang pagtupad ng lahat ng mga kadre ng Partido

8) nagpapatuloy na kampanya para tiyakin ang lubos na pagpapatupad ng Tatlong Antas na Kurso ng Partido

Atas ng KS, ipatupad at lubusin ang lahat ng mga tungkuling ito sa loob ng 1-2 taon.

Ginunita ng PKP ang ika-55 anibersaryo nito noong Disyembre 26. Para bigyan ng pagkakataon ang mga Pulang mandirigma, rebolusyonaryong masa at mga tagasuporta na ipagdiwang ang okasyon, at bilang pakikiisa sa tradisyon ng mamamayang Pilipino sa Pasko, nagdeklara ito ng 2-araw na tigil-putukan mula Disyembre 25 hanggang Disyembre 26.

## Kabataang magsasaka, dinukot ng 62nd IB sa Negros Occidental

Disyembre 27, 2023

Dalawang araw bago ang Pasko, walang renda sa paghahasik ng terorismo ang 62nd IB sa bayan ng La Castellana, Negros Occidental. Dinukot ng tropa ng 62nd IB ang kabataang masasaka na si Allan Paul Rayna mula sa bahay ng kanyang pamilya noong Disyembre 23 sa Sityo Tayubong, Barangay Puso. Hindi pa siya natatagpuan hanggang sa kasalukuyan.

Ayon sa ulat, sinugod ng 62nd IB ang bahay ni Tacio Rayna, ama ni Allan Paul, sa Sityo Tayubong bandang alas-12 ng madaling araw at doon siya dinampot. Hinalughog din ng mga sundalo ang bahay ng mga Rayna at pinalalabas na natagpuan dito ang isang .45 kalibreng pistola, mga magasin at bala. Labis ang pag-aalala ng pamilya Rayna sa kalagayan ng kanilang kanak.

Simula pa 2019, pinuperwisyo na ng 62nd IB ang pamilya Rayna. Paulit-ulit na pinararatangan ang pamilya na mga tagasuporta ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) at sinisindak ng mga sundalo.

Kinundena ni Ka JB Regalado, tagapagsalita ng BHB-Central Negros, ang pagdakip kay Allan Paul at ang patung-patong na paglabag sa karapatang-tao ng pamilya Rayna. "Desperado at bigo ang AFP sa paghahabol sa CPP-NPA at karamihan sa mga pilit na pinasurender…sinampahan ng mga kasong kriminal, tinortyor, minasaker, at pinatay ay mga sibilyan," ayon pa kay Ka JB.

Sa buong isla ng Negros, naitala ng Ang Bayan ang higit 345 kaso ng paglabag sa karapatang-tao sa nagdaang taon.

## Mga tsuper sa Davao, nagtigil-pasada laban jeepney phaseout at BRT-Davao

Disyembre 27, 2023

Nagtigil-pasada ngayong araw, Disyembre 27, ang mga tsuper sa Davao City sa ilalim ng grupong Transmission-Piston. Ayon sa mga ulat, naparalisa nang 90% ang ruta ng Matina Aplaya at Matina

Crossing kaninang alas-7 ng umaga. Nasa 80% naman ang natigil sa transportasyon sa ruta ng Toril.

Bahagi ang tigil-pasada sa Davao ng serye ng mga pagkilos ng mga tsuper sa iba't ibang bahagi ng bansa. Kasalukuyang naghahanda ng isang mobilisasyon ang pambansang pamunuan ng Piston, katuwang ang grupong Manibela, sa Disyembre 29. Nilalabanan nila ang napipintong dedlayn ng pwersahang konsolidasyon ng mga prangkisa, na paunang hakbang sa pagtatanggal sa mga tradisyunal na dyip sa mga lansangan sa katapusan ng taon.

Ayon sa tagapagsalita ng Transmission-Piston na si Larry Argilles, nilalabanan ng mga tsuper sa syudad ang pwersahang konsolidasyon ng mga prangkisa dahil kabuhayan nila ang nakataya.

"Ang prangkisa para sa aming mga drayber at maliliit na operator ay isang kabuhayan na hindi dapat ipagkait sa amin," aniya. "Kung ipagdadamot sa amin ito, may karapatan kaming magprotesta at magpahayag dahil mawawalan ng pagkain ang aming pamilya… Hihintayin pa ba naming ang pagpapatupad ng Davao Bus Project para lang mapatunayang malaki ang epekto nito sa aming mga drayber?"

Tulad ng naging kalakaran ng mga pasistang Duterte sa syudad, binuwag ng mga pulis ng syudad ang sentro ng protesta na itinayo ng mga tsuper sa Ma-a kung kaya napilitan silang ilipat ang kanilang protesta sa Freedom Park. Labag ito sa karapatan ng mga tsuper sa mapayapang

pagtitipon. Tinatangka ring takutin ng mga pulis ang mga tsuper at kanilang mga tagasuporta sa sentro ng protesta na itinayo sa rutang Maa-Agdao.

Liban sa PUV Modernization Program (PUVMP) na programa ng dating rehimeng Duterte, na ipinagpatuloy ng kasalukuyan rehimeng Marcos Jr, tinututulan ng mga tsuper ang Davao Bus Project, kilala rin bilang sistemang Bus Rapid Transit (BRT) na ipinipilit ng Asian Development Bank, kasabwat ang pamilyang Duterte, sa syudad. Layunin ng sistemang BRT na lusawin ang kasalukuyang sistema ng transportasyon sa Davao na kinapalolooban ng mga moderno at tradisyunal na jeep, mga traysikel at bus, at palitan ito ng mga bus na aprubado ng ADB.

Sa ilalim ng sistemang BRT-Davao, papalitan ng 1,100 bus ang mahigit 7,000 dyip at libu-libong mga traysikel. Para gawin ito, ipinatupad ng lokal na gubyerno ang pwersahang konsolidasyon ng mga prangkisa mula pa 2017. Isinagawa ito sa pamamagitan ng pag-atake ng estado sa mga samahan ng tsuper at iba pang demokratikong grupo sa syudad. Di kataka-taka, isa ang Davao sa may pinakamataas na tantos ng pwersahang konsolidasyon sa buong bansa. (Ang rehiyon ang nagpataas ng pambansang tantos ng pwersahang konsolidasyon. Kumpara rito, napakababa ng konsolidasyon sa pambansang kabisera, kung saan nakakonsentra ang pinakamalaking bilang ng mga tradisyunal na dyip.)

Iginawad na ng ADB ang $1 bilyong “utang” sa lokal na gubyerno ng Davao na pinamumunuan ni

Sebastian Duterte, ang pangatlong anak ni Rodrigo Duterte. Nagkaroon ng hugis ang BRT-Davao noong panahong meyor ng syudad si Sara Duterte at presidente naman ng bansa ang amang Duterte. Tulad ng ibang mayor na proyektong imprastruktura sa syudad, tinatayang malaki ang pakinabang ng mga Duterte sa kurakot at kikbak mula sa mga kontrata nito. Nakatakda nang simulan ang "transisyon" ng sistema ng transportasyon ng syudad pagpasok ng taon.

Ang proyekto, na tinaguriang Davao Public Transport Modernization Project, ay binuo ng ADB noon pang 2015. Kasabay ng pagtatambak ng sarplas na mga luma at bagong bus sa syudad ng Japan at mga kaalyado nitong bansa, magiging tambakan din ito ng iba pang mga burloloy na nakakabit sa mga bus. Kaakibat ng BRT-Davao ang pagreretoke sa mga kalsada ng syudad, paglalatag ng bagong mga kalsada, pagtatayo ng mga shed, depot at terminal ng mga bus, pagsasaayos ng mga interseksyon, pagtatayo ng eskwelahan para sa mga drayber, at marami pang remedyong kailangang ilatag bago gumana ang sistema. Marami pang ibang proyektong imprastruktura ang balak itayo ang Japan at ADB sa syudad, na pawang nakapipinsala sa kabuhayan ng mamamayan, pero nakapagpayayaman naman sa mga korap na Duterte at kanilang mga kasapakat sa Davao.

Hindi lamang papatayin ng sistemang BRT-Davao ang kabuhayan ng libu-libong Dabawenyo, babayaran pa ng mamamayan ang bilyun-bilyong

pisong na inutang (at kukurakutin) ng mga Duterte para sa proyekto.

## Paglulunsad ng kilusang pagwawasto para iwaksi ang suhetibismo, ipinanawagan ng PKP sa ika-55 anibersaryo

Disyembre 27, 2023

Mayor na panawagan ng Partido Komunista ng Pilipinas ang paglulunsad ng kagyat at puspusang kilusang pagwawasto ng buong Partido para "tukuyin ang mga kahinaan, pagkukulang at mga pagkakamali upang iwasto at pangibabawan ang mga ito, at humakbang nang mas malaki sa susunod na taon."

Laman ang panawagan sa pahayag ng Komite Sentral (KS) sa ika-55 anibersaryo ng Partido na pinamagatang "Iwasto ang mga pagkakamali at palakasin ang Partido! Buklurin at pamunuan ang malawak na masa ng sambayanang Pilipino sa paglaban sa rehimeng US-Marcos! Isulong ang demokratikong rebolusyong bayan!"

"Habang ipinagdiriwang ang mga nagawa, kritikal na mulat ang Partido sa mga pagkakamali, kahinaan at kakulangan sa larangang pang-ideolohiya, pampulitika at pang-organisasyon na ilang taon nang umiiral," paliwanag ng KS.

Anito, determinado ang PKP na pamunuan ang mga manggagawa at sambayanang Pilipino. At habang nagpapalakas ito batay sa mga tagumpay, kinikilala nito kung paano ang "suhetibismo,

pangunahin sa anyo ng empirisismo, ay nagresulta sa kritikal na mga pagkakamali at tendensya, kahinaan at pagkukulang sa larangan ng ideolohiya, pulitika at organisasyon."

"Ang empirisismo ang pangunahing suhetibistang pagkakamali ng Partido na nagresulta pangunahin sa mga Kanang pagkakamali at tendensya," ayon sa KS, batay sa halos dalawang-taong pag-aaral ng mga kadre at kasapi sa naging praktika ng rebolusyon. Lumitaw ito, at ang katambal nitong dogmatismo, mula sa "kabiguang wastong ikombina ang teorya at praktika na humahantong sa maling mga ideya at praktika."

"Ang empirisismo ay praktikang walang teorya, na dumudulo sa bulag na pagrerebolusyon; habang ang dogmatismo ay teoryang nakahiwalay sa praktika, na dumudulo sa pagsesermon na walang rebolusyon," paliwanag ng KS.

Inilarawan nito ang kilusang pagwawasto bilang "konsentradong anyo ang laging umiiral na tunggalian sa loob ng Partido sa pagitan ng proletaryadong rebolusyonaryong linya at ng burgis at petiburgis na linya at moda ng pag-iisip."

Nilalabanan nito sa kasalukuyan ang laganap na empirisismo at ang iba't ibang hibo ng burgis at petiburges na suhetibismo na humahantong sa Kanan at "Kaliwang" oportunistang tendensya.

"Ang mga kadre at komite ng Partido ay kasalukuyang kinokonsolida para pangibabawan ang iba't ibang porma ng suhetibismo at matagal nang umiiral na Kanang kamalian, tendensya, o

mga kakulangan, para palakasin ang rebolusyonaryong mga pwersa at isulong ang rebolusyon nang may ibayong lakas," pagdeklara ng KS.

Ginunita ng PKP ang ika-55 anibersaryo nito noong Disyembre 26. Para bigyan ng pagkakataon ang mga Pulang mandirigma, rebolusyonaryong masa at mga tagasuporta na ipagdiwang ang okasyon, at bilang pakikiisa sa tradisyon ng mamamayang Pilipino sa Pasko, nagdeklara ito ng 2-araw na tigil-putukan mula Disyembre 25 hanggang Disyembre 26.

## Pagtatayo ng Cabacanan Dam sa Ilocos Norte, tinututulan

Disyembre 27, 2023

Nagpahayag ng matinding pagtutol ang Isnag Yapayao Balangon Tribal Council Inc (IYBTC) at Isnag Yapayao Ugayam Tribal Council (IYUTC) sa planong pagtatayo ng ₱800-milyong Cabacanan Small Reservoir Irrigation Project (CSRIP) sa kabundukan ng Barangay Saguigui, Pagudpud, Ilocos Norte. Nakatakdang magtayo ng malaking dam para sa proyekto sa naturang barangay at katabing Barangay Dampig na sakop ng lupang ninuno ng mga Isnag.

Ayon sa mga katutubo, minadali ng National Commission on Indigenous Peoples (NCIP)-Ilocos Norte ang proseso ng pagkuha ng free, prior and informed consent (FPIC) para sa aplikasyon ng National Irrigation Administration (NIA) sa CSRIP. "Ang ganitong presyur sa pambansang minorya ay

tumatapak sa aming karapatan para sa sariling pagpapasya," ayon sa pinagsanib na pahayag ng dalawang konseho ng Isnag.

Giit ng mga katutubo, hindi lubusan at hindi matapat na ipinaliwanang ng NIA kung ano ang layunin ng proyekto at lahat ng detalye na kailangang malaman ng tribung nakakasakop sa lugar. Hindi umano ipinaliwanag sa kanila ng NIA na ang CSRIP ay isang proyektong hdryopower at turismo ng isang kumpanyang Japanese. Pinalabas ng NIA na isang maliit na imbakan at irigasyon lamang ang proyekto.

Ang CSRIP ay may taas na 36.10 metro at lapad na 294.72 metro at mag-iimbak ng 2.87 milyong metro kubiko ng tubig. Ayon sa mga Isnag, may hatid na panganib ang ganitong imprastruktura na posibleng magdulot ng malaking baha sa mga barangay ng Saguigui, Subec, Baduang at iba pang mga barangay ng Pagudpud na nasa ibaba ng itatayong dam.

Liban sa banta ng baha, may pangamba rin itong hatid dulot ng Bangui fault line at Vigan-Aggao fault line na bumabaybay sa Pagudpud. "Paano, kung gayon, nasasabi ng NIA na 100 porsyentong ligtas ang pagtatayo ng dam?" tanong ng mga konseho ng Isnag.

"Matapos ang tatlong sesyon nang proseso ng FPIC at masusing pag-aaral sa mga presentasyon kaugnay ng layunin at disenyo ng proyekto, nagpasya kaming hindi payagan ang pagtatayo ng dam at itigil ang proseso ng pagkuha ng FPIC," ayon sa pahayag ng IYBTC at IYUTC.

Binatikos din nila ang pang-aagaw sa lupang ninuno at misrepresentasyon ni Emilio Rabago, isang nag-aangkin ng titulong “tribal chieftain” sa Barangay Saguigui at tau-tauhan ng NCIP-Ilocos Norte. Siya ang ahente ng NCIP-Ilocos na “nagpapahintulot” sa pagpapatayo ng CSRIP.

Nagsumite na ang dalawang konseho noong Nobyembre 29 sa NCIP Provincial Office ng joint resolution para ipatigil ang nasimulang proseso ng pagkuha ng FPIC, gayundin ang aplikasyon ng NIA para sa CSRIP batay sa mga nabanggit na rason.

Lantarang binalewala ng NCIP-Ilocos Norte ang naturang resolusyon at ipinagpatuloy ang pulong kinabukasan, na binoykot ng dalawang konseho ng Isnag. Anila, “ang hindi pagkilala ng NCIP-Ilocos sa aming resolusyon ay patunay ng hindi niya pagkilala sa sariling kapasyahan ng aming mga tribu.”

“Dapat lamang maintindihang mabuti ng NCIP at ng NIA na ang proseso ng FPIC ay hindi basta-basta at hindi maaaring adelantadong tapusin dahil ang pinagpapasyahan dito ay lupang ninuno na susing usapin para sa aming pambansang minorya,” ayon pa sa mga konseho.

Sa pagtutol ng mga Isnag sa mapanirang proyekto, kumakaharap sa panggigipit ang kanilang mga lider. Noong Disyembre 18, magkahiwalay na kinompronta ng dalawang pulis mula sa Bangui Police Station si Joseph Dacuycuy Padama, Indigenous People Mandatory Representative (IPMR) ng Bangui, katabing bayan

ng Pagudpud, at elder ng Masamuyao Isneg Yapayao Tribal Council, Inc.

Walang-batayang tinanong ng mga pulis si Padama kung naglabas ba sila ng resolusyon patungkol sa proyektong dam sa Pagudpud. Sagot ni Padama sa mga pulis, “NCIP naman ang alam kong may hawak kung tungkol sa FPIC ng mga proyekto na masasakop ang ancestral domain” at nagtataka kung bakit siya tinanong ng mga pulis.

Sagot pa umano niya sa mga ito, “Ano naman kung mayroon, ma’am? Kung hindi maganda ang epekto ng ipapatayong proyekto sa aming mga IP’s/ICC, ma’am, ay may karapatan kami na mapigilan ang isang proyekto kung nasakop ang ancestral domain namin, ma’am.”

Malinaw sa mga Isnag na hindi irigasyon o pagtulong sa masang minorya at magsasaka ang layunin ng proyekto. Anila, “Sa halip na para sa hydropower dam, nararapat na gamitin na lamang ang nakalaang ₱800 milyon sa pag-aayos ng mga nasirang irigasyon at pagpapaunlad sa mga ito. Ito ang isa sa mga dahilan kung kaya bumababa ang antas ng ani ng mga magsasaka sa probinsya.”

Dismayado sila sa napakarami nang proyektong windmill at solar farms na itinayo sa Ilocos Norte. “Sinakop ng mga ito ang mahigit 30,000 ektarya sa aming ancetsral domain. Ang mga ito ay hindi nagsisilbi sa masa ng aming probinsya at sa halip ay pinagkakakitaan lamang ng malalaking negosyante,” ayon sa dalawang konseho.

## Pamaskong-handog ng DOLE sa mga manggagawa: walang taas-sahod sa susunod na taon

Disyembre 27, 2023

Pinakamalamang na walang taas-sahod sa susunod na taon, deklara ng kalihim ng Department of Labor and Employment na si Bienvenido Laguesma noong araw mismo ng Pasko. Aniya, ito ay para "mag-sink in" o "lubos na maramdaman" ng mga manggagawa ang dagdag-sahod na ipinatupad ng iba't ibang regional wage board ngayon taon. Bahagya niya itong binawi sa sumunod na araw at sinabing "posible" pa rin depende sa desisyon ng mga wage board. Naghugas kamay siya bilang kalihim ng kagawaran at sinabing "wala siyang magagawa" kung itataas o hindi ang sahod sa susunod na taon. Kung itataas man, hindi daw ito "sasagkaan" ng kontra-manggagawang kagawaran.

Ang tinutukoy ni Laguesma ay ang barya-barya, nahuhuli at "staggered" na mga taas-sahod na ipinatupad ng aniya'y 15 sa 16 na regional wage board. (Hindi pa nagbibigay ng taas-sahod ang rehiyon ng Davao hanggang ngayon.)

Lalong ginatungan ng DOLE at pahayag ng kalihim nito ang galit ng manggagagawang Pilipino na naggiit ng makatarungang dagdag-sahod nitong taon.

"Umiipon nang umiipon ang galit ng mga manggagawa sa pagtanggi ng rehimeng Marcos na pakinggan ang hinihingi nilang makabuluhang

pagtaas sa sahod," pahayag ng Komite Sentral (KS) ng PKP noong Disyembre 26. "Labis silang naiinsulto ng kakarampot na umentong ipinag-utos ni Marcos sa pamamagitan ng mga regional wage board."

Saksi ang PKP sa pagputok ng ilang welga ngayong taon. "Malamang na pasimula (ang mga ito) ng mas malawak na kilusang masa ng mga manggagawa para mag-unyon at isulong ang sama-samang pakikibaka sa darating na panahon," anito.

Hinihilang pababa ang sahod ng malaking hukbo ng mga walang trabaho, ayon sa KS. Tinawag nitong "mala-alipin" ang kasalukuyang antas ng minimum na sahod na nasa ₱341 tungong ₱641 lamang. "Kulang na kulang (ito) para tustusang ang arawang pangangailangan ng lima-kataong pamilya na tinatayang nasa ₱1,188 (noong Nobyembre) na bunga ng pagsirit ng presyo ng langis, pagkain at iba pang saligang pangangailangan at mga serbisyo."

Palala nang palala ang kalagayan ng mga manggagawa sa ilalim ng rehimeng Marcos, lalupa't hindi pa ganap na nakababawi ang mga manggagawang Pilipino at masang anakpawis sa pagsadsad ng kanilang pamumuhay mula sa lockdown noong pandemyang Covid-19.

Ginunita ng PKP ang ika-55 anibersaryo nito noong Disyembre 26. Para bigyan ng pagkakataon ang mga Pulang mandirigma, rebolusyonaryong masa at mga tagasuporta na ipagdiwang ang okasyon, at bilang pakikiisa sa tradisyon ng

mamamayang Pilipino sa Pasko, nagdeklara ito ng 2-araw na tigil-putukan mula Disyembre 25 hanggang Disyembre 26.

## Sibilyang may kapansanan sa pag-iisip, pinatay ng 31st DRC sa Iloilo

Disyembre 27, 2023

Pinatay ng uhaw sa dugong mga pasista ng 31st Division Reconnaissance Company (DRC) ang may kapansanan sa pag-iisip na sibilyang si Bombik Bajoyo noong Disyembre 10 sa Sitio Tagbakan 1, Barangay Jayubo, Lambunao, Iloilo. Pinalalabas ng mga pasista na myembro ng Bagong Hukbong Bayan (BHB)-Central Panay si Bajoyo at na napatay siya sa isang engkwentro.

Tigas-mukhang nagpaabot ng pakikiramay si MGen. Marion R. Sison, kumader ng 3rd ID, sa pamilya ng biktima para pagtakpan ang katotohanan at karumal-dumal na krimen ng tropang pinamumunuan nito. Sinabi pa ni Sison na nakuha sa lugar ng "engkwentro" ang isang homemade shotgun.

Sa isang ulat ng lokal na midya, pinatunayan ng mga residente ng Sityo Jagnaya na sibilyan si Bajoyo at mayroon siyang diperensya sa pag-iisip. Posible umanong pinatay siya ng mga sundalo nang mapagkamalang Pulang mandirigma dahil sa mahabang buhok. Anim na taon nang nakatira sa Sityo Tagbakan ang biktima, ayon sa mga residente.

Ipinaskil naman sa social media ng kapatid ni Bajoyo ang panawagang hustisya para sa biktima. Aniya, sadyang lumayo sa mga kaanak ang biktima dahil sa takot na masaktan ang ibang tao sa panahong inaatake siya ng sakit. “Sana ma-clear na ang lahat na hindi po siya myembro ng NPA at sana maibalik ang nawala sa kanya,” pahayag ng kapatid.

Pinasinungalinan din ng BHB-Central Panay ang pahayag ni Sison. “Walang katotohanan ang pahayag ng militar na nagkaroon ng ikalawang engkwentro sa Sityo Tagbakan noong Disyembre 10 ng umaga,” pahayag ni Ka Siera Roja, media liaison officer ng yunit ng BHB.

Aniya, ang tanging engkwentrong naganap ay ang labanan ng BHB-Central Panay at yunit ng 82nd IB sa parehong sityo noong Disyembre 9 kung saan tatlong pasistang sundalo ng 82nd IB ang nasugatan.

Sa talaan ng Ang Bayan, hindi bababa sa 86 ang bilang ng biktima ng pampulitikang pamamaslang sa bansa ngayong 2023. Hindi bababa sa 60 sa mga biktima ay mga magsasakang pawang pinatay sa modus operandi ng AFP na mga pekeng engkwentro.

## 2 sibilyan, napatay ng 59th IB sa Batangas

Disyembre 28, 2023

Napatay ng pasistang mga sundalo ng 59th IB ang mga sibilyang sina Pretty Sheine Anacta, 19, at si

Rose Jane Agda, 30, sa walang habas na pamamaril nito sa Barangay Malalay, Balayan, Batangas noong Disyembre 17 nang madaling araw. Dumadalaw ang dalawa sa kanilang kaanak na Pulang mandirigma ng Bagong Hukbong Bayan (BHB) nang paslangin.

Sa naturang pag-atake ng militar, namartir din ang limang mandirigma ng BHB-Batangas. Isang mandirigmang sugatan ang dinakip at hanggang ngayon ay hindi pa inililitaw ng militar.

"Lubos na nakikiramay ang NPA-Batangas (Eduardo Dagli Command) sa pamilya ng mga pinaslang na sibilyan at mga kasamang Pulang mandirigma," pahayag ni Ka Gregorio Caraig, tagapagsalita ng BHB-Batangas.

Aniya, nagdadalamhati ang buong rebolusyonaryong kilusan sa prubinsya sa pagkawala ng mabubuting anak ng bayan. Gayunman, pahayag ni Ka Gregorio, "hindi tayo hihinto sa pagpupunyaging makamit ang rebolusyunaryong hustisya para sa mga pinaslang ng uhaw-sa-dugong militar."

Si Pretty Sheine ay nakababatang kapatid ni Precious Alyssa Anacta (Ka Komi), 26, isa sa mga namartir na Pulang mandirigma sa naturang labanan. Hipag naman ni Ka Komi si Rose Jane. Dumalaw ang dalawa kay Ka Komi nang paulanan sila ng bala ng militar.

Ayon sa nakalap na ulat ng BHB, hinimatay sa unang bugso ng pamamaril si Pretty Sheine. "Buhay siya, subalit tuluyang pinatay ng mga

berdugo. Upang palabasing Pulang mandirigma ang dalaga, tinamnan siya ng baril na M16," ayon kay Ka Gregorio.

Kasuklam-suklam naman ang sitwasyon ni Rose Jane nang makita ang bangkay niya sa punerarya kung saan nakababa ang pantalon nito, palatandaang pinagsamantalahan siya. Liban dito, naging pahirapan ang pagkuha ng mga bangkay ng mga napatay sa pamamaril ng militar.

Naabutan ng mga pamilya ng napaslang ang mga bangkay ng kanilang mga kaanak na basta lamang iniwan sa sahig ng pasilyo ng punerarya. Isa sa mga napaslang ang kaagad na inilibing nang di ipinaalam sa pamilya. Bantay-sarado ang naturang mga punerarya ng mga sundalo na humarang sa mga abugado at paralegal na kasama ng mga pamilya.

Ayon sa mga grupo sa karapatang-tao, ang ginawang paglapastangan ng militar sa labi ng mga napaslang ay labag sa mga internasyunal na makataong batas.

## 5 nabuwal na Pulang mandirigma ng BHB-Batangas, pinarangalan

Disyembre 28, 2023

Kinilala at pinarangalan ng Bagong Hukbong Bayan (BHB)-Batangas ang limang nabuwal na mandirigma sa pag-atake ng 59th IB noong Disyembre 17 sa Barangay Malalay, Balayan. Namartir sa naturang pag-atake sina Maria Jetruth Jolongbayan (Ka Orya), Alyssa Lemoncito

(Ka Ilaya), Precious Alyssa Anacta (Ka Komi), Joy Mercado (Ka Kyrie), at Leonardo Manahan (Ka Mendel). Binigyang-pugay din sila ng Komite ng Partido Komunista ng Pilipinas sa Southern Tagalog sa pahayag nito na inilathala sa Kalatas, rebolusyonaryong pahayagan sa rehiyon.

Napatay din sa pang-aatake ng militar ang mga sibilyang sina Pretty Sheine Anacta at Rose Jane Agda na noo'y bumibisita sa kaanak nilang Pulang mandirigma. Dinakip at hanggang ngayon ay di pa inililitaw ang isang sugatang mandirigma na si Baby Jane Orbe (Ka Binhi).

"Kasamang nagdadalamhati ng mga naulilang pamilya ang libu-libong magsasaka at mamamayan ng Batangas at rehiyong Southern Tagalog dahil sa pagkabuwal ng mabubuting anak ng bayan at magigiting na Pulang mandirigmang naglingkod hanggang sa kanilang huling hininga," ayon kay Ka Gregorio Caraig, tagapagsalita ng BHB-Batangas.

Ayon sa Komite ng Partido sa rehiyon, "ang kadakilaan ng kanilang buhay at pakikibaka na walang pag-iimbot na inialay sa pagsusulong ng dakilang bagong tipong pambansa-demokratikong rebolusyon hanggang sa kanilang huling hininga ay buong panahong alalahanin at magiging inspirasyon ng kasalukuyan at mga kasunod na henerasyon ng mga komunista't rebolusyonaryong Pilipino."

Pinatay na ang mga biktima, wala pang ipinakitang bahid ng awa at pagiging makatao ang 59th IB sa pagtrato sa kanilang mga bangkay,

ayon kay Ka Gregorio. “Matindi ang sinapit na pambababoy at paglapastangan sa mga labi ng mga mahal nating martir at kaanak na sibilyan sa kamay ng berdugong militar, laluna ang mga kakabaihan,” pahayag pa niya.

Ayon sa ulat na natanggap ng yunit, halos hindi na makilala ang pitong labi dahil wasak na ang kanilang mga mukha, inuuod at lumobo na ang kanilang mga katawan, at masangsang na ang amoy ng mga ito. “Hinayaan ng berdugong kaaway na mabilad sa araw ang mga labi at matagal na pinabayaan sa pinangyarihan ng labanan,” aniya. Lubhang malayo umano ito sa pinalalabas at ipinakitang larawan ng imbestigador.

Pahayag ni Ka Gregorio, bakas sa katawan ni Ka Orya ang hindi mabilang na bala na tumama sa kanyang ulo, leeg at tiyan, bukod pa ang mismong ipinutok sa kanyang mukha kaya ito ay wasak na wasak. Ganito rin ang hitsura ng mukha ni Ka Kyrie nang makita ng pamilya mula sa punerarya —bukod sa wasak na ang mukha, basag na ang ilong at parang may lason sa bibig. Mayroon ding malaking itim na pasa sa gitna ng mukha ni Ka Ilaya. Nakababa naman ang maong na pantalon ni Rose Jane, at malaki ang posibilidad na pinagsamantalahan pa ng mga berdugo.

“Tahasan at garapalang nilabag ng berdugong militar ang mga umiiral na internasyunal na makataong batas, mga alituntunin ng digma, at mga kasunduang pinirmahan kapwa ng Government of the Republic of the Philippines at

National Democratic Front of the Philippines," ayon kay Ka Gregorio.

## Nakakulong na mamamahayag sa Tacloban City, binisita ng NUJP-Leyte

Disyembre 28, 2023

Binisita ng National Union of Journalist of the Philippines (NUJP)-Leyte ang nakakulong na si Frenchie Mae Cumpio, mamamahayag ng alternatibong midya na Eastern Vista, noong Disyembre 27 sa Tacloban City Jail Female Dormitory. Bukod sa suportang moral at panawagang palayain si Cumpio, naghatid din ng pamasko o suportang materyal ang NUJP-Leyte sa kanya.

Liban kay Cumpio, naghatid din ng suporta ang NUJP-Leyte kay Marielle Domequil, myembro ng Rural Missionaries of the Philippines at Alexander Abinguna ng Katungod Sinirangan Bisayas, pawang mga nakakulong sa Tacloban City Jail. Ang tatlo ay kabilang sa tinaguriang Tacloban 5 na inaresto noong Pebrero 7, 2020. Tulad ng ibang aktibista, sinampahan din sila ng gawa-gawang kasong illegal possession of firearms.

Noong Hulyo 2021, sinampahan ng estado ng dagdag na kasong "financing terrorism" sina Cumpio at Domequil. Pinalalabas ng estado na ang pondong nasamsam mula sa kanila ay para umano sa mga operasyon ng Bagong Hukbong Bayan na pilit nitong binabansagan bilang "teroristang organisasyon."

Ayon sa NUJP-Leyte, ang suportang inihatid nila sa tatlo ay mula sa pagtutulungan ng ilang mga mamahayag na kasapi nila. Muling iginiit ng NUJP-Leyte ang pagbabasura sa kasong nakasampa sa tatlo at kagyat na pagpapapalaya sa kanila.

## Pag-ipit ng rehimeng US-Marcos sa kapital ng China, inalmahan ng lokal na burgesya-kumprador

Disyembre 28, 2023

Umalma si Teresita Sy-Coson, vice-chairperson ng SM Investment Corporation at isa sa pinakamalalaking burgesyang kumprador sa Pilipinas, sa aniya'y "antagonistikong pakikitungo" ng Pilipinas sa China.

Tinutukoy niya ang sunud-sunod na pagpuna ng gubyernong Marcos sa mga naging kumprontasyon ng mga barkong militar at coast guard ng China nitong mga nakaraang buwan. Naging masinsin ang mga misyong nagdadala ng suplay sa nabahurang barkong BSP Sierra Madre sa Ayungin Shoal sa tulak ng US na painitin ang sitwasyon sa rehiyon. Ang mga kumprontasyong ito, na sinasabayan ng mga pagpapalipad ng US ng mga eroplano at drone, ay nagpapalakas sa posibilidad ng pagsiklab ng armadong engkwentro sa karagatan.

"Napakalapit ng China sa atin, di tayo pwedeng maging sobrang antagonistiko," pahayag ni Sy sa isang artikulo ng magasing Bloomberg na inilathala noong Disyembre 14. Dapat umanong

siyasatin ng Pilipinas ang sarili nitong pusisyon. “Ayaw nating madawit sa tensyong US-China.” Dapat umanong maghanap ng paraan na makipagtagisan ang bansa sa “payapang paraan ng negosasyon” dahil “hindi natin mababago kung sino ang ating mga kapitbahay.”

Si Sy ang unang malaking burgesya-kumprador na hayagang nagsalita laban sa “agresibo” na pakikitungo ng rehimeng Marcos sa China, na kaiba sa nakayukong pakikitungo rito ng rehimeng Duterte. Isa ang kanilang pamilya sa lubos na nakinabang sa pagpasok ng kapital ng China sa Pilipinas sa panahong nakikipagsabwatan pa ang US dito para itulak ang lubos na pagbubukas ng lokal na ekonomya sa ngalan ng “malayang kalakalan” at iba pang mga patakarang neoliberal sa Pilipinas. Ngayong pinaiigting ng US ang panunulsol nito ng gera sa South China Sea, iniipit na nito ang daloy ng kapital at produktong Chinese na dati nitong hinikayat.

Ayon sa Komite Sentral ng PKP sa pahayag nito noong Disyembre 26, “ang tulak ng US na bagbagin ang China ay pag-atras mula sa matagal na panahon ng sabwatan ng dalawang imperyalistang kapangyarihan sa pagpapataw ng mga patakarang neoliberal sa Pilipinas mula dekada 1990.”

Mula dekada 1990, hinayaan ng US ang walang sagkang pagtatambak ng sarplas na kapital at produkto ang China sa Pilipinas. Mula sa milyun-milyon, lumaki tungong $2.5 trilyon ang direktang ipinamuhunan ng China sa Pilipinas sa loob ng mahigit dalawang dekada. Gayunpaman,

malayong maliit ito sa kumpara sa pamumuhunang ibinubuhos ng Japan, US at iba pang mas tradisyunal na mga "partner" ng Pilipinas sa ekonomya.

Mas malaki ang halaga at bolyum ng mga sarplas na produkto na pinayagang itambak ng China sa bansa. Mula 2000, taunang lumaki ang mga import ng 42%. Noong 2016, nalagpasan nito ang Japan bilang pinakamalaking trade partner ng Pilipinas. Sa ngayon, ito ang pinakamalaking pinagkukunan ng import ng Pilipinas, at pangalawang pinakamalaking merkado ng mga eksport nito. Ayon sa datos ng China, umabot sa $21.7 bilyong halaga ng mga produkto ang naeksport nito sa Pilipinas sa unang siyam na buwam pa lamang ng 2023. Isa sa produktong ito ang repinadong langis, na susi sa pagpapatakbo ng lokal na ekonomya.

Ayon pa sa KS, "nagamit ng oligarkiya sa pinansya ng China ang panahong ito para palawakin ang operasyong komersyal at pampinansya sa Pilipinas, kasama ng mga bangkong US at Japanese, at magpundar ng sarili nitong base sa hanay ng mga burgesyang kumprador at burukratang kapitalista."

Agresibong nagpalawak ng pamumuhunan ang China sa bansa sa panahon ng rehimeng Arroyo. Mula 2001-2010, pumasok ang Pilipinas sa 15 bilateral na kasunduan at 20 malalaking proyekto. Naudlot ang karamihan sa mga ito dulot ng matinding pag-aagawan sa mga kontrata ng mga burukrata-kapitalista. Isa rito ang kontratang pinasok ng rehimeng Arroyo sa ZTE para

maglatag ng imprastrukturang telekomunikasyon na natigil dahil sa pagkalantad ng matinding korapsyon rito ni Gloria Arroyo mismo. Sa panahong ito nabuo ang sosyohan ng China at ng mga kumpanya ni Enrique Razon para kontrolin ang National Grid Corporation of the Philippines. Kalaunan, ibinenta ni Razon ang kanyang mga sapi sa kumpanya sa pamilyang Sy, na siyang kasosyo ng China hanggang ngayon.

Nagpatuloy ang mga sosyohan ng pinakamalalaking burgesyang Pilipino at mga kumpanyang Chinese sa ilalim ni Benigno Aquino III. Ilan sa may pinakamalalaking pakinabang ay ang mga kumpanya ni Lucio Tan (Asia Brewery/ Philippine Airlines), Carlos Chan (Oishi/Liwayway), John Gokongwei (JG Summit Investments), Joey Antonio, Alfredo Yao (Zest Air/Zesto/Philippine Business Bank) at George Ty (Metrobank). Tulad ng gamit ng US sa iba't ibang kapunan ng komersyo, pinadaloy ng China ang puhunan nito sa Federation of Filipino-Chinese Chambers of Commerce & Industry, Inc. Binuhusan ng China ng kapital at mga kontrata ang naturang mga "taipan" para magpalawak ng negosyo hindi lamang sa loob ng bansa, kundi pati sa Beijing, Shanghai at iba pang malalaking syudad nito.

Samantala, matagalang naipundar ng China ang pamumuhunan sa masasaklaw na negosyo ng pamilyang Sy sa imprastruktura, enerhiya at pagbabangko. Kabilang sa sosyohan ng pamiyang Sy at ng estado at mga kumpanyang Chinese ang mga proyektong reklamasyon para maglatag ng

mga artipisyal na mga isla sa Manila Bay. Liban dito, mahigpit na nakaugnay ang negosyong retail at mga mall nito sa mga suplayer na Chinese.

Pinakalitaw at agresibo ang pagtutulak ng China sa panahon ni Rodrigo Duterte, kung saan lubos na nabiyayaan ang mga kroni niyang mga negosyanteng nakabase sa Davao. Pinakamalaki rito si Dennis Uy, na nakipagsosyo sa China sa tangka nitong magtayo ng imprastruktura para sa telekomunikasyon at lumamon ng maraming kumpanya sa maiksing panahon. Isa sa mga kumpanyang binili ni Uy noong 2016 ang 2GO Group Incorporated, kung saan kasosyo niya ang pamilyang Sy. (Ang mga Sy ang “banker” o tagapagbigay utang ni Uy.)

Kahit sa panahon ng rehimeng US-Marcos Jr, tuloy ang paghahabol ng lokal na burgesya sa kapital ng China. Noong Enero 2023, pumunta ng China si Ferdinand Marcos Jr, at nilagdaan ang 15 bilateral na kasunduan sa pagitan ng kanyang gubyerno at gubyernong Chinese.

Nagbago ang ihip ng hangin mula kalagitnaan ng 2023 kasabay ng pag-iibayo ng US sa panunulsol ng gera sa South China Sea.

Sa dikta ng US, kinansela ng gubyernong Marcos ang mga utang at kontrata ng gubyerno na pinopondohan ng China. Kabilang sa mga kinansela ang mga proyektong Philippine National Railways South Long Haul, Subic-Clark Railway at Mindanao Railway, pabor sa mga pautang mula sa World Bank and the Asian Development Bank. Tinutulak din ang pagkansela sa iba pang

proyektong pinopondohan ng China tulad ng Samal Island-Davao City Connector Project, Chico River Pump Irrigation Project, New Centennial Water Source (Kaliwa Dam Project), at mga proyektong CCTV (closed-circuit television) sa Marikina, Parañaque, Pasig, San Juan at Valenzuela, na karamiha'y kinontrata sa panahon ng nagdaang rehimeng Duterte. Ipinatigil din ng US ang mga proyektong reklamasyon sa Manila Bay na pinondohan ng China, laluna ang mga dikit sa embahada nito sa Roxas Blvd.

Isa sa pinakatinamaan ang kroni ni Duterte na si Uy, na tuluy-tuloy nang nalulugi bago pa man magtapos ang termino ni Duterte. Nasa proseso siya ngayon ng pagbebenta ng kanyang mga negosyo. Isa pang lubhang apektado ang pamilyang Gatchalian, na tinamaan ang proyektong reklamasyon na sosyohan nito sa isang kumpanyang Chinese na nasa "blacklist" ng US.

"Sa panggigipit ng akses sa kapital ng China, pinaliliit ng imperyalismong US ang pinaghahatiang pinansya ng mga naghaharing uri, na nagbubunsod ng tumitinding agawan ng magkakaribal na pangkatin," ayon pa sa KS.

## Sugatang Pulang mandirigma ng BHB-Batangas, ipinanawagang ilitaw

Disyembre 28, 2023

Higit 10 araw na ang nakalilipas, hindi pa rin inililitaw ng 59th IB ang sugatang Pulang mandirigma ng Bagong Hukbong Bayan (BHB)-Batangas na si Baby Jane Orbe (Ka Binhi). Naiulat

na nasugatan si Orbe sa pag-atake ng 59th IB sa Barangay Malala, Balayan, Batangas noong Disyembre 17.

Wala sa katayuang lumaban ang sugatang si Orbe. Sang-ayon sa mga panuntunan ng internasyunal na makataong batas, dapat kilalanin ang kanyang mga karapatan ng katunggaling armadong pwersa. Giit ng BHB-Batangas, tiyak silang nasa kamay ng 59th IB si Orbe.

Ayon pa sa BHB-Batangas, dapat siyang bigyan ng atensyong medikal sa isang ospital, pahintulutang mabisita ng mga kaanak at ng abugado na kanyang pinili para sa ligal na representasyon.

Labis na nangangamba ang BHB at kaanak ni Orbe sa kanyang kaligtasan dahil ang 59th IB ay kilalang talamak na lumalabag sa karapatang-tao at internasyunal na makataong batas.

Sa talaan ng Ang Bayan, may 56 kaso ng paglabag sa karapatang-tao sa Batangas sa nagdaang taon. Samantala, mayroon nang hindi bababa sa 13 desaparesido sa ilalim ng rehimeng US-Marcos sa kasalukuyan.

"Sa pamilya at mga kaibigan ni Orbe, at sa mga organisasyon ng karapatang-tao, kailangang palakasin ang panawagan na siya ay tratuhin nang akma batay sa internasyunal na makataong batas," ayon pa kay Ka Gregorio.

## Elemento ng CAFGU, inambus ng BHB-Central Negros

Disyembre 29, 2023

Tinambangan ng mga mandirigma ng Bagong Hukbong Bayan (BHB)-Central Negros ang sagadsaring kontra-mamamayan at kontra-rebolusyon na elemento ng CAFGU na si Sunnyboy Teves sa Sityo Tulingon, Barangay Binubohan, Guihulngan City, Negros Oriental noong Disyembre 27, alas-6:45 ng gabi. Sangkot si Teves sa maraming krimen sa mamamayan ng Central Negros.

"Nakumpiska ng BHB ang isang smartphone kay Teves na may laman na mahahalagang impormasyon kabilang na ang ilan pa nitong mga target," ayon kay Ka JB Regalado, tagapagsalita ng yunit ng BHB.

Si Teves ay kasapi na ng CAFGU simula pa 2011 at aktibong nag-uulat sa 62nd IB. Siya ay ipinakat ng militar sa detatsment ng CAFGU sa Barangay Sandayao, Guihulngan City. Imbwelto siya sa paniniktik sa masang magsasaka at rebolusyonaryong kilusan sa mga barangay ng Imelda, Binubuhan, Tacpao at Sandayao sa Guihulngan City.

Noong 2015, inimbitahan si Teves ng yunit ng BHB-Central Negros para bigyan ng babala at paliwanagan o kumbinsihin na itigil ang kanyang kontra-mamamayan na mga aktibidad. Sa halip na makipag-usap, hindi ito pinansin ni Teves at patuloy na naghasik ng takot sa mga komunidad.

"Inaatasan ng BHB-Central Negros ang lahat ng mga yunit sa ilalim nito na maglunsad ng mga taktikal na opensiba. Singilin ang 62nd IB at iba pang pasistang mga makinarya ng estsado sa

kanilang inutang na dugo sa mamamayan ng Central Negros," ayon kay Ka JB.

Sa pahayag ng Komite Sentral ng Partido Komunista ng Pilipinas sa okasyon ng ika-55 anibersaryo ng Partido, sinabi nito na bahagi ng mga tungkulin ng BHB ang pagpaparusa sa pinakapusakal na pasistang mga kriminal at ang mga masugid na traydor na tigmak sa dugo ng mamamayan, tulad ng inilunsad ng BHB-Central Negros.

Kaalinsabay nito, kinakailangan din umanong ilunsad ang batayan o anihilatibong taktikal na mga opensiba na kayang ipanalo; patamaan ang nahihiwalay at nakahiwalay na mga yunit ng kaaway; paglulunsad ng mga pakikidigmang aktibong pagdepensa at kampanyang gerilya; pagpapakilos sa regular na mga pwersang gerilya ng BHB at milisyang bayan; pagsasagawa ng malawakang atritibong pakikidigma; paglulunsad ng espesyal na mga operasyong partisano; at pagsasamsam ng mga armas para sa mga Pulang mandirigma.

## 3,000 tsuper, opereytor at komyuter, nagmartsa tungong Mendiola

Disyembre 30, 2023

Nagmartsa patungong Mendiola sa Maynila ang mahigit 3,000 maliliit na tsuper at opereytor ng dyip at kanilang mga pamilya, kasama ang iba pang demokratikong sektor, noong Disyembre 29. Iginiit nila sa rehimeng US-Marcos ang pagbabasura sa sapilitang konsolidasyon ng

prangkisa at dedlayn nito na Disyembre 31. Para sa mga tsuper at opereytor, usapin ito ng buhay at kamatayan, dahil dito nakasalalay ang kanilang kabuhayan.

Nagsimula ang buong-araw na kilos-protesta ng mga tsuper at opereytor, sa pangunguna ng Pagkakaisa ng mga Samahan ng Tsuper at Operator Nationwide (Piston) at Samahang Manibela Mananakay at nagka Isang Terminal ng Transportasyon (Manibela), sa pagtitipon sa University of the Philippines (UP) -Diliman, Quezon City noong umaga ng Disyembre 29. Nagsagawa ng isang pananalangin sa naturang pagtitipon.

Samantala, kasabay na inilunsad ng Starter-Piston at Manibela, panrehiyong balangay ng Piston at Manibela sa Southern Tagalog, ang isang protesta sa Land Transportation Franchising and Regulatory Board (LTFRB) Central Office sa East Avenue, Quezon City. Binato nila ng pulang pintura ang logo at harap ng upisina ng LTFRB bilang pagpapamalas ng kanilang labis na galit. Nagpaskil din sila ng larawan ng mukha ni Marcos, at mga upisyal nito sa tranportasyon, at pinagbabato rin ng pinturang pula.

Anila, hindi naging hadlang ang layo ng mga pinanggalingan dahil malinaw ang magagawa ng mas malawak na pagkakaisa at pagmartsa patungong Mendiola. Magkakasamang nagkaraban ang mga nagtipon sa UP Diliman at LTFRB, na sobra sa 300 dyip tungong Welcome Rotunda sa Quezon City, kung saan sinimulan ang martsa papuntang Mendiola.

Bagaman hinarang ng mga tuta at bayarang pulis ng rehimeng US-Marcos, naggiit ang mga tsuper at opereytor. “Sa dami ng mga tsuper at pamilyang kasama, na galit na galit kay BBM na minamasaker ang kanilang mga kabuhayan, ang tanong ay bakit ayaw niyo sila padaanin?” ayon pa sa isang nagprotesta.

Nang makarating sa Mendiola, naglunsad ng programa ang mga grupo at magkakasamang siningil ang rehimeng US-Marcos at mga kasosyong negosyante at dayuhang mga bangko sa pagmasaker sa kabuhayan at iginiit ang tuluyang pagbabasura sa kontra-mahirap at maka-dayuhang “PUV Modernization Program (PUVMP).” Nagbanta ang Manila Police District (MPD) ng marahas na dispersal sa pagkilos sa Mendiola. Sa pagsasara ng kanilang programa, simbolikong nagtirik ng mga kandila ang mga nagprotesta.

## DOTr, LTFRB, pinasasagot ng Korte Suprema sa petisyon ng mga tsuper

Disyembre 30, 2023

Inatasan noong Disyembre 28 ng Korte Suprema ang Department of Transportation (DOTr) at ang Land Transportation Franchising and Regulatory Board (LTFRB) na magkomento sa petisyong inihain ng Pagkakaisa ng mga Samahan ng Tsuper at Operator Nationwide (Piston) kontra sa pagpapatupad ng sapilitang konsolidasyon ng prangkisa at Public Utility Vehicle Modernization Program (PUVM).

Inihain ng Piston ang petisyon para sa certiorari at injunction noong Disyembre 20 na humihiling sa korte na maglabas ng temporary restraining order (TRO) o atas para pigilan ang pagpapatupad ng PUVMP, laluna ang sapilitang konsolidasyon, habang dinidinig ang petisyon.

Walang inilabas na TRO ang korte, at sa halip ay pinagkokomento ang DOTr at LTFRB sa loob ng 10 araw. Ayon sa Korte, dapat "personal na maghain" ng komento ang mga kinatawan ng ahensya.

Sa araw ding iyon, naghain ng karagdagang mosyon ang Piston, sa tulong ni Bayan Muna chairperson Atty. Neri Colmenares at mga abugado ng National Union of People's Lawyers-National Capital Region. Inihain nila sa Korte Suprema ang tinatawag na "Extremely Urgent Motion" para kagyat at mabilisang tugunan ang kanilang petisyon at hiling na TRO.

Ayon sa mosyon, dapat kagyat na tugunan ng korte ang petisyon para "pigilan ang malubha at hindi mapananauling pinsala na pagdurusahan ng mga nagpetisyon, mga drayber at opereytor ng dyip, kanilang pamilya, mga komyuter at ang publiko sa pangkalahatan."

Huling araw na sa Disyembre 31 ng pagpapatupad ng sapilitang konsolidasyon ng prangkisa. Ang mga tsuper at opereytor na hindi pumaloob o nagsumite ng papeles para dito ay hindi na papayagang makabyahe sa pagpasok ng 2024.

Tinatayang nasa 30,862 ng mga yunit ng dyip at 4,852 yunit ng UV Express ang hindi makapamamamasada sa National Capital Region (NCR) dahil hindi ito nagkonsolida. Mawawalan ng kabuhayan ang halos 64,000 na mga tsuper at 25,000 na mga opereytor sa NCR. Gutom ang idudulot nito sa halos 20,000 pamilya sa buong NCR.

Sa buong bansa, nasa 64,639 yunit ng PUV ang hindi nagkonsolida at mawawalan ng trabaho ang may 140,000 tsuper at 60,000 opereytor. Maaapektuhan nito ang 28.5 milyong pasahero.